Lungsod at County ng San Francisco
Departamento ng mga Eleksyon

# Pamplet ng Impormasyon para sa Botante

## Marso 5, 2024

## Pinagsamang Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo




**Malayo ang mararating ng boto mo!**
**Bago o sa araw ng eleksyon, ika’y bumoto.**

Para sa Halimbawang Balota ng eleksyong ito, mangyaring tingnan ang bersiyong Ingles nitong pamplet, na ipinadala sa lahat ng mga nakarehistrong botante. Kung gusto ninyo ng isa pang kopya ng bersiyong Ingles nitong pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 554-4310. Maaari din ninyong matingnan ang inyong Halimbawang Balota sa *sfelections.org*.

# Marso 5, 2024 Eleksyon

*Bumoto para makatulong sa pagdetermina sa kinabukasan ng inyong lungsod, estado, at bansa! Mangyaring paalalahanan ang inyong mga kaibigan at pamilya na gawin din ito.*

## Mga Highlight ng Eleksyon

- Makatatanggap ng mga balota ang lahat ng rehistradong botante sa pamamagitan ng koreo.
- Upang mabilang, ang mga balotang naibalik <u>sa pamamagitan ng koreo</u> ay kailangang naka-postmark hanggang sa Araw ng Eleksyon, Marso 5. Kailangang naihatid ang mga balotang ibinalik <u>nang personal</u> hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Marso 5.
- Sinasalamin ng mga labanan para sa Pagkapangulo at Sentral na Komite ng County na nakalista sa mga balota ang nakarehistrong kinakatigang politikal na partido ng botante. (Tingnan ang mga pahinang 4–6 ng Pamplet na ito para sa impormasyon kung paano makakuha ng ibang balota o sundan ang mga instruksiyon sa inyong pakete ng balota.)
- Maaaring bumoto o humingi ng tulong ang sinumang botante sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa kanilang lugar ng botohan.
- Maaaring makapag-access, maglagay ng marka, o magprint ang sinumang botante ng isang aksesibleng balota na kayang basahin ng screen sa *sfelections.org/access*.

## Mga Importanteng Petsa

### Pebrero 5

Mag-uumpisa ang panahon ng botohan sa pagpapadala ng balota sa koreo at sa pagbukas ng Sentro ng Botohan sa City Hall para sa pagpaparehistro at mga serbisyo sa pagboto. Mayroong 37 opisyal na kahon na hulugan ng balota na bukas sa mga komunidad sa buong San Francisco. Bukas ang Accessible Vote-by-Mail (AVBM) na portal sa *sfelections.org/access*.

### Pebrero 20

Huling araw upang magparehistro para bumoto o mag-update ng rehistrasyon sa oras nang sa gayon ay makatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo. Pagkatapos ng petsang ito, maaari pa ring magparehistro, mag-update ng rehistrasyon, at bumoto nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa isang lugar ng botohan ang mga elihibleng residente.

### Pebrero 24/25 at Marso 2/3

Bukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall sa dalawang weekend bago ang Araw ng Eleksyon mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.

### ★ Araw ng Eleksyon, Marso 5

**Bukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall at 501 lugar ng botohan sa mga komunidad mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.**

## Mag-sign up upang Maglingkod bilang isang Manggagawa sa Botohan!

Sa bawat eleksyon, nag-eempleyo kami ng higit sa 2,000 manggagawa sa botohan – maraming bilingguwal – para pangasiwaan ang pagboto sa mga lugar ng botohan ng lungsod sa Araw ng Eleksyon. Maaari kayong makatulong sa inyong komunidad at kumita ng hanggang $295! Para mag-apply, pumunta sa *sfelections.org/pwa* o tumawag sa (415) 554-4395.



# Talaan ng mga Nilalaman

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante – Pinagsamang Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo – Marso 5, 2024

## Pangkalahatang Impormasyon


Mahahalagang Petsa at Bagay Tungkol sa Eleksyon . . . . . . . . . . (loob ng harap na pabalat)
Sulat mula sa Direktor . . . . . . . . . . 2
Opisyal na Panlokal at Pang-Estadong mga Gabay sa Botante . . . . . . . . . . 3
Ang Ballot Simplification Committee . . . . . . . . . . 3
Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon) . . . . . . . . . . 3
Mga Primarya para sa Pagkapangulo sa California . . . . . . . . . . 4
Ang Inyong Marso 5 na Balota sa Eleksyon . . . . . . . . . . 5–6
Paano makakukuha ng bagong balota kapag nagkamali kayo . . . . . . . . . . 5–6
Pagmamarka sa Inyong Balota . . . . . . . . . . 5–6
Paraan ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo . . . . . . . . . . 8
Paraan ng Pagboto nang Personal . . . . . . . . . . 9
Sistema ng Pagboto sa San Francisco . . . . . . . . . . 9
Opisyal na mga Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco . . . . . . . . . . 10
Batas sa mga Karapatan ng Botante . . . . . . . . . . 13
Ang Inyong Record bilang Botante . . . . . . . . . . 13
Mga Mapagkukunan Kaugnay ng Aksesibleng Pagboto . . . . . . . . . . 14
Nangangailangan ang San Francisco ng mga Manggagawa sa Lugar ng Botohan . . . . . . . . . . 28
Tulong sa Wikang Filipino . . . . . . . . . . 29
Libreng mga Klase sa Ingles . . . . . . . . . . 29
Impormasyon Ukol sa mga Ipinagbabawal na Gawain sa Eleksyon . . . . . . . . . . 64
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro at Pagboto sa San Francisco . . . . . . . . . . 66
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro . . . . . . . . . . 66
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Paghahatid ng Balotang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo) . . . . . . . . . . 67
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagbalik ng Balotang Vote-By-Mail . . . . . . . . . . 67
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagboto nang Personal . . . . . . . . . . 68
**Worksheet ng Balota . . . . . . . . . . 71**
Magsilbi bilang Manggagawa sa Lugar ng Botohan . . . . . . . . . . (loob ng harap na pabalat)
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon . . . . . . . . . . (loob ng likod na pabalat)
Website ng Departamento ng mga Eleksyon . . . . . . . . . . (likod na pabalat)
Address ng Inyong Lugar ng Botohan . . . . . . . . . . (likod na pabalat)


## Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng mga Kandidato


Impormasyon Tungkol sa Kandidato . . . . . . . . . . 16
Mga Limit sa Boluntaryong Gastos . . . . . . . . . . 16
Mga Pag-endoso ng Partido sa mga Kandidato . . . . . . . . . . 17
Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos . . . . . . . . . . 18
Mga Kandidato para sa Senador ng Estado . . . . . . . . . . 23
Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado . . . . . . . . . . 24
Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg. 1 . . 26
Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg. 13 . 27



Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco
Inilathala ng Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634
**sfelections.org**

Mga Pagsasalin at layout/typesetting ng InterEthnica
Inilimbag ng Toppan Merrill LLC


**Mangyaring i-recycle ang pamplet na ito.**

## Mga Lokal na Panukalang-Batas sa Balota


Mga Salitang Kailangan Ninyong Malaman . . . . . . . . . . 30
Impormasyon tungkol sa mga Lokal na Panukalang-batas na nasa Balota at mga Argumento . . . . . . . . . . 33
Pangkalahatang Buod ng Utang ng San Francisco . . . . . . . . . . 34

**A Mga Bond (utang ng gobyerno) na para sa Abot-kayang Pabahay . . . 36**
Buod . . . . . . . . . . 36
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . 38

**B Mga Antas ng Pag-eempleyo sa mga Pulis na Nakabatay sa Pag-aamyenda ng Pagpopondo sa Buwis sa Kasalukuyan o sa Hinaharap . . . . . . . . . . 41**
Buod . . . . . . . . . . 41
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . 44

**C Hindi Pagkakasama sa Real Estate Transfer Tax (Buwis sa Paglilipat ng Ari-Arian) at Paglalaan ng Espasyong Pang-opisina . . . . . . . . . . 46**
Buod . . . . . . . . . . 46
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . 48

**D Mga Pagbabago sa Lokal na mga Batas ukol sa Ethics o Pagkakaroon ng Prinsipyo . . . . . . . . . . 50**
Buod . . . . . . . . . . 50
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . 52

**E Mga Polisiya at Patakaran ng Police Department (Departamento ng Pulisya) . . . . . . . . . . 54**
Buod . . . . . . . . . . 54
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . 56

**F Pag-eeksamen at Paggamot sa Pagkahumaling sa Hindi Legal na Droga at iba Pang Sangkap para sa mga Tumatanggap ng Tulong-Publiko mula sa Lungsod . . . . . . . . . . 58**
Buod . . . . . . . . . . 58
Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . . . . . . . . 60

**G Paghahandog ng Algebra 1 sa mga nasa Ikawalong Grado . . . . . . . 62**
Buod . . . . . . . . . . 62
Argumento ng May-Panukala . . . . . . . . . . 63


Kung may nalaman ang Departamento ng mga Eleksyon na anumang malaking kamalian sa aming parte matapos maipadala sa koreo ang pamplet na ito, maglalathala kami ng koreksiyon sa seksiyon ng mga Public Notice sa *San Francisco Examiner* sa Pebrero 21 at 22.

Bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas) para iatas na baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.

38-FI-M24-CP2

CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
DEPARTMENT OF ELECTIONS
John Arntz, Director

Minamahal na Botante ng San Francisco, Enero 10, 2024

Para sa lahat ng botante ng San Francisco, mapagkakatiwalaang makukuhanan ng impormasyon tungkol sa Marso 5, 2024 na Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo itong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante (Voter Information Pamphlet, VIP). Sa pamamagitan ng pagrerepaso sa VIP, mapag-aalaman ng mga botante kung maglalaman ang kanilang balota ng mga kandidato sa pagkapangulo at kung ano-ano ang mga opsiyon sa pagkuha ng balotang may listahan ng mga kandidato sa pagkapangulo. Nagbibigay din ang VIP ng kapaki-pakinabang na gabay sa pagsasaalang-alang kung paano bumoto sa mga lokal na panukalang-batas sa balota.

**Impormasyon ukol sa Pagboto sa mga Kandidato para sa Pagkapangulo**

Ang inyong rekord ng pagpaparehistro para sa botante ang tutukoy kung magkakaroon ng mga kandidato para sa pagkapangulo ang inyong balota. Kung may kinakatigan na kuwalipikadong politikal na partido sa inyong rekord ng pagpaparehistro, ililista ng inyong balota ang mga kandidato para sa pagkapangulo ng partidong iyon. Kung tumanggi kayong magpahayag ng pagkatig sa isang politikal na partido, hindi magpapakita ng mga kandidato para sa pagkapangulo ang inyong balota.

Maaaring i-update ng mga botante ang kanilang rekord ng pagpaparehistro online sa ***registertovote.ca.gov*** o sa pamamagitan ng papel na form sa pagpili ng kakatigang politikal na partido at sa gayon, makatanggap ng balota na may mga kandidato para sa pagkapangulo ng partidong iyon.

Ang mga botanteng walang kinakatigang partido ay mayroong mga karagdagang opsiyon para makatanggap ng balotang naglilista ng mga kandidato para sa pagkapangulo ng alinman sa partidong Amerikanong Independiyente, Demokratiko, o Libertaryan. Kailangang humiling ang mga botante ng kadalasang tinatawag na "cross-over na balota" mula sa Departamento. Kasama sa VIP ang mga detalye sa mga opsiyon ng botante para makatanggap ng cross-over na balota, pati na rin ang website ng Departamento sa ***sfelections.org/primary***.

Anuman ang inyong kinakatigang partido, inililista ng inyong balota ang mga labanan para sa Senador ng U.S., Kinatawan ng U.S., Senador ng Estado, Miyembro ng Asembleya ng Estado, Mga Hukom ng Korte Superyor, at pang-estado at lokal na mga panukalang batas.

**Impormasyon ukol sa mga Lokal na Panukalang-Batas**

Lilitaw ang mga digest, o maiikling buod, ng bawat lokal na balota sa mga seksiyon na espesipiko para sa bawat panukalang-batas. Ang mga digest ay sinuri at inaprubahan na ng grupong pinangalanang Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota). Ang Komite ay grupo ng mga boluntaryo na may propesyonal na karanasan sa pagsusulat o pagtuturo na kailangang gumamit ng lengguwahe na malinaw ang pagkakasaad at walang kinikilingan.

Naglalaman din ang bawat VIP ng lehislatibo o legal na teksto na kaugnay ng bawat lokal na panukalang-batas. Ang ibig sabihin nito, maaaring basahin ng mga botante para sa sarili kung paano babaguhin ng mga panukala ang lokal na mga batas kung makatanggap ang mga ito ng kinakailangang bilang ng mga boto.

Naglalaman din ang VIP ng "mga argumento" na isinulat ng ibang mga botante ng San Francisco at organisasyon. Pinapayagan ng bawat panukala ang isang opisyal na argumentong sumusuporta at isang opisyal na argumentong kumokontra, na may kasamang mga argumentong tumutugon. Naglalaman din ang VIP ng "mga argumentong binayaran ang paglilimbag (paid arguments)," na para sa at laban sa mga panukulang-batas, at maaaring isumite ng sinumang botante ng San Francisco kung magbabayad ng espesipikong mga singil.

**Impormasyon ukol sa mga Kandidato**

Maaari ninyong suriin ang mga pahayag ng kuwalipikasyon ng mga kandidato na nakaprint sa VIP at direktang isinusumite sa Departamento ng karamihan sa mga kandidatong pampederal, pang-estado, at pang-hukuman. Gayunpaman, hindi nagbibigay ng mga pahayag ng kuwalipikasyon ang VIP mula sa mga kandidato para sa sentral na mga komite ng county. Hindi maituturing na mga katungkulang inihahalal ang mga puwesto sa mga komite at sa halip ay tinutukoy nito ang pamumuno ng politikal na partido sa lokal na antas.

**Impormasyon ukol sa Pagboto**

Nagbibigay sa mga botante ang website ng Departamento ng maaasahang impormasyon sa pagboto. Upang malaman pa ang tungkol sa pagboto para sa paparating na primaryang eleksyon, bumisita sa ***sfelections.org/primary***. Nagbibigay din ang aming website ng kasangkapan na tinatawag na "Voter Portal," na gumagabay sa mga botante sa pamamagitan ng madaling paraan ng pagtingin sa kanilang kinakatigang partido, katayuan ng vote-by-mail na balota, lokasyon ng inyong lugar ng botohan at mga kahon na hulugan ng balota, at marami pang impormasyon tungkol sa eleksyon na makikita sa ***sfelections.org/voterportal***.

Maaari niyo rin kaming padalhan ng email sa **sfvote@sfgov.org**, o tumawag sa amin sa (415) 554-4310. Kung sumulat o tumawag kayo, may isang tao mula sa Departamento ang personal na tutugon sa inyong mga katanungan at alalahanin. Handa ang aming mga kawani na sumagot sa inyong mga katanungan at magbigay ng impormasyong may kaugnayan sa eleksyon sa wikang Ingles, Tsino, Espanyol, at Filipino, gayundin sa daan-daang iba pang wika sa pamamagitan ng serbisyong pagsasalin sa telepono.

Inaasahan ng lahat sa Departamento ang pagbibigay sa inyo ng suporta at impormasyong kailangan ninyo upang tagumpay na makasali sa darating na Marso 5, 2024, ang Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo!

Lubos na gumagalang,
John Arntz, Direktor

English (415) 554-4375
Fax (415) 554-7344
TTY (415) 554-4386

sfelections.org
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48, San Francisco, CA 94102

中文 (415) 554-4367
Español (415) 554-4366
Filipino (415) 554-4310

# Opisyal na Panlokal at Pang-Estadong mga Gabay sa Botante

Sa simula ng bawat panahon sa pagboto, makakukuha ang lahat ng lokal na botante ng isang *Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Halimbawang Balota*. Sa mga pang-estadong eleksyon, makakukuha rin sila ng isang *Patnubay na Impormasyon para sa Botante*. Narito kung paano sila nahahambing:

| | Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante | Ang Gabay na Impormasyon para sa Botante |
|---|---|---|
| **Pinagmulan ng lathala** | Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco | Kalihim ng Estado ng California |
| **Mga Paksa sa Gabay** | Rehistrasyon at mga paraan sa pagboto, mga lokal na paligsahan sa balota | Rehistrasyon at mga paraan sa pagboto, mga pang-estadong labanan sa balota |
| **Halimbawang Balota** | Kasama sa Pamplet sa Ingles | Hindi kasama |
| **Mga Opsiyon sa Wika** | Ingles, Tsino, Espanyol, at Filipino | Ingles, Espanyol, Tsino, Hindi, Hapones, Khmer, Koreano, Tagalog, Thai, Vietnamese |
| **Mga Opsiyon sa Format** | • Regular/malaki ang pagkakaimprenta<br>• Audio sa Ingles sa CD, USB, o kapag hiniling, sa National Library Service cartridge<br>• PDF/HTML/XML/MP3 sa Ingles sa *sfelections.org/vip* | • Regular/malaki ang pagkakaimprenta<br>• (record ng) Audio/PDF/American Sign Language (video) sa *voterguide.sos.ca.gov* |

# Ang Komite para Gawing Mas Simple ang Balota

Nilikha ng mga lokal na botante ang komiteng ito noong 1997. Nagsasagawa ng mga pampublikong pagpupulong ang Komite bago ang bawat eleksyon. Sa mga pagpupulong na ito, ibinubuod ng mga boluntaryong miyembro ang teksto ng mga lokal na panukala sa balota. Naka-print sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ang mga buod na ito. Isinusulat din nila ang *Mga Salitang Kailangan Ninyong Malaman* at ang *Mga Madalas Itanong* para sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Ang mga kasalukuyang miyembro ng Komiteng ito ay kinabibilangan nina:

**Betty Packard**, (Tagapangulo)
Nominado ng National Academy of Television Arts and Sciences (Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)

**Ruth Grace Wong**
Nominado ng League of Women Voters (Liga ng mga Kababaihang Botante)

**Christine Unruh**
Nominado ng National Academy of Television Arts and Sciences (Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)

**Michele Anderson**
Nominado ng Pacific Media Workers Guild (Samahan ng mga Manggagawa sa Media sa Pacific)

**Ana Flores**, ex officio*
Deputy City Attorney (Katuwang na Abugado ng Lungsod)

**Jaime Huling Delaye**, ex officio*
Deputy City Attorney (Katuwang na Abugado ng Lungsod)

**Bradley Russi**, ex officio*
Deputy City Attorney (Katuwang na Abugado ng Lungsod)

*Ayon sa batas, maaaring magsalita ang Abugado ng Lungsod sa mga pagpupulong ng Komite ngunit hindi maaaring bumoto.

# Komisyon para sa mga Eleksyon

Nilikha ng mga lokal na botante ang Komisyong ito noong 2001. Ang Komisyon ang nangangasiwa ng mga pampublikong eleksyon sa San Francisco at nagtatakda ng mga pangkalahatang polisiya para sa Departamento ng mga Eleksyon. Inaaprubahan at tinatasa rin nito ang aming mga pang-eleksyong plano para sa bawat eleksyon. Ang mga kasalukuyang miyembro ng Komiteng ito ay kinabibilangan nina:

**Robin M. Stone**, Presidente
Itinalaga ng District Attorney (Abugado ng Distrito)

**Michelle Parker**, Bise Presidente
Itinalaga ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

**Lucy Bernholz**
Itinalaga ng Treasurer (Tesorero)

**Cynthia Dai**
Itinalaga ng City Attorney (Abugado ng Lungsod)

**Renita LiVolsi**
Itinalaga ng Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)

**Christopher Jerdonek** (Nagpatuloy sa katungkulan)
Itinalaga ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Bakante
Itinalaga ng Mayor

# Mga Primarya para sa Pagkapangulo sa California

Mayroong anim na kuwalipikadong politikal na partido sa California: ang mga partidong Amerikanong Independiyente, Demokratiko, Luntian, Libertaryan, Kapayapaan at Kalayaan, at Republikano. Lahat ng anim na partido ay mangangasiwa ng kanilang mga primarya para sa pagkapangulo sa Marso 5, 2024.

Pinahihintulutan ng bawat politikal na partido na bumoto sa kanilang labanan sa primarya para sa pagkapangulo ang mga botanteng naghayag ng pagkatig sa partidong iyon sa kanilang form sa pagpaparehistro.

Pinahihintulutan din ng mga partidong Amerikanong Independiyente, Demokratiko, at Libertaryan na bumoto sa kanilang labanan sa primarya para sa pagkapangulo ang mga botante na tumangging magbigay ng kinakatigang politikal na partido.

## Epekto ng Kinakatigang Partido sa mga Labanan sa Balota para sa Marso 5 na Eleksyon

**Kung nagparehistro kayo para bumoto nang may pagkatig sa isang politikal na partido,** awtomatiko kayong makatatanggap ng isang balota na mayroong mga kandidato sa primarya para sa pagkapangulo ng partidong iyon at mga kandidato para sa Sentral na Komite ng County, kung mayroon man. Upang makatanggap ng balota ng ibang partido sa eleksyong ito, kailangan ninyong magparehistrong muli para bumoto na may bagong kinakatigang partido.

**Kung tumanggi kayong magbigay ng pagkatig para sa isang politikal na partido o nagparehistro kayo sa isang hindi kuwalipikadong politikal na partido,** hindi maglilista ng mga kandidato sa primarya para sa pagkapangulo o ng Sentral na Komite ng County ang inyong default na balota. Upang makatanggap ng ibang balota sa eleksyong ito, maaari ninyong gawin ang alinman sa mga sumusunod:

- Humiling ng isang balota na may mga kandidato para sa pagkapangulo ng mga partidong Amerikanong Independiyente, Demokratiko, o Libertaryan
- Muling magparehistro nang may kuwalipikado na kinakatigang politikal na partido para makatanggap ng balota na mayroong mga kandidato sa primarya para sa pagkapangulo ng partidong iyon at mga kandidato para sa Sentral na Komite ng County, kung mayroon man.

### Ang inyong Marso 5 na balota, anuman ang inyong kinakatigang partido, ay maglilista ng mga sumusunod na labanan:

- Senador ng U.S. (buong termino na magsisimula sa Enero 3, 2025, hanggang Enero 3, 2031)
- Senador ng U.S. (natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 3, 2025)
- Kinatawan ng U.S., Distrito 11 o 15
- Senador ng Estado, Distrito 11
- Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17 o 19
- Hukom ng Korte Superyor, Puwesto 1 at 13
- 1 Pang-estado na Panukalang Batas sa Balota
- 7 Lokal na Panukalang Batas sa Balota

| Kung nakarehistro kayo na may pagkatig sa ... | maglilista din ang inyong Marso 5 na balota ng: |
|---|---|
| Partido Demokratiko | • Mga kandidato para sa Pagkapangulo ng Demokratiko<br>• Mga kandidato para sa Sentral na Komite ng County ng Demokratiko |
| Partido Republikano | • Mga kandidato para sa Pagkapangulo ng Republikano<br>• Mga kandidato para sa Sentral na Komite ng County ng Republikano |
| Partido Amerikanong Independiyente* | • Mga kandidato para sa Pagkapangulo ng Amerikanong Independiyente |
| Partido Luntian* | • Mga kandidato para sa Pagkapangulo ng Luntian |
| Partido Libertaryan* | • Mga kandidato para sa Pagkapangulo ng Libertaryan |
| Partido Kapayapaan at Kalayaan* | • Mga kandidato para sa Pagkapangulo ng Kapayapaan at Kalayaan |
| Walang Partido o Isang Hindi Kuwalipikadong Partido | • Walang mga kandidato para sa pagkapangulo, maliban na lamang kung humiling kayo ng isang balota na may mga kandidato para sa Pagkapangulo ng mga partidong Amerikanong Independiyente, Demokratiko, o Libertaryan<br>• Walang mga kandidato para sa Sentral na Komite ng County |

**Ang Marso 5 na mga balota para sa mga botanteng nakarehistro nang may pagkatig sa mga partidong Amerikanong Independiyente, Luntian, Libertaryan, o Kapayapaan at Kalayaan ay hindi maglalaman ng labanan para sa sentral na komite ng county o konseho sa county. Ang mga gayong labanan ay hindi lilitaw sa mga balotang ito dahil higit ang bilang ng mga puwesto sa bilang ng mga kandidato o dahil pinili ng partido na mangasiwa ng mga pagpupulong sa halip na gumamit ng isang pampublikong balota.*

# Ang Inyong Marso 5 na Balota sa Eleksyon

## (para sa mga botanteng nakarehistro nang may kuwalipikadong politikal na partido)

Sinasaad ng inyong record bilang botante na kayo ay nakarehistro para bumoto nang may pagkatig sa isa sa mga kuwalipikadong politikal na partido. Maglilista ang inyong balota ng labanan sa primarya para sa pagkapangulo at sentral na komite ng county, kung mayroon man, ng politikal na partidong pinili ninyo noong kayo ay nagparehistro para bumoto.

## Gusto ba ninyong makatanggap ng ibang balota?

Kung gusto ninyong bumoto sa mga kandidato para sa pagkapangulo ng ibang partido, kailangan ninyong muling magparehistro nang may pagkatig sa partidong iyon.

Pebrero 20, 2024 ang huling araw para muling magparehistro na napapanahon para makatanggap sa koreo ng ibang balota na nagpapakita ng inyong bagong kinakatigang partido. Maaari kayong magparehistrong muli online sa *registertovote.ca.gov* o gamit ang isang papel na form sa pagpaparehistro.

Hanggang sa Araw ng Eleksyon, Marso 5, maaari ninyong palitan ang inyong kinakatigang partido at makatanggap ng ibang balota nang personal sa kahit saang lugar ng botohan.

## Kailangan ba ninyong humiling ng pamalit na balota?

Kung nagkamali kayo habang minamarkahan ang inyong opisyal na balota, maaari kayong humiling ng pamalit sa *sfelections.org/voterportal*, sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 554-4310, o pagtatanong sa isang manggagawa sa botohan o kinatawan sa Sentro ng Botohan.

## Mga hakbang sa pagmarka ng inyong balota

1. Bago kayo maglagay ng marka sa anumang labanan, suriin ang mga instruksiyon na naka-print sa bawat kard ng balota.
2. Upang matiyak na ang inyong mga pagpili ay mababasa o mabibilang, gumamit ng lapis, o panulat na may itim o asul na tinta.
3. Punan ang oval sa kanan ng inyong napili para sa labanan o panukalang batas.
4. Kung ayaw ninyong bumoto sa isang labanan o panukala, iwan lamang ito na blangko. Mabibilang pa rin ang inyong mga boto para sa ibang labanan at panukalang batas.
5. Kung nais ninyong bumoto para sa isang kuwalipikadong kandidato na isinusulat lamang*, isulat ang pangalan ng kandidato sa espasyo sa dulo ng listahan ng kandidato at punan ang oval sa tabi ng espasyo.

**Ang isang kuwalipikadong isinusulat lamang na kandidato ay isang indibidwal na nagsumite ng kinakailangang dokumento sa pagtakbo para sa isang katungkulan, ngunit hindi nakalitaw ang pangalan niya sa balota. Matatagpuan ang listahan ng mga kuwalipikadong kandidato na isinusulat lamang sa sfelections.org/writein at sa Sentro ng Botohan sa City Hall simula Pebrero 23, 2024 pati na rin sa lahat ng lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, Marso 5, 2024.*

# Ang Inyong Marso 5 na Balota sa Eleksyon

## (para sa mga botanteng nakarehistro nang walang kinakatigang partido o may pagkatig para sa isang hindi kuwalipikadong partido)

Sinasaad ng inyong record bilang botante na kayo ay nakarehistro para bumoto nang walang kinakatigang partido o may pagkatig para sa isang hindi kuwalipikadong politikal na partido. Hindi maglilista ang inyong balota ng labanan para sa pagkapangulo, maliban na lamang kung gagawa kayo ng aksyon upang makatanggap ng ibang balota.

## Upang makatanggap ng ibang balota, maaari kayong:

1. **Humiling ng isang balota na may mga kandidato para sa pagkapangulo** ng mga partidong Amerikanong Independiyente, Demokratiko, o Libertaryan. Mayroong ilang mga paraan upang gawin ang kahilingang ito:
   - Mag-log in sa *sfelections.org/voterportal*
   - Gamitin ang form na makikita sa *sfelections.org/ballotrequest*
   - Gamitin ang form na makikita sa likod na pabalat ng Pamplet na ito
   - Tumawag sa (415) 554-4310
   - I-text ang "START" sa (415) 941-5495 kasunod ang inyong pangalan, petsa ng kapanganakan, at kahilingan sa balota
   - I-access ang inyong balota sa *sfelections.org/access*, o
   - Humiling ng inyong balota nang personal sa lugar ng botohan
2. **Magparehistro nang may kinakatigan na anumang kuwalipikadong politikal na partido** upang makatanggap ng isang balota na may mga kandidato para sa pagkapangulo at mga kandidato ng Sentral na Komite ng County, kung mayroon man.

Pebrero 20, 2024 ang huling araw para muling magparehistro na napapanahon para makatanggap sa koreo ng balota na nagpapakita ng inyong bagong kinakatigang partido. Maaari kayong magparehistrong muli online sa *registertovote.ca.gov* o gamit ang isang papel na form sa pagpaparehistro.

Hanggang sa Araw ng Eleksyon, Marso 5, maaari ninyong palitan ang inyong kinakatigang partido at makatanggap ng ibang balota nang personal sa kahit saang lugar ng botohan.

**Tandaan: Kung nakahiling na ng balota na may mga kandidato para sa pagkapangulo o nagparehistro nang muli upang bumoto nang may kinakatigan na kuwalipikadong politikal na partido, wala na kayong kailangan pang gawin. Maaari ninyong subaybayan ang inyong bagong balota sa *sfelections.org/voterportal* o sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 554-4310.**

## Kailangan ba ninyong humiling ng pamalit na balota?

Kung kayo ay nagkamali habang minamarkahan ang inyong opisyal na balota, maaari kayong humiling ng pamalit sa *sfelections.org/voterportal*, sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 554-4310, o pagtatanong sa isang manggagawa sa botohan o kinatawan sa Sentro ng Botohan.

## Mga hakbang sa pagmarka ng inyong balota

1. Bago kayo maglagay ng marka sa anumang labanan, suriin ang mga instruksiyon na naka-print sa bawat kard ng balota.
2. Upang matiyak na ang inyong mga pagpili ay mababasa at mabibilang, gumamit ng lapis, o panulat na may itim o asul na tinta.
3. Punan ang oval sa kanan ng inyong pagpili para sa labanan o panukalang batas.
4. Kung ayaw ninyong bumoto sa isang labanan o panukala, iwan lamang ito na blangko. Mabibilang pa rin ang inyong mga boto para sa ibang labanan at panukalang batas.
5. Kung nais ninyong bumoto para sa isang kuwalipikadong kandidato na isinusulat lamang*, isulat ang pangalan ng kandidato sa espasyo sa dulo ng listahan ng kandidato at punan ang oval sa tabi ng espasyo.

**Ang isang kuwalipikadong isinusulat lamang na kandidato ay isang indibidwal na nagsumite ng kinakailangang dokumento sa pagtakbo para sa isang katungkulan, ngunit hindi nakalitaw ang pangalan niya sa balota. Matatagpuan ang listahan ng mga kuwalipikadong kandidato na isinusulat lamang sa sfelections.org/writein at sa Sentro ng Botohan sa City Hall simula Pebrero 23, 2024 pati na rin sa lahat ng lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, Marso 5, 2024.*



## Hindi makapunta sa mga lugar ng botohan?

## Nasa ospital o pasilidad ng pangangalaga sa Kalusugan?

## Kailangan ng tulong sa pagbalik ng inyong balota?

Kung kayo o may kilala kayong hindi makaalis ng kanilang tahanan o nasa ospital at kailangan ng tulong sa pagboto, maaaring makapagbigay ang Departamento ng mga Eleksyon ng personal na pagdeliver ng balota at/o serbisyo sa pagpick-up. Upang hilingin ang serbisyong ito, mangyaring tumawag sa **(415) 554-4310** o mag-email sa **ballotdelivery@sfgov.org**.

# Mga Paraan sa Pagboto

## Mayroong dalawang paraan sa pagboto sa pamamagitan ng koreo:

### Balota sa Koreo

☑ **Gamitin ang balota na ipadadala namin sa inyo sa koreo**

Tinatayang isang buwan bago ang Araw ng Eleksyon, magpapadala ang Departamento ng mga Eleksyon sa pamamagitan ng koreo ng mga pakete ng balota sa lahat ng lokal na botante. Maglalaman ang bawat pakete ng isang opisyal na balota, pambalik na sobre na bayad na ang selyo, mga instruksiyon sa pagboto at isang "Bumoto Ako" na sticker. Maaari ninyong markahan at ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo o nang personal. Para ibalik ang inyong balota, sundin ang apat na mga hakbang na ito:

1. **Markahan ang inyong balota**
   Gumawa ng mga pagpili pagkatapos basahin ang mga instruksiyon sa bawat card ng balota.
2. **Isilid sa loob ang inyong balota**
   Tanggalin ang mga resibo, tupiin ang bawat card, at ilagay ang mga ito sa loob ng pambalik na sobre.
3. **Ihanda ang inyong sobre**
   Kumpletuhin at pirmahan ang bahagi para sa botante ng pambalik na sobre, pagkatapos ay iselyo ito.
4. **Ibalik ang inyong balota**
   Kumpletuhin at pirmahan ang bahagi para sa botante ng pambalik na sobre, pagkatapos ay iselyo ito.

### Aksesibleng Balota

☑ **Pumunta sa *sfelections.org/access* para makakuha ng isang aksesibleng balota**

29 na araw bago ang Araw ng Eleksyon, bubuksan namin ang portal ng Aksesibleng Vote-By-Mail. Dito, maaari ninyong gamitin ang isang screen-reader, head-pointer, sip and puff, o katulad na kagamitan para markahan ang inyong balota. Para sa seguridad, hindi ninyo maaaring ibalik ang inyong balota online. Kailangan ninyo itong i-print at ibalik sa pamamagitan ng koreo o nang personal. Para ibalik ang inyong balota, sundin ang apat na mga hakbang na ito:

1. **Markahan ang inyong balota**
   Gumawa ng mga pagpili pagkatapos basahin ang lahat ng mga instruksiyon online.
2. **Isilid sa loob ang inyong balota**
   Sundin ang mga prompt sa pag-print ng inyong balota at ilagay ito sa loob ng pambalik na sobre.
3. **Ihanda ang inyong sobre**
   Kumpletuhin at pirmahan ang bahagi para sa botante ng pambalik na sobre, pagkatapos ay iselyo ito.
4. **Ibalik ang inyong balota**
   Kumpletuhin at pirmahan ang bahagi para sa botante ng pambalik na sobre, pagkatapos ay iselyo ito.

**Maaari lamang naming bilangin ang inyong balota kung ibabalik ninyo ito nang hindi lalampas sa Araw ng Eleksyon, Marso 5, 2024!**

### Narito ang mga mahahalagang bagay na dapat tandaan:

- Kung ibabalik ninyo ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo sa Araw ng Eleksyon, kailangan ninyong tiyakin na ang huling oras ng pag-pickup na nasa mailbox ay bago ang pagsasara ng botohan nang 8 p.m.
- Kung ibabalik ninyo ang inyong balota sa isang lugar ng botohan, sa Sentro ng Botohan sa City Hall, o sa isang kahon na hulugan ng balota sa Araw ng Eleksyon, kailangan ninyo itong gawin bago ang pagsasara ng botohan nang 8 p.m.
  - Makikita ninyo ang listahan ng mga lugar ng botohan ng lungsod sa *sfelections.org/myvotinglocation*.
  - Makikita ninyo ang mapa ng mga lokal na kahon na hulugan ng balota sa *sfelections.org/ballotdropoff* o sa pahina 10 ng pamplet na ito.
- Maaari ninyong subaybayan ang inyong balota sa paglalakbay nito papunta sa inyo at pabalik sa Departamento ng mga Eleksyon. Pumunta sa *sfelections.org/voterportal* para tingnan kung nasaan ito at kung nabilang na ba namin ito. O mag-sign up para sa mga notipikasyon sa pagsubaybay sa *wheresmyballot.sos.ca.gov*.
- Maaari kayong humiling ng pamalit na balota sa koreo. Kapag hindi ninyo natanggap, nawala, nasira, o maling pagkakamarka ang inyong orihinal na balota, maaari kayong humiling ng kapalit. Tumawag sa amin sa (415) 554-4310 o pumunta sa *sfelections.org/voterportal* nang hindi lalampas ng 7 araw bago ang Araw ng Eleksyon para gawin ang kahilingang ito. Maaari rin ninyong piliin na bumoto nang personal. (Kung, pagkatapos naming ipadala sa koreo ang inyong balota, mag-update kayo ng inyong address ng tirahan o pang-koreo o ang inyong partido o pinapaborang wika, awtomatiko namin kayong padadalhan ng kapalit.)

## Mayroong dalawang paraan sa pagboto nang personal:

### Bumoto sa Sentro ng Botohan sa City Hall

Simula Pebrero 5, maaaring bumoto ang sinumang lokal na botante sa Sentro ng Botohan sa City Hall. Magbubukas ang Sentro ng Botohan 8 a.m. hanggang 5 p.m. Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng Pebrero 5 at Marso 4 (maliban sa Pebrero 19 holiday). Magbubukas din ang Sentro ng Botohan 10 a.m. hanggang 4 p.m. sa mga weekend ng Pebrero 24–25 at Marso 2–3. Sa Araw ng Eleksyon, Marso 5, magbubukas ito 7 a.m. hanggang 8 p.m.

### Bumoto sa itinalaga sa inyong lugar ng botohan

Sa Araw ng Eleksyon, bukas ang 501 na lugar ng botohan sa pagitan ng 7 a.m. at 8 p.m. Mahalagang bumoto kayo sa itinalaga sa inyong lugar ng botohan.

Ang inyong pangalan ay makikita lamang sa listahan ng mga botante sa itinalaga sa inyong lugar ng botohan. Kung sa halip ay pumunta kayo sa ibang lugar ng botohan, ang inyong pangalan ay wala sa listahan. Maaari pa rin kayong bumoto roon gamit ang probisyonal na balota, pero maaaring hindi nito malilista ang lahat ng mga labanan gaya ng sa balota ninyo sa inyong nakatalagang lugar ng botohan.

Hanapin ang inyong nakatalagang lugar ng botohan sa likod na pabalat ng pamplet na ito o sa *sfelections.org/myvotinglocation*.


# Sistema ng Pagboto sa San Francisco

## Narito ang ilang mga bagay tungkol sa sistema sa pagboto:

- ☑ Minamarkahan ng mga botante ang kanilang balota sa pamamagitan ng **pagpuno sa mga oval** sa tabi ng kanilang mga pinili.
- ☑ Mayroong **mga machine sa pag-scan ng mga balota** ang lahat ng mga lugar ng botohan. Mayroon ding mga kagamitan sa pagmarka ng balota na may touchscreen at audio na mga balota.
- ☑ **Sinusuri** ng Departamento ng mga Eleksyon **ang lahat ng mga kagamitan sa pagboto** bago ang bawat eleksyon. Tinitiyak nito na gumagana nang tama ang lahat ng mga kagamitan at naglalabas ng mga wastong resulta. Maaaring obserbahan ng kahit na sino ang pagsusuring ito.
- ☑ **Hindi konektado ang sistema sa pagboto sa internet** o alinmang network ng computer.

# Opisyal na mga Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco

Simula sa Pebrero 5, maaari ninyong ihulog ang inyong balota sa alinman sa 37 opisyal na kahon na hulugan ng Lungsod. Pinapakita ng bawat kahon na hulugan ang selyo ng Lungsod at ang bandera ng Amerika, aksesible ito at nasa labas, at bukas nang 24/7 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Marso 5.



| Distritong Pinamamahalaan ng mga Superbisor | Kahon na Hulugan ng Balota | Lokasyon | Address |
|---|---|---|---|
| 1 | 1 | Cabrillo Playground | 853 38th Ave |
| | 2 | Richmond/Senator Milton Marks Branch Library | 351 9th Ave |
| 2 | 3 | Golden Gate Valley Branch Library | 1801 Green St |
| | 4 | Presidio Branch Library | 3150 Sacramento St |
| 3 | 5 | City College of San Francisco - Chinatown Center | 808 Kearny St |
| | 6 | Huntington Park | California St and Taylor St |
| | 7 | North Beach Branch Library | 850 Columbus Ave |
| 4 | 8 | Ortega Branch Library | 3223 Ortega St |
| | 9 | Parkside Branch Library | 1200 Taraval St |
| 5 | 10 | City Hall | 1 Dr Carlton B Goodlett Pl |
| | 11 | Father Alfred E. Boeddeker Park | 246 Eddy St |
| | 12 | Park Branch Library | 1833 Page St |
| | 13 | UC Law San Francisco | 200 McAllister St |
| | 14 | Western Addition Branch Library | 1550 Scott St |
| 6 | 15 | City College of San Francisco - Downtown Center | 88 4th St |
| | 16 | Mission Bay Branch Library | 960 4th St |
| | 17 | Ship Shape Community Center | 850 Avenue I |
| 7 | 18 | Forest Hill Station (Muni Metro) | 380 Laguna Honda Blvd |
| | 19 | Ingleside Branch Library | 1298 Ocean Ave |
| | 20 | Merced Branch Library | 155 Winston Dr |
| | 21 | Sunset Branch Library | 1305 18th Ave |
| | 22 | San Francisco State - Mashouf Wellness Center | 755 Font Blvd |
| | 23 | UCSF Medical Center - Millberry Union Plaza | 500 Parnassus Ave |
| 8 | 24 | Eureka Valley Recreation Center | 100 Collingwood St |
| | 25 | Glen Park BART Station | 2901 Diamond St |
| | 26 | Harvey Milk Recreation Center | 50 Scott St |
| | 27 | Noe Valley/Sally Brunn Branch Library | 451 Jersey St |
| 9 | 28 | Bernal Heights Branch Library | 500 Cortland Ave |
| | 29 | City College of San Francisco - Mission Center | 1125 Valencia St |
| | 30 | Portola Branch Library | 380 Bacon St |
| 10 | 31 | Bayview/Linda Brooks-Burton Branch Library | 5075 3rd St |
| | 32 | Jackson Playground Rec Center | Mariposa St and Arkansas St |
| | 33 | Zuckerberg San Francisco General Hospital and Trauma Center | 1001 Potrero Ave |
| | 34 | Visitacion Valley Branch Library | 201 Leland Ave |
| 11 | 35 | Crocker Amazon Playground | 799 Moscow St |
| | 36 | Excelsior Branch Library | 4400 Mission St |
| | 37 | Ocean View Branch Library | 345 Randolph St |

Disability Rights California
*California's protection & advocacy system*

# Nahihirapan ba Kayong Bumoto Dahil sa Kapansanan?

# TUMAWAG SA: (888) 569-7955

## Pinangangasiwaan ng Disability Rights California ang Voting Hotline:

## 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Marso 5, 2024 (Araw ng Eleksyon)

**Tumatanggap din kami ng mga tawag bago sa, at pagkatapos ng Araw ng Eleksyon.**

**Matatawagan ang Voting Hotline buong taon.**

Layunin namin ang tumulong sa mga botanteng may kapansanan na magkaroon ng matagumpay na karanasan sa pagboto at matukoy ang mga isyu na maaari naming tugunan sa kasalukuyan at mga darating pang eleksyon.

# Batas sa mga Karapatan Ng Botante

## Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan:

1. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
   - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
   - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
   - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
   - hindi kasalukuyang gumugugol ng panahon sa piitan ng estado o pederal dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at
   - hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan para bumoto
2. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
3. **Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga botohan.**
4. **Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
5. **Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
   - **Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang botohan** ng isangbagong balota; o
   - **Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong botohan;
   - **Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota,** kung hindi mo dala ang iyong orihinal na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
6. **Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-empleyo o kinatawan ng unyon.
7. **Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang botohan** sa California.
8. **Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
9. **Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
10. **Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
    - Sa web sa *www.sos.ca.gov*
    - Sa pamamagitan ng telepono sa (800) 339-2957
    - Sa mail sa *elections@sos.ca.gov*

**Kung naniniwala ka na pinagkaitan ka ng alinman sa mga karapatang ito, tawagan ang kompidensiyal na Nakahandang Linya sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.**

# Ang Inyong Record bilang Botante

Ngayong Pebrero, magpapadala kami sa koreo ng balota sa address na nasa inyong record bilang botante. Upang matiyak na pangkasalukuyan ang inyong address, i-check ito sa *voterstatus.sos.ca.gov*. Kung kinakailangan, maaari ninyong i-update ang inyong address sa *registertovote.ca.gov*.

Ilegal na gamitin ng sinuman ang impormasyon sa rehistrasyon bilang botante para pagkakitaan. Pero legal itong gamitin ng mga tao para sa iilang ibang mga layunin. Ang Kalihim ng Estado ng California ang gumagawa ng mga tuntuning ito. Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa paksang ito, tumawag sa (800) 345-8683.

Maaaring maging kwalipikado para sa programang *Safe at Home* ang mga botanteng nasa mapanganib na sitwasyon. Pinangangasiwaan ng Kalihim ng Estado ang programang ito. Sa ilalim ng programang ito, maaaring gumamit ng kumpidensiyal na address ang mga botante para makatanggap ng mga pang-eleksyong materyales sa koreo. Para sa mga detalye, tumawag sa (877) 322-5227 o bisitahin ang *sos.ca.gov/registries/safe-home*.

# Mga Mapagkukunan Kaugnay ng Aksesibleng Pagboto

Naglalaan kami ng maraming mga mapagkukunan upang matiyak na makaboboto ang lahat ng mga botante nang pribado at malaya.

## Aksesibleng Pamplet para sa Botante

Makikita ninyo ang PDF, HTML at XML na bersyon ng pamplet na ito sa **sfelections.org/vip**. Mayroon din sa MP3 na format ang Pamplet sa Ingles. Maaari kayong makipag-ugnayan sa amin sa (415) 554-4310 para humiling ng pamplet na malaki ang pagkaka-imprenta. Mayroon din, kapag hiniling, ang audio flash drive sa Ingles, o pamplet sa compact disc. Maaari rin kayong makakuha ng pamplet na talking book at isang libreng audio player sa Talking Books and Braille Center. Ito ay nasa ikalawang palapag ng pangunahing aklatan sa 100 Larkin Street.

## Aksesibleng balota

Simula Pebrero 5 hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Marso 5, maaari kayong mag-download ng isang aksesibleng balota sa **sfelections.org/access**. Dito, maaari kayong gumamit ng screen-reader, head-pointer, sip and puff, o katulad na kagamitan para markahan ang inyong balota. Para sa seguridad, hindi ninyo maaaring ibalik ang inyong balota online. Pagkatapos ninyong bumoto, kailangan ninyong i-print ang inyong balota at ibalik ito sa pamamagitan ng koreo o nang personal.

## Mga aksesibleng lugar ng botohan

Maaari ninyong tingnan ang impormasyon tungkol sa aksesibilidad sa inyong lugar ng botohan sa likod na pabalat ng pamplet na ito.

Maaari rin kayong bumoto nang maaga sa aksesibleng Sentro ng Botohan sa City Hall. Magbubukas ito sa Pebrero 5.

Maaari kayong makagalaw nang naka-wheelchair sa alinmang lugar ng botohan. Maaari kayong humiling ng lente para mapalaki ang mga letra, panulat na madaling hawakan, gabay sa pagpirma na may mga instruksiyon sa braille, o upuan sa alinmang lugar ng botohan.

Mayroong kagamitan para sa pagmarka ng balota na may touchscreen at audio na balota ang bawat lugar ng botohan. Sa kagamitang ito, maaari ninyong piliin ang format ng inyong balota, font, kulay ng background, at wika. Maaari kayong magpalipat-lipat sa pahina ng inyong balota gamit ang isang braille keypad, mga headphone, o iba pang kagamitan.

## Pagboto sa gilid ng daan

Maaari kayong magpahatid ng balota sa labas sa alinmang lugar ng botohan. Tumawag sa (415) 554-4310 o hilingin sa isang tao na pumunta sa loob at hilingin ang serbisyong ito para sa inyo.

Dadalhin sa labas ng isang manggagawa sa botohan ang inyong balota at ipaliliwanag sa inyo kung papaano bumoto. Pagkatapos ninyong bumoto, pupunta ang isang manggagawa sa botohan at kokolektahin ang inyong balota. Mananatili sa loob ng pantakip na folder ang inyong balota hanggang sa ito'y isumite.

## Tulong sa pagmamarka ng balota

Maaari kayong humiling ng tulong sa pagmamarka sa inyong balota mula sa isang mangagawa sa botohan. Maaari rin kayong magsama ng isa o dalawang tao para tulungan kayo na markahan ang inyong balota. Hindi maaaring inyong tagapag-empleyo o kinatawan ng inyong unyon ang tutulong sa inyo. Hindi maaaring gumawa para sa inyo ng mga desisyon tungkol sa pagboto ang mga tutulong sa inyo.

## Paghatid at pagkuha ng balota

Kung hindi ninyo kayang umalis sa bahay ninyo o kung kayo ay nasa ospital sa huling linggo ng panahon sa pagboto, maaari kayong humiling na magpahatid o magpakuha ng balota. Makipag-ugnayan sa amin sa (415) 554-4310 para hilingin ang serbisyong ito.

## Komite ng mga Tagapayo para sa Aksesibilidad sa Pagboto

Nagtatrabaho para mapabuti pa ang access sa pagboto sa San Francisco ang aming Komite ng mga Tagapayo para sa Aksesibilidad sa Pagboto. Tumawag sa amin sa (415) 554-4310 para sumali sa komiteng ito.

# Impormasyon Tungkol sa Kandidato

## Kinakatigang Partido ng Kandidato

Ang kinakatigan na rehistradong politikal na partido, kung mayroon man, ng sinumang kandidato na tumatakbo para sa katungkulang nominado ng botante, ay nakaimprenta sa tabi ng pangalan ng bawat kandidato sa balota. Kung ang kandidato ay tumatakbo para sa hindi makapartidong katungkulan, walang makikitang partido sa tabi ng pangalan ng kandidato.

## Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Nagsumite sa loob ng takdang panahon ang ilang kandidato sa balota ng kani-kanilang pahayag ng mga kuwalipikasyon para mailimbag sa pamplet na ito. Gastos ng mga kandidato ang pagpapalimbag sa mga nasabing pahayag. Hindi sinisiyasat para sa kawastuhan ng Direktor ng mga Eleksyon, o anumang iba pang ahensiya ng Lungsod, opisyal, o empleyado ang mga impormasyon na nilalaman ng mga pahayag ng kuwalipikasyon ng kandidato na nakalimbag sa pangunahing Ingles na bersiyon ng pamplet na ito. Ang pagsasalin sa Filipino ay pareho hangga't maaari sa pinagmulang nilalaman na Ingles. Maaari ninyong makita ang impormasyon tungkol sa mga kandidato sa mga sumusunod:

### Gabay ng Impormasyon para sa Botante ng California

(na makukuha sa *voterguide.sos.ca.gov*)

Mga kandidatong tumatakbo para sa mga sumusunod na katungkulan:

**Senador ng Estados Unidos**
(regular na 6-taong termino na magtatapos sa Enero 3, 2031)

**Senador ng Estados Unidos**
(natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 3, 2025)

### Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Mga kandidatong tumatakbo para sa mga sumusunod na katungkulan:

**Kinatawan ng Estados Unidos**
Distrito 11 at Distrito 15

**Senador ng Estado**
Distrito 11

**Asembleya ng Estado**
Distrito 17 at Distrito 19

**Hukom ng Korte Superyor**
Puwesto 1 at Puwesto 13

# Mga Limit sa Boluntaryong Gastos

Ipinag-uutos ng California Government Code (Kodigo ng Gobyerno ng California, CAGC) §85600, na ilathala ng Department of Elections ang pangalan ng mga kandidato na kusang pumayag na sumunod sa mga limitasyon sa paggastos na itinataguyod ng CAGC §85400. Sa eleksyong ito, ang mga sumusunod na kandidato ay sina:

**Senador ng Estado, Distrito 11**
Yvette Corkrean
Scott Wiener
Jing Chao Xiong

**Asembleya ng Estado, Distrito 17**
Otto Duke
Matt Haney
Manuel Noris-Barrera

**Asembleya ng Estado, Distrito 19**
Nadia Flamenco
David E. Lee
Arjun Gustav Sodhani
Catherine Stefani

# Mga Pag-Endoso ng Partido sa mga Kandidato

Pinapayagan ng batas ng Estado ang mga partidong politikal na mag-endoso ng mga kandidato para sa mga katungkulang pambuong-estado. Sa eleksyong ito, ang mga sumusunod ang maagap na naisumiteng pag-eendoso:

**Senador ng Estados Unidos**
Partido Amerikanong Independiyente: James Bradley
Partido Libertaryan: Gail Lightfoot

**Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11**
Partido Demokratiko: Nancy Pelosi
Partido Republikano: Bruce Lou
Partido Amerikanong Independiyente: Bruce Lou

**Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 15**
Partido Demokratiko: Kevin Mullin
Partido Republikano: Anna Cheng Kramer
Partido Amerikanong Independiyente: Anna Cheng Kramer

**Senador ng Estado, Distrito 11**
Partido Demokratiko: Scott Wiener
Partido Republikano: Yvette Corkrean
Partido Amerikanong Independiyente: Yvette Corkrean

**Asembleya ng Estado, Distrito 17**
Partido Demokratiko: Matt Haney
Partido Republikano: Manuel Noris-Barrera
Partido Amerikanong Independiyente: Manuel Noris-Barrera

**Asembleya ng Estado, Distrito 19**
Partido Demokratiko: Catherine Stefani
Partido Amerikanong Independiyente: Nadia Flamenco

# Mag-paperless na! Maging makakalikasan!

## I-access ang inyong Pamplet para sa Botante sa inyong screen.

Ayon sa batas, kailangan naming magpadala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante sa lahat ng mga lokal na botante, maliban sa mga pumiling i-access ito online. Pinahihintulutan tayo ng pagpiling ito na parehong maisalba ang mga puno at makatipid sa pondo ng lungsod! Para mag-opt out sa pagtanggap ng mga Pamplet para sa Botante, itutok ang inyong kamera sa QR code na nasa kanan, mag-log in sa **sfelections.org/voterportal** o tumawag sa (415) 554-4310. Maaari kayong mag-opt out sa pagtanggap ng pang-estadong Gabay para sa Botante sa **voterstatus.sos.ca.gov**. Maaari kayong mag-opt in muli anumang oras.



# Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11

## Jason Boyce

**Ang aking trabaho ay** Software Engineer.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** San Francisco, panahon na para sa pagbabago! Nag-aapoy na ang buong daigdig, at ang mga tao na naghatid sa atin sa kaguluhang ito ay hindi ang mga tao na maghahatid sa atin palabas.

Kung mahal ninyo ang San Francisco na tulad ko, gugustuhin ninyong makitang UMUUNLAD ang magandang lungsod na ito! Masakit sa akin na makita ang ating mga bangketang natatakpan ng mga tent, habang umiiwas sa dumi ng tao at mga karayom sa ating paanan. Gusto kong maramdaman ng mga tao na ligtas sila sa paglalakad-lakad sa gabi, dumadalo ng bagong mga pagtitipong tulad ng Night Market (Merkado sa Gabi), at sa gayon, matulungan ang lungsod na ito na makabangon sa pagkakasadlak matapos ang pandemya. Gusto kong makakita ng malilinis na bangketa at nang ikatuwa nila ang pagkain sa mga mesa sa labas ng gusali, at hindi mag-alala na malooban ang kanilang kotse habang wala sila.

Bilang inyong kinatawan, magiging tunguhin ko ang pagbabalikatan ng pederal na gobyerno sa mga gobyerno ng lungsod at estado, at nang malinis ang ating mga kalye. Hindi lamang krisis ng lungsod ang krisis sa kawalan ng tahanan ng San Francisco, kundi pambansang krisis na kumakalat sa kabuuan ng bawat lungsod at bawat estado sa ating bansa, at panahon na para ibigay natin ang atensiyon na nararapat dito. Gusto kong magtayo ng programa na nakikipagtrabaho sa mga tao, nang may paggalang at dignidad, upang matulungan ang mga tao na makatayong muli, makabalik sa pagkakaempleyo kung saan maaari silang makahanap ng mga trabaho, at makaasa sa sarili sa hinaharap.

Tulad nga ng sinabi ni Abraham Lincoln, “Ang lehitimong layunin ng pamahalaan ay gawin ang para sa komunidad ng mga tao, anuman ang kailangan nilang dapat magawa, ngunit hindi magawa talaga, o hindi kayang magawa nang mabuti, para sa kanilang sarili—sa kanilang hiwa-hiwalay, at indi-indibidwal na kapasidad. Panahon na para pagtrabahuhin natin ang gobyerno para sa atin.

Salamat po, at Go Giants!

*Jason Boyce*

## Bruce Lou

**Ang aking trabaho ay** May-ari ng Negosyo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Bruce Lou ang pangalan ko at ako ang opisyal na inendosong kandidato ng San Francisco Republican Party (Partido Republikano ng San Francisco) at ng California Republican Party (Partido Republikano ng California) sa pagtakbo upang katawanin ang San Francisco sa Kongreso. Tubong Bay Area ako, nagtapos sa UC Berkeley, may-ari ng negosyo, at kampeon ng Jeopardy!.

Bata pa ako at kinakatawan ko ang henerasyon na magmamana sa bansang ito sa kinabukasan. Bilang bago sa politika, isa akong masiglang boses kung ihahambing sa mga insider o taga-loob sa Washington, na pansariling interes lamang nila ang iniisip.

Kinakatawan ng San Francisco ang pangako ng oportunidad at bagong buhay na nakahikayat sa mga tao sa daan-daang taon, mula sa Forty-Niners (koponan sa football) hanggang sa mga imigranteng tulad ng aking mga magulang na dumating para sa mas malaya at masaganang kinabukasan. Naniniwala pa rin ako sa pangako ng San Francisco, pero maaaring mahirap itong matupad kung ginagawang mapanglaw ang buhay para sa mga tao sa lungsod na ito ng mga problemang tulad ng krimen, kawalan ng tahanan, at tumataas na halaga ng bilihin.

Ipinagpapasalamat ko ang natatanging lugar ng San Francisco sa mundo at naiintindihan ang malalang panganib na kinalalagyan ng Amerika ngayon. Pinagbabantaan ang ating pinaka-itinatanging mga kalayaan at kumakaharap tayo sa banta ng pandaigdigang digmaan. Maghahanap ako ng mga solusyong nakabatay sa common sense, na nagpapahalaga sa mga tao nang higit sa politika.

Ako ay:
- magdidirekta ng pederal na pondo tungo sa pagtitiyak na kaligtasan ng publiko
- pipigil sa mga panghihimasok sa ating batayang mga karapatan sa konstitusyon
- magtitiyak na patas ang lahat sa pagkakatanggap sa mga paaralan at sa ilalim ng batas
- magtataguyod ng kapayapaan nang hindi nasasangkot sa mga hidwaan sa ibang bansa

Salamat po, at tandaang iboto si Bruce Lou para sa mas maliwanag na kinabukasan.

Para sa iba pang impormasyon: www.bruceforcongress.org

*Bruce Lou*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11

## Marjorie Mikels

**Ang aking trabaho ay** Abugado / Nag-aadbokasiya para sa Kapayapaan.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Mayroon akong degree na Juris Doctor mula sa UCLA School of Law, may kahusayan sa Batas ng Konstitusyon, at may deka-dekadang mahihigpit na labanan sa batas, isa akong lola na may dedikasyon sa Kapayapaan at pagliligtas sa sangkatauhan at pagpapanatili sa Buhay sa Planetang Earth para sa mga henerasyon sa hinaharap.

Kailangan nating ITIGIL ang mga Sandata ng Kamatayan at Walang Katapusang Giyera ng USA!

Si Marjorie Mikels ay:

1. Magbibigay ng prayoridad sa unibersal na seguridad ng tao at pangangalaga sa kapaligiran nang higit sa pagpapalaki ng kapital ng mga korporasyon na sinusuportahan ng lakas ng militar, kung saan iilan ang nakikinabang habang napipinsala ang malaking mayorya ng sangkatauhan.
2. Susuporta sa mga kasunduan para sa Hindi Paglaganap at Pagbabawal sa mga Sandatang Nukleyar.
3. Babawasan nang malaki ang badyet ng militar, at nang mailaan ang matitipid na pera sa mga pangangailangan ng taumbayan.

Nakakuha tayo ng bigong mga pangako ng Medicare para sa lahat, $15 pinakamababang sahod, karapatang reproduktibo, pagkabawas o pagpapatawad sa utang ng estudyante, at pagwawakas sa hirap na dulot ng kawalan ng tahanan. Sa halip, mahigit kalahati sa badyet ang napupunta para sa makinarya ng giyera.

Pinapaslang ang inosenteng mga sibilyan, kababaihan, at bata sa ngalan ng “Pagtatanggol sa Sarili,” habang bumoboto ang Kongreso para sa bilyon-bilyon na karagdagang sandata para sa PAGPASLANG SA LAHI. Ang mga tumututol sa pagmamasaker na ginagawa sa ating ngalan, gamit ang pera na mula sa buwis, ang dinudungisan ang karangalan. Walang diplomatikong kalutasan ang hinahangad para sa Ukraine. Lalo pang patungo sa Pakikipaggiyera sa Tsina! Hindi berde ang digmaan! Ang militar ng US ang pinakanagdudulot ng polusyon sa Daigdig at pinakagumagamit ng fossil fuels (nakabaong enerhiya). Papalapit na ang mundo sa pagkalipol dahil sa nukleyar.

Upang mapanatili ang “kapayapaan” (kung saan ang puwang sa pagitan ng mayayaman at ng lahat ng iba pa ay mas malaki kaysa sa anumang panahon sa kasaysayan) lalo pang minamanmanan ang lipunang sibil, at nakararanas ng lubhang pagtindi ng pagpupulis habang dinadala pabalik sa bansa ang digmaan.

IBOTO SI MARJORIE MIKELS PARA SA KALAYAAN, KATARUNGAN, AT SEGURIDAD PARA SA LAHAT!

*Marjorie Mikels*

## Larry Nichelson

**Ang aking trabaho ay** Retiradong Edukador.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** 12 taon bilang parapropesyonal sa SFUSD

Tumatakbo ako para sa Kongreso upang paghusayin pa ang mga kondisyon ng ekonomiya ng bawat Amerikano, itigil ang pagbabago ng klima at bawasan ang pakikidigma. Kailangan natin ng Medicare para sa Lahat, seguridad sa pagreretiro, may subsidyong pangangalaga sa bata, pagwawakas sa pagkaalipin sa utang at pagpapadali sa pagsali sa unyon.

Maaaring itaas ng Medicare for All (Medicare para sa Lahat) ang buwis ng iilan, ngunit walang indibidwal na magkakaroon ng premium (bayad sa insurance) o copay (kahati sa bayarin). Kung kailangan ninyo ng medikal na pangangalaga, makukuha ninyo ito nang libre. Bababa ang pangkalahatang gastos dahil tatanggalin natin ang mga nagbebenta ng insurance. Walang matatanggihan ng serbisyo o maiiwanan ng napakalaking utang dahil sa pagpapagamot.

Nangangahulugan ang may seguridad na pagreretiro ng pagpapalawak ng Social Security (Panlipunang Seguridad) upang mabigyan ang lahat ng bayad na sapat para mabuhay. Hindi mauubusan ng pera ang Social Security kung tatanggalin natin ang cap o hangganan sa dapat bayaran at nang sa gayon, magbayad ang mayayamang tao ng kanilang makatwirang bahagi.

Nakatutulong sa mga magulang ang may subsidyong pangangalaga sa bata at tinitiyak nito na may sapat na pagkain ang mga bata sa pag-unlad ng kanilang utak at katawan.

Nangangahulugan ang pagwawakas sa pagkaalipin sa utang ng pagpapatawad sa utang noong estudyante dahil gusto nating magkaroon ang kabataan ng magagandang pagsisimula sa buhay. Makatutulong sa marami ang pagpapatawad sa medikal na utang upang maisalba ang mga tahanang mayroon sila.

Nangangahulugan ang pagpapadali sa pagsali sa unyon na mababawasan ang pagsasamantala sa mga manggagawa, mas magagandang benepisyo, at sahod na sapat para mabuhay.

*Larry Nichelson*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11

## Nancy Pelosi

**Ang aking trabaho ay** Miyembro ng Kongreso.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Mahal na mga Kaibigan,

Karangalan kong maging inyong boses sa Kongreso at katawanin ang mga pinahahalagahan ng ating San Francisco na nag-aangat sa dignidad at halaga ng bawat indibidwal. Bilang inyong Kinatawan, nangangako akong tutulong sa muling pagbangon mula sa matinding pagbagsak ng ekonomiya nang dahil sa COVID, mula sa nasa pinakailalim tungo sa panggitnang uri – sa pamamagitan ng naka-unyong mga trabahong maganda ang sahod, at dignidad para sa mga manggagawa – at nakapaghatid na ang mga pagsusumikap ng aking opisina ng libo-libong trabaho at bilyon-bilyong rekurso sa ating komunidad.

Kailangan nating protektahan ang ating pag-unlad at higit pa rito ang gawin upang mapaghusay ang buhay ng mga mamamayan: palawakin ang Biden Child Tax Credit (Programa ni Biden sa Pagbabawas sa Buwis Batay sa mga Anak) kung saan nababawasan ang halos kalahati ng kahirapan ng mga bata, pamumuhunan sa pampublikong edukasyon, pangangalaga sa bata, unibersal na Pre-K, may bayad na pagliban sa trabaho, pangangalaga sa kalusugan sa tahanan, at mas maraming naka-unyon na trabaho. Kailangan natin na sistematikong maisaayos ang Roe V Wade, ipasa ang Equality Act (Batas ukol sa Pagkakapantay-pantay) at ibalik ang Assault Weapons Ban (Pagbabawal sa mga Semiautomatic na Riple, Shotgun, o Pistola).

Sa kasamaang palad, nagtatrabaho na ang mga naniniwala ng labis sa espesipikong ideolohiya upang atakihin ang ating mga kalayaan sa reproduksiyon, balingan ng sisi ang mga imigrante at LGBTQ na Amerikano, iurong ang mas mababang presyo ng gamot, ihinto ang mga aksiyon para sa klima, bawasan ang Social Security, Medicare at Medicaid, tanggalin ang ilan sa nakukuhang benepisyo ng mga beterano, ipawalang-bisa ang Affordable Care Act (Batas ukol sa Abot-kayang Pangangalaga), at bigyan ng karumal-dumal na pagbabawas ng buwis ang mayayaman.

Nasa peligro na mismo ang Demokrasyong Amerikano sa 2024. Habang binibigyan natin ng proteksiyon ang ating pag-unlad, kailangang ipanumbalik natin ang mga karapatan sa pagboto at ipagtanggol ang ating Konstitusyon. Kailangan natin ng matatag na Demokrasya sa tahanang bansa at ng suporta para sa diplomasya at sa ating mga kaalyado sa ibang bansa, at sa gayon, palagiang maipakita sa mundo na naririyan pa rin ang ating bandila, at may kalayaan at katarungan para sa lahat.

Ito ang mga laban na kinakaharap natin — at kung bakit ako tumatakbong muli para sa Kongreso. Magalang kong hinihiling ang inyong boto. Salamat po. NANCY

*Nancy Pelosi*

## Bianca Von Krieg

**Ang aking trabaho ay** Aktres at Personalidad sa Media.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Aka BiancaForSanFrancisco.org. Nakita na ninyong lahat ang simbolikong balangkas ng kilusang ito sa iba't ibang bahagi ng lungsod. Kinakatawan ng SIMBOLO na ito ang walang mukhang masa na gustong makita sila, at gustong marinig ang kanilang boses. Mas malaki pa sa iisang tao ang kampanyang ito; tungkol ito sa ating lahat.

Ang mga ninuno ng aking pamilya ay halos 200 taon nang nasa Northern California magmula noong Gold Rush. Bago pa ang panahong iyon ay ang panahon naman ng Rebolusyong Amerikano bilang direktang kaapu-apuhan nina Augustine at Martha Ball Washington.

Bago ako naging batang babae na gustong-gusto ninyong kasuklaman sa paborito ninyong mga programa sa telebisyon, nag-aral ako ng computer science at economics sa Stanford at ng systems engineering sa MIT.

Plataporma:

- Green New Deal o Plano kaugnay ng Pagbabago ng Klima (binago para sa Fusion age o panahon ng paggamit ng enerhiyang fusion )
- Medicare para sa Lahat
- Unibersal na Batayang Kita

Mga Karangalan:

- Ang NATATANGING Demokrata na lumagda sa pangakong magkaroon ng mga limitasyon sa termino.
- Ang NATATANGING kandidato na gumawa ng pagbabago sa ating Green New Deal para sa pagsasama dito ng enerhiyang fusion.
- linktr.ee/Bianca4SF para sa tamang CV (LinkedIN)

Kasunduan sa mga mamamayan ng San Francisco:

1. Ipatutupad ko ang aking plataporma o ilalantad ang mga naninira dito!
2. Hindi ko pahihintulutan ang mga dapat talakayin na maisantabi ng nakakaagaw ng pansing politika o "comfort politics (kom-portableng politika)." Kailangang kainin natin ang ating mga politikal na gulay!

Kamakailan lamang, nanood nang may sindak at pagkadismaya ang mundo habang unti-unting nanghina ang katawan at isip ng tumatandang si Dianne Feinstein sa harap mismo ng ating mga mata. Kung minsan, kailangan nating gawin para sa ibang tao ang hindi nila magawa para sa sarili - ang magretiro.

Ngayon higit kailanman, kailangan nating ipakita sa mundo na ang mga transgender na indibidwal ay hindi mga sentro ng pagkasuklam, kundi parola ng pag-asa at liwanag.

Xxoxox

*Bianca Von Krieg*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11

## Jason Chuyuan Zeng

**Ang aking trabaho ay** Inhinyero ng Datos.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Karangalan kong katawanin ang San Francisco.

Naniniwala akong ang mga pangarap ay maaaring habulin, ipaglaban, at matamo. Walang imposible. Hindi mahalaga kung dumating ka sa lungsod na may isang sentimo; puwede mong kitain ang buhay na gusto mo. Naniniwala ako rito sa pagtugis sa kaligayahan, sa kabutihang taglay ng lahat ng tao, at sa aking paninindigan sa pananampalataya.

Una akong tumakbo para sa katungkulan isang dekada na ang nakalilipas, at hindi naglaon pagkatapos nito, nilisan ko ang lungsod. Sinimulan ko ang aking karera sa pamamagitan ng pagtatatag ng startup sa lokal na pagbabalita, at pagkatapos, pinamunuan ko ang dalawa pa sa pagsusuri sa agrikultura at komersiyal na pagmimina. Nang nanalasa ang pandemya, nasa Montana ako dahil sa army grant (tulong pinansiyal mula sa sandatahang hukbo). Umurong ako mula sa eleksyon doon at umuwi noong tag-araw na iyon, dahil hindi ko kinakatawan ang karaniwang taga-Montana.

Bilang kandidatong konserbatibo at kumikiling sa kalikasan, unang prayoridad ko ang pagkakaloob sa mga magulang ng awtonomiya na bigyan ng pinakamahusay na edukasyon ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga voucher sa pribadong paaralan. Ikalawa, nangangailangan ang mga pulis ng kakayahang magpabago-bago ng pamamaraan sa pagdakip sa mga nagsu-supply ng droga, at ito ang magpapababa sa mga pagkakataong makakuha ng fentanyl. Ikatlo, puwedeng maipalit ang may akreditasyong edukasyon para sa ilang kinakailangan sa pagtatrabaho. Layunin ng mga benepisyo na tulungan ang mga tao na makatindig at nang hindi na sila bumalik pa sa tulong mula sa gobyerno.

Kailangang pagkalooban ng gobyerno ang lahat ng magkakapantay-pantay na mga oportunidad, pero nang may kalayaan din sa mga kahihinatnan. Kailangang maging lubos ang kahusayan ng lahat, kung handa silang magtrabaho upang makuha ito.

Mapagkumbaba kong hinihiling ang inyong boto na katawanin ang San Francisco.

Salamat po.

*Jason Chuyuan Zeng*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 15

## Anna Cheng Kramer

**Ang aking trabaho ay** Ehekutibo para sa mga Polisiya sa Pabahay / Negosyante.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Imigrante ako mula sa Taiwan at naging mamamayan ng Estados Unidos dahil mahal ko ang kalayaan at mga libertad ng Amerika. Ang Bay Area Peninsula na ang aking naging tahanan magmula noong 1976, kung saan tumira ako sa San Francisco, East Palo Alto, North Fair Oaks at San Carlos.

Ang aking paglahok sa serbisyo publiko ay sa lokal, kung saan gumanap ako bilang Tagapangulo ng North Fair Oaks at miyembro ng Economic Development Advisory Commission (Tapapayong Komisyon ukol sa Pag-unlad ng Ekonomiya) sa San Carlos. Matapos kong makakuha ng MBA mula sa University of Santa Clara, isinulong ko ang aking karera sa pamumuhunan at pangangasiwa sa mga unit ng pabahay sa kabuuan ng West Coast at sa kabuuan ng bansa.

Bilang Chief Operating Officer (Pinunong Opisyal para sa mga Operasyon) ng Mid-Peninsula Housing Coalition (Koalisyon sa Pabahay sa Gitnang Peninsula), nagkaroon ako ng kahusayan sa pagpipinansiya, pagtatayo, at pag-ookupa sa nonprofit, ligtas at abot-kayang pabahay. Dahil sa aking nakaraan, natatangi ang aking mga kuwalipikasyon para sa pagtugon sa mga problema sa pabahay, kaligtasan ng publiko, at sa ekonomiya. Kailangan natin ng totoo at lokal na mga solusyon...hindi ang ibinababa lamang na mga utos mula sa Estado.

Naghatid ang may kinikilingang politika sa Washington ng lubhang pagkakahiwa-hiwalay na hindi kailanman intensiyon sa ating malayang lipunan. Makikipagtrabaho ako sa mga nasa kabilang panig at maghahanap ng mga solusyon mula sa dalawang partido para sa krisis sa border at reporma sa imigrasyon. Kailangang makapaglabas ng nasusukat na mga resulta ang paggasta ng pederal na gobyerno, hindi ng pagpapayaman sa mga pangkat na may espesyal na mga interes.

Nakabatay ang umuunlad na ekonomiya sa sistema ng malayang merkado, hindi sa labis-labis na paggasta ng gobyerno. Kailangang masalamin ng Kongreso ang kagustuhan ng taumbayan at hindi ng mga lobbyist (binabayaran upang maimpluwensiyahan ang mga mambabatas). Pakikinggan ko ang lahat ng aking nasasakupan anuman ang kinabibilangan nilang politikal na pangkat, at gagawin ko ito nang may tunguhing makamit ang Kaligtasan, Seguridad, at Kasaganaan para sa lahat. Magiging karangalan kong maglingkod bilang inyong Kongresyonal na Kinatawan sa Estados Unidos.

Iboto si Anna Cheng Kramer
www.ackramerforcongress.org

*Anna Cheng Kramer*

## Kevin Mullin

**Ang aking trabaho ay** Kinatawan ng Estados Unidos.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Ikinararangal ko na unang maihalal sa U.S. House of Representatives (Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos) noong 2022 matapos katawanin ang San Mateo County sa Asembleya ng Estado sa loob ng 10 taon, at bago ito, bilang Mayor/Miyembro ng Konseho at may-ari ng maliit na negosyo sa South San Francisco.

Sa aking unang taon sa Kongreso, nagtrabaho ang mga kawani ng aking opisina sa distrito upang maibalik ang halos $2 Milyon mula sa Social Security (Panlipunang Seguridad) at iba pang pera mula sa buwis sa mga nasasakupan, malutas ang halos 650 kaso sa pasaporte, at natugunan ang mahigit 43,000 liham, email, at tawag mula sa mga nasasakupan ng Distrito 15. Regular akong nagdaraos ng mga pagtitipong “Coffee with Kevin (Kapihan kasama si Kevin)” at “Conversations with Kevin (Mga Pakikipag-usap kay Kevin),” at nang direkta kong marinig ang aking mga nasasakupan.

Naiharap ko na ang Weatherization Resilience and Adaptation Program Act (Batas ukol sa Programa upang Maging Matatag at Makaangkop ang mga Tahanan sa mga Sakuna at Pagbabago ng Klima at Panahon, WRAP), at nang matulungan ang mabababa ang kita na may-ari ng tahanan at mga nagkakaloob ng abot-kayang pabahay na gawing mas matatag ang kanilang ari-arian sa pagbabago ng klima, at nag-akda rin ako ng Poverty Line Act (Batas na Nauukol sa Antas ng Kahirapan) upang magawang moderno ang pederal na pormulang nauukol sa kahirapan at maisama rito ang mga gastos sa pabahay, pangangalaga sa bata, at pangangalaga sa kalusugan, at sa gayon, makapagtayo tayo ng ekonomiyang gumagana para sa lahat. Nasuportahan ko na rin ang mga batas na tumutugon sa karahasang mula sa baril at nagbibigay ng proteksiyon sa mga kalayaang nauukol sa reproduksiyon, at nakapag-adbokasiya na ako para sa mahigit $27 milyon ng pederal na pondo para sa mga proyektong pangkomunidad.

Ikinararangal kong maging lider sa Task Force on Strengthening Democracy (Espesyal na Pangkat para sa Pagpapalakas ng Demokrasya) at naitulak ko ang pagpapasa sa H.R.11: ang Freedom to Vote Act (Batas ukol sa Kalayaang Bumoto). Nangangako akong magtatrabaho sa paraang kasama ang mga miyembro ng dalawang partido at nang muling magkaroon ng tiwala ang publiko sa Kongreso at matiyak na mayroon tayong demokrasya na nakapaghahatid ng solusyon sa ating pinakamalalaking hamon.

Magalang kong hinihingi ang inyong boto, upang patuloy kong maipaglaban ang proteksiyon sa ating demokrasya at sa ating planeta at nang umunlad ang henerasyong ito at ang susunod pang mga henerasyon.

KevinMullinforCongress.com

*Kevin Mullin*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Senador ng Estado, Distrito 11

## Yvette Corkrean

**Ang aking trabaho ay** Rehistradong Nars.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Si Yvette Corkrean, ay walang asawang ina ng dalawang tinedyer at rehistradong nars na nakapaglingkod na sa kanyang lokal na komunidad sa loob ng 25 taon. Bilang matagal nang residente ng San Francisco, nadismaya siya habang nakikita ang pagkapinsala ng ating Lungsod sa pagdaan ng mga taon.

Ang malalim na pagmamahal at pag-aalala ni Yvette para sa kanyang pamilya at ang panghihikayat ng kanyang mga kapitbahay na kapwa taga-San Francisco ang nagbigay ng inspirasyon kay Yvette Corkrean upang maging susunod nating Senador sa Estado ng California.

Ang "Pagpapanatili sa Ating Kaligtasan" ang pangunahing tunguhin ni Yvette. Bilang inyong senador ng estado, magtatrabaho si Yvette upang higit pang magkaroon ng mga pang-uusig at parusa para sa mararahas na kriminal. Kailangan natin na lubusang pondohan at suportahan ang lokal na mga pagsusumikap sa pagpapatupad ng batas at itigil ang pagiging kanlungan ng krimen. Kailangang nasa unahan ang Kaligtasan ng Publiko sa sibilisadong lipunan. Kasama sa polisiyang ito ang mas mahusay na suporta para sa mga first responder (unang tumutugon), mga biktima ng krimen at iyong dumaranas ng malalalang sakit sa isip.

Naniniwala si Yvette Corkrean, na ang de-kalidad na edukasyon ang pinakamahusay na lunas para sa tagumpay ng ating mga anak. Naging aktibo siya sa matagumpay na pagre-recall (pagpapaalis sa katungkulan) ng tatlong Miyembro ng School Board (Lupon ng mga Paaralan) ng San Francisco noong 2022. Kinilala si Yvette ng organisasyong Moms for America (Mga Ina para sa Amerika) para sa kanyang matapat na suporta sa kahusayan sa edukasyon at mga karapatan ng magulang.

Napakahalaga ng pagbuhay muli sa ekonomiya ng ating estado upang mapanatili ang mga trabaho at patuloy na magkaroon ng mataas ang kalidad na buhay. Mag-aakda si Yvette ng mga batas upang mabawasan ang hindi makatarungang mga regulasyon at labis-labis na pagsingil ng buwis. Hindi dapat mahirapan sa pagkakaroon ng gas, groseriya, at tahanang matitirhan ang karaniwang mga taga-California.

Inendoso na ni dating Senador ng Bay Area at Independiyenteng Senador ng Estado Quentin Kopp si Yvette Corkrean.

Mangyaring iboto si Yvette!

Para sa iba pang impormasyon; yvetteforsenate.org

*Yvette Corkrean*

## Jing Chao Xiong

**Ang aking trabaho ay** Drayber ng mga Delivery.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Drayber ng mga delivery ang aking trabaho at tagapagtatag din ako ng Social Management Science (Siyensiya ng Pamamahala sa mga Panlipunang Gawain).

Nakadisenyo na ang Social Management ng 24 kurso na maaaring makapagtatag ng sistema ng pamahalaan na mataas ang kalidad. Hayaang mamuhay ang lahat ng ideyal na buhay!

May pangako akong maglilingkod ng isang termino bilang Senador at tutulong upang maghatid ng kaayusan sa malaking pamilya ng San Francisco! Ang aking pangunahing layunin:

A) ay maitaguyod ang mga batas sa lupa ng California, na magtitiyak ng pantay na pag-unlad para sa lahat sa California.

B) Itaguyod ang reporma sa sistema ng mga county sa California, na magpapahintulot sa pantay na pag-unlad ng San Francisco.

C) ay maghandog ng propesyonal na mga kurso sa social management, na magdudulot ng pantay na pag-unlad ng mga tao!

— Nakapaglathala na ako ng libro na, "AUTOMATED ERA (PANAHON NG AWTOMASYON)," na maaaring ipalit sa "Das Kapital (Ang Kapital)" ni Marx at makapagbabago sa sistema ng Tsino, at makapagpapanumbalik sa normal sa relasyon sa pagitan ng Estados Unidos at Tsina.

Kapwang taglay ko ang Demokratikong pag-iisip at Republikanong pangarap. Ikinalulugod ko ang Liberian na pamumuhay at taglay ang karunungan ng Forward Party (Partidong Pasulong). Dahil dito, tumatakbo ako nang walang kinikilingan. Kung pipiliin ninyo ako, gagawin ko ang San Francisco na pinakanapamumuhayang lugar sa mundo. Kung hindi ninyo ako pipiliin, ibabaling ko ang aking atensiyon sa Kongreso at gagawin na malaking pamilya ang kontinente ng Amerika.

*Jing Chao Xiong*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Asembleya ng Estado, Distrito 17

## Matt Haney

**Ang aking trabaho ay** Miyembro ng Asembleya ng Estado.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Sa halos dalawang taon ko bilang inyong Miyembro ng Asembleya, tinupad ko ang aking pangako na harapin ang pinakamalalaking hamon ng San Francisco.

Ilan sa pinakatampok kong gawaing nauukol sa batas ay ang mga sumusunod:
- Namuno ako sa pakikibaka laban sa fentanyl at pinalawak ang pagkakaroon ng pamamaraang makakuha ng paggamot at paggaling sa sakit sa pamamagitan ng mobile pharmacies o nagpapalipat-lipat na botika.
- Natanggal ang burukratikong red tape o labis-labis na patakaran upang maipatayo na ang kailangang-kailangang pabahay ngayon.
- Naipasa ang kauna-unahan sa bansa na batas upang maprotektahan ang mga pasyente sa mga pagkakamali sa kanilang gamot at maparami ang mga kawani sa chain pharmacies (malalaking botika na may tindahan sa kabuuan ng bansa).
- Nagawang isang buwan ng upa ang pinakamataas nang halaga ng security deposit (panseguridad na deposito) at napababa ang mga singil para sa HOA, at nang sa gayon, maging mas abot-kaya ang halaga at mas mas madaling makakuha ng pabahay.
- Naparami ang bilang ng may bayad na araw ng pagliban kapag may sakit at naitaas ang minimum na sahod para sa mga healthcare worker (nagtatrabaho sa larangan ng pangangalaga ng kalusugan).
- Nakapaghatid ng mas maraming pondo para sa mga paaralan, pampublikong transportasyon, pabahay at pangangalaga sa kalusugan.

Pamumuno:
- Naglilingkod bilang Majority Whip (Opisyal ng Mayoryang Partido) at Dating Naglingkod bilang Katuwang na Lider ng Mayorya para sa Polisiya at Pananaliksik.
- Tagapangulo ng Select Committee on Fentanyl, Opioid Addiction and Overdose Prevention (Piling Komite na nauukol sa Fentanyl, Adiksiyon sa Opyo, at Pag-iwas sa Lubhang Malalaking Dosis), kung kaya't nakahanap ng inobatibong mga solusyon upang matanggal ang fentanyl mula sa ating mga lansangan at mapalawak ang mga pamamaraan sa pagkuha ng paggamot.
- Kasamang Tagapagtatag at Tagapangulo na kauna-unahang California Legislative Renters' Caucus (Pulong ng mga Umuupa para sa Lehislasyon ng California) upang makapag-adbokasiya para sa mga polisiyang pabor sa mga umuupa.

Ikinararangal kong magkaroon ng markang 100% mula sa Planned Parenthood Affiliates of California (Mga Kaanib sa California ng Nakaplanong Pagkamagulang) para sa hindi nagbabagong suporta sa mga polisiyang pro-choice (karapatan sa pagpapasya ng kababaihan ukol sa katawan), at nakatanggap ako ng markang 'A' mula sa California Environmental Voters (Mga Botante ng California para sa Kapaligiran) dahil sa palagiang pagboto nang pabor sa environmental justice (pagiging makatarungan sa lahat ng tao sa pagpapatupad ng mga batas ukol sa kapaligiran) at mga proteksiyon sa kapaligiran. Itutuloy ko ang aking pangako na paghusayin pa ang kaligtasan ng publiko, bawasan ang kawalan ng tahanan at pamumuhay sa lansangan, tiyakin na maayos ang pagpopondo sa ating mga paaralan at sistemang pantransportasyon, at labanan ang pagbabago ng klima.

Inendoso ng:
- California Professional Firefighters (Mga Propesyonal na Bumbero ng California)
- California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nars ng California)
- California Teachers Association (Asosasyon ng mga Guro ng California)
- California Environmental Voters (Mga Botante na para sa Kapaligiran ng California)
- Equality California (Pagkakapantay-pantay California)
- SEIU California
- Planned Parenthood Northern California Action Fund (Pondo para sa Pag-aksiyon ng Nakaplanong Pagkamagulang ng Hilagang California)

Alamin pa ang tungkol dito sa MattHaney.com

*Matt Haney*

## Manuel Noris-Barrera

**Ang aking trabaho ay** May-ari ng Negosyo / Realtor / Ama.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Manuel Noris-Barrera ang pangalan ko, at ikinararangal kong ianunsiyo ang aking kandidatura para sa katungkulan sa Distrito 17 ng Asembleya. Humaharap sa malalaking hamon ang ating distrito, at may pangako akong haharapin ang mga usaping pinakamahahalaga sa atin: kalusugan ng isip, pang-aabuso sa droga, krimen, kawalan ng tahanan, at kawalan ng trabaho.

Mahigpit ang aking paniniwala na magkakaugnay ang lahat ng bagay, at lilikha ang paglutas sa isang problema ng domino effect (magkakaugnay na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari) upang malutas ang mga ito. Bilang inyong kinatawan, walang kapaguran akong magtatrabaho upang maipatupad ang komprehensibong mga stratehiya na tutugon sa ugat na mga dahilan ng mga hamong ito, kung kaya't mapapangalagaan ang mas ligtas, mas malusog, at mas masaganang kinabukasan para sa San Francisco.

Ikinasasabik ko na ang paggamit sa aking magkakaibang mga kuwalipikasyon bilang may-ari ng negosyo, ama, at realtor (ahente ng mga ari-arian). May pangako akong gagamitin ko ang bawat aspeto ng aking mga karanasan at kakayahan.

Gamit ang aking nakaraan sa pagnenegosyo, magtataguyod ako ng mga polisiyang makahihikayat sa bagong mga negosyo, pamumuhunan sa pagsasanay sa trabaho, at pagpapasigla sa pag-unlad ng ekonomiya na mahalaga sa ating kasaganaan.

Bilang ama, naiintindihan ko ang kahalagahan ng pagkakaroon ng ligtas at umuunlad na komunidad para sa ating mga pamilya.

Bilang realtor, mag-aadbokasiya ako para sa pagpopondo sa kalusugan ng isip, gagawing makatao ang pagharap sa kawalan ng tahanan, at pasisimplehin ang pagpapaplano at zoning sa SF at nang maging mas episyente ang proseso. Sa pamamagitan ng pagbabawas sa red tape (labis-labis na mga patakaran), layunin kong magkaroon ng mabibilis na solusyon sa ating maiigting na pangangailangan sa pabahay.

Dahil hindi ako career politician, o politikong ang pangunahing trabaho ay pagtakbo para sa katungkulan, bagkus miyembro ng komunidad na may dedikasyon, maghahatid ako ng bagong mga perspektiba at epektibong mga solusyon.

Kapag nahalal ako, aktibo akong magtatrabaho upang mapawalang-bisa ang Prop 47 at ang Prop 19, ang "Death-Tax (buwis na babayaran sa mana)"

Hindi ko lamang hinihiling ang inyong boto; hinahangad ko ang pakikipag-partner sa inyo tungo sa pagtatayo ng mas ligtas, mas malusog, at mas masaganang San Francisco.

Sumasainyo,

*Manuel Noris-Barrera*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Asembleya ng Estado, Distrito 19

## David E. Lee

**Ang aking trabaho ay** Edukador ukol sa mga Karapatang Sibil.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Kailangan na ng San Francisco ng pagbabago ngayon.

Ipinanganak ako at lumaki sa San Francisco, at hindi maitatangging naging lalong masama ang kalidad ng ating buhay. Masyadong nangangamba ang mga politiko na gumawa ng mahihirap na pagpapasyang kinakailangan upang maayos ang ating lungsod.

Hindi ako.

Bilang tagalabas, ipaglalaban ko kayo. Maririnig ang inyong boses. Magtatrabaho ako upang matugunan ang pinakamahahalagang usapin na kinakaharap ng ating komunidad:
- paghusayin ang kaligtasan ng publiko,
- tanggalin ang kawalan ng tahanan at paninirahan sa lansangan,
- palawakin ang malilinis at maaasahang pampublikong transportasyon,
- lumikha ng abot-kayang pabahay,
- tiyakin ang paggamot sa mga may karamdaman sa isip o problema sa adiksiyon,
- bawasan ang greenhouse emissions (paglalabas ng mga kemikal na masama sa kapaligiran), at
- lumaban para sa abot-kayang pampublikong edukasyon para sa lahat.

Bilang edukador, nakapagturo na ako sa SF State University at sa Laney College. Bilang lider ng nonprofit para sa mga karapatang sibil sa loob ng 20 taon, nabigyang-lakas ko na ang komunidad sa pamamagitan ng edukasyon sa mga botante at pag-abot sa nakararami sa kanila.

Sa pamamagitan ng inyong suporta, makikipaglaban ako para sa lipunang patas at may katarungan sa pagkakapantay-pantay para sa lahat ng taga-California at makikipaglaban para sa pagbabago. Ikinararangal kong makuha ang pag-endoso ng/ni:

California Faculty Association (Asosasyon ng mga Guro ng California)
California School Employees Association (Asosasyon ng mga Empleyado ng Paaralan sa California)
Phil Ting, Miyembro ng Asembleya
Anthony Rendon, Miyembro ng Asembleya at Dating Speaker (Tagapangasiwang Opisyal)
Mark Leno, Dating Senador ng Estado
Quentin, Dating Senador ng Estado
Connie Chan, Superbisor
Lena Tam, Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng Alameda County
Norman Yee, Dating Presidente, Board of Supervisors
Matt Gonzalez, Dating Presidente, Board of Supervisors
Jane Kim, Dating Superbisor
Sandra Lee Fewer, Dating Superbisor
Mabel Teng, Dating Superbisor
Vick Chung, Trustee ng CCSF
Anita Martinez, Trustee ng CCSF
Susan Soloman, Trustee ng CCSF
Hukom Lillian Sing (retirado)
Hukom Julie Tang (retirado)
Henry Der, Lider para sa mga Karapatang Sibil

Samahan kami sa www.davidleeforassembly.com

*David E. Lee*

## Catherine Stefani

**Ang aking trabaho ay** Superbisor, Lungsod at County ng San Francisco.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Tumatakbo ako para sa Asembleya upang lumaban para sa mas ligtas na California para sa ating lahat.

Hindi ito pangakong walang katuparan — may rekord ako na magpapatunay dito. Bilang dating taga-usig, nag-aadbokasiya sa kabuuan ng bansa upang mapigil ang karahasang dulot ng baril, at bilang ina, hindi ako natitinag sa aking pananagutang makibaka para sa mas ligtas na mga komunidad, mas malilinis na kalye, at abot-kayang pabahay upang matugunan ang ating krisis sa kawalan ng tahanan. Bilang Superbisor, pararamihin ko ang mga kawani ng pulisya, mas mahigpit na uusigin ang mga nanloloob sa sasakyan, at palalawakin ang mga pamamaraan upang magkaroon ng mga serbisyo sa adiksiyon. Itinatag ko ang Tsapter sa San Francisco ng Moms Demand Action (Mga Ina na Humihiling ng Aksiyon) at nakapagpasa ng komprehensibong mga batas na nauukol sa kaligtasan mula sa paggamit ng baril, kasama na ang kauna-unahang pagbabawal sa ghost guns (hindi rehistradong mga baril). Nakakuha ako ng pag-apruba para sa 1,000 tahanan na mixed-use (marami ang mapaggagamitan) at para sa mga pamilyang mababa ang kita at matatanda. Nakapagpasa na ako ng komprehensibong batas laban sa korupsiyon at sinuportahan ko ang pinamunuan ng komunidad na pagre-recall (pagpapaalis sa katungkulan) at nang mapanagot ang lupon ng mga paaralan at ang abugado ng distrito.

Ngayon, handa na akong dalhin ang laban sa Asembleya ng Estado. Doon, mahigpit kong hihilingin ang mga rekursong kinakailangan natin upang malabanan ang malawakang pagbebenta ng droga sa labas ng gusali at sa ating mga kalye, sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mas matitinding parusa para sa mga nagbebenta ng fentanyl. Magtatrabaho ako upang mapasimple ang pagbibigay ng permit at nang makagawa ng mas maraming tahanan para sa mga pamilyang mababa at panggitna ang kita, at makikipaglaban para sa mas mahuhusay na paaralan na makahihikayat at makapagpapanatili sa may talentong mga edukador at makapaghahandog ng mga programang kinakailangan ng ating mga anak upang magtagumpay. At hinding-hindi ako aatras mula sa pagprotekta sa ating mga karapatang nauukol sa reproduksiyon.

Bilang inyong Miyembro ng Asembleya, palagi akong lalaban para sa ating mga pinahahalagahan. Ikinararangal kong makuha ang suporta mula sa California Democratic Party (Partido Demokratiko ng California), California Building and Construction Trades Council (Konseho para sa Pagtatayo ng mga Gusali at Pangangalakal sa San Francisco), SEIU California, California Professional Firefighters (Propesyunal na mga Bumbero ng California), Kongresista Kevin Mullin, Tesorero Fiona Ma, Senador ng Estado Scott Wiener at mga lider ng komunidad sa Daly City, South San Francisco, Colma, at San Francisco.

Alamin pa ang tungkol dito sa VoteCatherineStefani.com

*Catherine Stefani*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg. 1

## Michael Isaku Begert

**Ang aking trabaho ay** Hukom ng Korte Superyor ng San Francisco.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Hinihiling kong muling mahalal bilang Hukom ng Korte Superyor ng San Francisco. Sa loob ng 13 taon, napamahalaan ko na ang mga sibil at kriminal na paglilitis, batas ng pamilya, ang mga hukumang nauukol sa kabataang inabandona o inabuso at kabataang lumabag sa batas, trapiko, mga apela, at treatment courts (hukumang para sa interbensiyon sa mga indibidwal na gumagamit ng droga o may kapansanan sa isip). Poprotektahan ko ang kaligtasan ng publiko at igagalang ang dignidad ng lahat.

Pinalaki ako sa maliit na bayan ng aking migrante na Asyanang ina at ng aking ama na 20 taong Beterano ng US Air Force. Pumasok ako sa mga pampublikong paaralan, kumita ng pera sa pamamagitan ng pamimitas ng mga berry, paglilinis ng mga lugar kung saan may konstruksiyon, at pagbebenta ng hardware at pambatang mga sapatos. Bilang ama na ipinagmamalaki ang tatlong anak, natutunan ko nang iangat ang ibang tao, habang pinapanagot din sila.

Nakaranas na ako ng pandarahas, pagnanakaw, at panloloob ng tahanan. Bilang Hukom ng Veterans Justice Court (Hukuman para sa mga Kaso ng Beterano), CARE Court (Hukuman para sa mga May Kapansanan sa Isip), at Drug Court (Hukuman para sa mga Humaharap sa mga Kasong Kaugnay ng Droga), nasaksihan ko na ang mga epekto ng trauma o matitinding karanasan, adiksiyon, kahirapan, rasismo, at kapansanan sa isip. Nagkakaloob ang mga hukumang ito ng pabahay, pag-eempleyo, at paggamot para sa kalusugan ng isip/paggamit sa droga at iba pang sangkap, na nakapagpapabago ng mga buhay at nang sa gayon, maging mas ligtas ang San Francisco.

Sama-sama tayong magtrabaho para sa masigla, ligtas, at malusog na San Francisco.

Mga Pag-eendoso (hindi kompletong listahan/ID*):
45 Hukom ng Superior Court (Korte Superyor) ng San Francisco
Scott Wiener, Senador ng Estado
Matt Haney, Miyembro ng Asembleya ng Estado
Phil Ting, Miyembro ng Asembleya ng Estado
Fiona Ma, Tesorero ng Estado
Paul Miyamoto, Sheriff ng San Francisco
Hukom Lillian Sing (retirado)
Hukom Julie Tang, (retirado)
Mga Superbisor ng San Francisco Aaron Peskin, Myrna Melgar, Hillary Ronen, Connie Chan, Shamann Walton, Dean Preston
Dennis Herrera, Dating Abugado ng Lungsod ng San Francisco
Art Agnos, Dating Mayor
Mark Leno, Dating Senador ng Estado
Dale Minami, Kasamang Tagapagtatag ng Asian Law Caucus
Eva Paterson, Kasamang Tagapagtatag ng Equal Justice Society (Samahan para sa Pagkakapantay-pantay sa Katarungan)*
Lateefah Simon, Miyembro ng Lupon ng BART*
Suzy Loftus, Dating Abugado ng Distrito*
Harvey Milk LGBTQ Democratic Club (Samahang Demokratiko na Harvey Milk LGBTQ)
California Asian Pacific American Judges Association (Asosasyon ng mga Hukom na Asyano Pasipiko Amerikano sa California) PAC

Mangyaring iboto si Hukom Begert.
www.judgebegert.com

*Michael Isaku Begert*

## Chip Zecher

**Ang aking trabaho ay** Abugado.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Si Chip Zecher para sa Hukom ng Korte Superyor.

Bilang nagtatrabahong abugado magmula pa noong 1990, alam ko ang kahulugan ng pagiging naroroon sa hukuman, naghahatid ng katarungan, at gumagawa ng mahihirap na pagpapasya. Bilang Hukom, maghahatid ako ng pananagutan sa ating Criminal Justice System (Sistema ng Pagpapatupad at Pagpapanagot sa Batas), magpapanumbalik ng tiwala sa ating mga korte, at magtataguyod ng kaligtasan ng publiko.

Nagsimula ako bilang abugadong mananaliksik sa Korte Superyor ng SF bago ako nagtrabaho bilang abugado para sa mga kasong sibil sa kabuuan ng Bay Area. Magmula noong 2008, nakapagtrabaho na ako bilang abugado ng mga korporasyon para sa panteknolohiyang mga kompanya.

Noong 2019, itinalaga ako ni Governor Newsom sa Board of Directors (Lupon ng mga Direktor) ng University of California Law SF na nasa Tenderloin. Araw-araw na dumaranas ang aming komunidad ng lantarang pagbebenta ng droga at ng mararahas na mga krimen. Alam ko ang pagkawasak na inihahatid nito, kasama na ang mga pagkamatay nang dahil sa labis-labis na paggamit ng fentanyl. Ibinunsod ng mga hamon na ito ang aking pagtakbo upang maging Hukom sa Korte Superyor.

Naihanda na ako ng aking karanasan bilang abugado, miyembro ng lupon ng unibersidad, propesor ng mga batas na nauukol sa konstitusyon, at sibikong lider sa paglilingkod bilang Hukom, pagkakaloob ng pantay na proteksiyon sa ilalim ng batas, at pangangalaga sa kaligtasan ng publiko.

www.ChipforSFjudge.com

Inendoso nina:
Mary Jung, Dating Tagapangulo ng SF Democratic Party
Retiradong Hukom Quentin Kopp
Frank Noto, Presidente ng Stop Crime SF (Itigil ang Krimen SF)

*Chip Zecher*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Hukom ng Korte Superyor, Katungkulan Blg. 13

## Jean Myungjin Roland

**Ang aking trabaho ay** Katuwang na Abugado ng Distrito.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Sa loob ng 23 taon, naglingkod ako bilang Taga-usig sa District Attorney's Office (Opisina ng Abugado ng Distrito) kung saan nagsakdal ako ng mga kriminal na kasong nauukol sa Karahasan sa Tahanan, Karahasan ng mga Gang, Pang-aabuso sa Matatanda, Droga at Pangkalahatang Paglabag sa Batas.

Ipinanganak ako sa Korea at nagpunta ako sa Amerika noong isang taong gulang pa lamang. Lumaki ako sa San Francisco kasama ang aking pamilya, na masipag na nagtrabaho araw-araw upang magkaroon ng bagong buhay. Pumasok ako sa West Portal Lutheran at sa Lowell High School at ngayon, nasa mga lokal na paaralan na ng San Francisco ang aking sariling mga anak.

Humaharap ang San Francisco sa ilang hamon at gumaganap ng mahalagang papel ang sistemang panghukuman sa pampublikong kaligtasan sa pamamagitan ng pagtitiyak na nasusunod ang lahat ng batas, at na may naaangkop na pagpapanagot sa lahat ng may kaugnayan sa sistema. Kailangang balansehin ng mga hukom ang kaligtasan ng publiko, pagpapanagot at pagdamay sa kapwa. Sa kabuuan ng aking karera, nakapagrepaso na ako ng libo-libong kaso at nakagawa ng mahihirap na pagpapasya. Isinagawa ko ang bawat pagpapasya sa pamamagitan ng pagtitimbang ng ebidensiya at nang may maingat na pagsasaalang-alang sa lahat ng kasangkot. Dadalhin ko ang ganito ring pamamaraan sa ating Korte Superyor bilang Hukom.

Mapagkumbaba kong hinihiling ang inyong boto.

Jean Myungjin Roland

www.JeanforJudge.com

Inendoso nina:
Mary Jung, Dating Tagapangulo ng San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko ng San Francisco)
Retiradong Hukom Quentin Kopp
Frank Noto, Presidente ng Stop Crime SF (Itigil ang Krimen SF)

*Jean Myungjin Roland*

## Patrick S. Thompson

**Ang aking trabaho ay** Hukom ng Korte Superyor.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:** Ang mga hukumang napatatakbo nang mahusay ang siyang pundasyon ng mas ligtas na San Francisco - iyan ang dahilan kung bakit pinatatakbo ko ang aking hukuman nang "by the book (nakabatay sa mga tuntunin)" na nakatuon sa batas, at hindi kailanman sa politika.

Hindi ako sumusunod sa kagustuhan ng mga akusado. Hindi ako sumusunod sa kagustuhan ng mga tagapagtanggol na abugado. Hindi ako sumusunod sa kagustuhan ng mga taga-usig. Itinatakda ko ang pagsunod sa batas sa lahat ng nasa aking hukuman.

Nakapaglingkod na ako sa komunidad bilang Tagapangulo ng California Pacific Medical Center, na nagtatrabaho upang mapalawak ang pangangalaga sa kalusugan sa mga komunidad na dating hindi nakatatanggap ng sapat na serbisyo. Bilang miyembro ng lupon ng Grace Cathedral, naghatid ako ng nakabatay sa mga pinahahalagahan na edukasyon sa pre-school sa mga estudyanteng mula sa lahat ng antas ng kita. Bilang abugado, nahawakan ko na ang pinakakomplikado na mga kasong legal bago itinalagang Hukom ni Gobernador Gavin Newsom.

Nakaranas na ako ng krimen at personal kong naiintindihan ang mga pag-aalala ukol sa kaligtasan. Bilang Itim na lalaki, naranasan ko na ang pait ng hindi patas na pagtrato. Naniniwala akong ang sagot sa pagpapababa ng krimen at sa pag-aangat sa bawat komunidad, ay ang lubusang pagiging patas sa harap ng batas.

Ikinararangal kong makuha ang suporta ng mga naniniwalang nauuna ang batas bago ang politika, tulad nina dating Hukom Anthony Kline, Hukom Vaughn Walker, labing-anim na dating presidente ng Bar Association (Asosasyon ng mga Abugado), mahigit sa 30 hukom sa mga korteng naglilitis at hukom sa nakatataas na mga korte, Amos Brown na pastor ng Third Baptist Church, at Sheriff Paul Miyamoto.

Pakisuportahan ang paglalagay sa batas bago ang politika sa www.JudgeThompson.com

*Patrick S. Thompson*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Nangangailangan ang San Francisco ng mga Manggagawa sa Lugar ng Botohan para sa Marso 5 at Nobyembre 5 na mga Eleksyon!

## Kami dito sa Departamento ng mga Eleksyon ay inaanyayahan kayong sumali sa aming San Francisco Poll Worker Team para sa Marso 5 at Nobyembre 5, 2024 na mga Eleksyon!

Ang mga poll worker o manggagawa sa lugar ng botohan ang mga boluntaryo na tumutulong sa pangangasiwa sa pagboto sa mga lugar ng botohan sa komunidad sa Araw ng Eleksyon. Kasama sa kanilang responsibilidad ang pag-set up at pagsara ng lugar ng botohan, pag-check in sa mga botante gamit ang listahan sa presinto, pagsagot sa tanong ng mga botante, at pagbibigay ng mga materyales tulad ng mga balota, form para sa pagpaparehistro ng botante, at ang "Bumoto Ako!" na mga sticker.

Para sa kanilang isang araw na serbisyo, makatatanggap ang mga poll worker ng sahod mula $225 hanggang $295, pati na rin ang nakokolektang pin na espisipiko sa bawat eleksyon bilang pagkilala sa kanilang pagsisikap.

Para sa maraming indibidwal, makabuluhang paraan ng pagbibigay tulong sa kanilang komunidad ang pagsisilbi bilang poll worker. Sa katunayan, nagboluntaryo na ang ilang manggagawa sa botohan sa San Francisco sa mahigit 50 na eleksyon! Ang Departamento ng mga Eleksyon ay nagpapasalamat sa maraming mga boluntaryo na nangakong tutulong sa amin na isagawa ang paparating na mga eleksyon.

## Umaasa kami na kayo rin ay makasasama sa amin para mapaglingkuran ang ating Lungsod!

**Para mag-apply, mangyaring bumisita sa *sfelections.org/pwvip* o tumawag sa (415) 554-4395 o i-scan ang code sa inyong kanan.**

# Matutulungan namin kayo: Tulong sa wikang Filipino

Alinsunod sa mga pampederal at pang-estadong batas tungkol sa language access, nagkakaloob ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga materyales at tulong sa mga wikang Tsino, Espanyol, at Filipino, pati na sa Ingles. Patuloy na binibigyang prayoridad ng Departamento ang programa nitong multilingual, at ang pagpapahusay ng serbisyo nito sa lahat ng botante, kabilang na ang mga may limitadong kahusayan sa wikang Ingles. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa *sfelections.org* o tumawag sa (415) 554-4310.

## Libreng mga Klase sa Ingles

Ang mga taong gustong matuto ng English as a Second Language (Ingles bilang Pangalawang Wika, ESL) ay maaaring pumunta o tumawag sa sumusunod na mga opisina para makakuha ng impormasyon tungkol sa libreng mga klase:

**City College of San Francisco** ***ccsf.edu/esl***

**Civic Center Campus**
1170 Market Street.............................................. (415) 561-1875

**Chinatown / North Beach Campus**
808 Kearny Street .............................................. (415) 395-8600 o (415) 395-8621

**Downtown Campus**
88 4th Street.............................................. (415) 267-6500 o (415) 267-6543

**Evans Campus**
1400 Evans Avenue .............................................. (415) 550-4440

**John Adams Campus**
1860 Hayes Street.............................................. (415) 561-1835 o (415) 561-1836

**Mission Campus**
1125 Valencia Street..............................................(415) 920-6000 o (415) 920-6067

**Ocean Campus**
50 Frida Kahlo Way.............................................. (415) 239-3427 o (415) 239-3003

**Southeast Campus**
1800 Oakdale Avenue.............................................. (415) 550-4344

# Mga Salitang Kailangan Ninyong Malaman

## Mula sa Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**100% Abot-kayang Pabahay:** Itinuturing na 100% Abot-kayang Pabahay ang gusali kung nakatuon ang lahat ng unit nito sa pabahay sa mga kabahayang Lubhang mababa, Napakababa, Mas mababa at/o Katamtaman ang Kita at, batay sa mga itinatakdang pangangailangan para sa pagpopondo ng estado at/o lokal na gobyerno, hindi dapat tataas sa 80% ng panggitnang kita ang karaniwang kita para sa lahat ng unit. *(Bond o Utang ng Gobyerno)*

**Abot-kayang Pabahay para sa Kabahayang Lubhang Mababa ang Kita:** Mga unit sa pabahay na abot-kayang bayaran ng mga kabahayang lubhang mababa ang kita. Kuwalipikado ang kabahayan bilang lubhang mababa ang kita kung kumikita ito ng hanggang 30% ng panggitnang kita. *(Bond)*

**Abot-kayang Pabahay para sa Kabahayang Napakababa ng Kita:** Mga unit sa pabahay na abot-kayang bayaran ng mga kabahayang napakababa ng kita. Kuwalipikado ang kabahayan bilang napakababa ng kita kung kumikita ito ng hanggang 50% ng panggitnang kita. *(Bond)*

**Abot-kayang Pabahay para sa Kabahayang Mas Mababa ang Kita:** Mga unit sa pabahay na abot-kayang bayaran ng mga kabahayang mas mababa ang kita. Kuwalipikado ang kabahayan bilang mas mababa ang kita kung kumikita ito ng hanggang 80% ng panggitnang kita. *(Bond)*

**Abot-kayang Pabahay para sa Kabahayang Katamtaman ang Kita:** Mga unit sa pabahay na abot-kayang bayaran ng mga kabahayang katamtaman ang kita. Kuwalipikado ang kabahayan bilang katamtaman ang kita kung kumikita ito ng hanggang 120% ng panggitnang kita. *(Bond)*

**Panggitnang Kita:** Ang antas ng kita na inilathala ng Mayor's Office of Housing and Community Development (Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pag-unlad ng Komunidad) para sa San Francisco na nakabatay ang bahagi sa lahat ng kita na nakuha sa loob ng Metro Fair Market Rent Area (Mga Lugar na Sakop ng Makatarungang Singil sa Upa para sa Lungsod) ng United States Department of Housing and Urban Development (Departamento para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng mga Lungsod ng Estados Unidos) kung saan nakapaloob ang San Francisco, at iniaayon ito batay sa historikal na karaniwang pagtaas ng kita sa San Francisco. Sa 2023, ang panggitnang kita para sa mga sumusunod na porsiyento at laki ng pamilya ay ang mga sumusunod:

| | 1 Katao | 2 Katao | 3 Katao | 4 Katao |
|---|---|---|---|---|
| 30% ng Panggitnang Kita (Lubhang Mababa ang Kita) | $30,250 | $34,600 | $38,900 | $43,250 |
| 50% ng Panggitnang Kita (Napakababa ng Kita) | $50,450 | $57,650 | $64,850 | $72,050 |
| 80% ng Panggitnang Kita (Mas Mababa ang Kita) | $80,700 | $92,250 | $103,750 | $115,300 |
| 120% ng Panggitnang Kita (Katamtaman ang Kita) | $121,000 | $138,350 | $155,650 | $172,900 |

*(Bond)*

**Amyendahan:** Baguhin. *(Pagkakaroon ng Prinsipyo o Ethics, Transfer Tax o Buwis sa Paglilipat ng Ari-arian, Pagpopondo sa Pulisya)*

**Naangkop na Programa para sa Paggamot:** Programa para sa medikal na paggamot na tutugon sa mga pangangailangan ng pasyente para sa rehabilitasyon. *(CAAP)*

**Bond (Utang ng Gobyerno):** Ang bond ay pangako ng Lungsod na babayaran ang inutang na pera, nang kasama ang interes, bago sumapit ang nakatakdang petsa. Kung kailangan ng Lungsod na makakalap ng malaking halaga ng pera upang makapagbayad para sa isang aklatan, linya ng alkantarilya, paaralan, ospital o iba pang proyekto o programa, maaari itong umutang ng pera sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bond. (Tingnan din ang "General Obligation Bond o Utang ng Estado o Lokal na Gobyerno"). *(Bond)*

**Panunuhol (kasalukuyan):** Ang pag-aalok, pagbibigay o pagtanggap ng anumang regalo upang maimpluwensiyahan ang mga aksiyon ng opisyal ng gobyerno, nang labag sa batas. *(Pagkakaroon ng Prinsipyo)*

**Panunuhol (kung ipapasa ang panukalang-batas):** Ang pag-aalok, pagbibigay, pagtanggap o paghingi ng anumang bagay na may halaga upang maimpluwensiyahan ang mga aksiyon ng opisyal ng gobyerno, nang labag sa batas. *(Pagkakaroon ng Prinsipyo)*

**Pagpipinansiya sa Kampanya:** Ang pera o iba pang kaloob na tulong na ibinibigay ng mga tao upang masuportahan ang indibidwal na tumatakbo para sa politikal na katungkulan. *(Pagkakaroon ng Prinsipyo)*

**Tsarter:** Ang Tsarter ang Konstitusyon ng Lungsod na pinagtibay na ng mga botante ng San Francisco, at may kaugnayan ito sa paraan ng pamamahala sa Lungsod. Mababago lamang ang Tsarter sa pamamagitan ng mayorya ng mga boto na ibinigay sa San Francisco. *(pangkalahatan)*

**Pag-amyenda sa Tsarter:** Ang pagbabago sa Tsarter ng Lungsod. Ang Tsarter ang Konstitusyon ng Lungsod. Mababago lamang ang Tsarter sa pamamagitan ng mayorya ng mga botong ibinigay. *(Pagpopondo sa Pulisya)*

**Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga General Obligation Bond):** Ang pangkat na may siyam na miyembro at sumusubaybay sa paggamit ng Lungsod ng mga pondong nakuha sa pamamagitan ng paglalabas ng general obligation bonds. Itinatalaga ang mga miyembro ng komiteng ito ng Mayor, Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at ng Civil Grand Jury (Pinakamataas na Hukumang Sibil). *(Bond o Utang ng Gobyerno)*

**County Adult Assistance Program (Programa ng County para sa Pagtulong sa mga Nasa Hustong Gulang, CAAP):** Programa ng gobyerno sa pagtulong, kung saan itinatakda sa bawat county sa California, kasama na ang San Francisco, na magkaloob ng ilang benepisyo sa mahihirap na residenteng hindi kuwalipikado para sa iba pang programa ng gobyerno sa pagkakaloob ng benepisyo. (CAAP)

**Drone:** Kagamitang lumilipad na nakokontrol nang malayuan at may mga kamera o sensor na may kakayahang maghatid ng video at litrato sa mga indibidwal na kumokontrol nito sa panahon ding iyon, at nakakapagrekord din ito ng video at litrato upang mapanood o makita sa ibang panahon. *(Mga Patakaran ng Pulisya)*

**Maagang Pagboto:** Ang pagboto nang personal sa City Hall (Munisipyo) bago ang Araw ng Eleksyon o pagpapadala sa koreo ng balotang vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo) bago ang Araw ng Eleksyon. *(pangkalahatan)*

**Ethics Commission (Komisyon para sa mga Pamantayan sa Paggampan ng Gawain):** Komisyong may limang miyembro at may responsibilidad para sa pamamahala, pagbibigay ng interpretasyon at pagpapatupad sa mga batas ng Lungsod na nauukol sa mga prinsipyo, kasama na ang mga batas para sa pangangasiwa ng mga kontribusyon sa mga kampanya, magkasalungat na mga interes, lobbyists (binabayaran upang maimpluwensiyahan ang mga mambabatas), mga tagapayo sa kampanya, whistleblowing (pagbibigay ng impormasyon ukol sa ilegal na gawain), pampublikong rekord at pampublikong pulong. Itinatalaga ang mga miyembro ng Mayor, Board of Supervisors, Abogado ng Lungsod, Abogado ng Distrito at ng Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala). *(Pagkakaroon ng Prinsipyo)*

**Entidad:** Isang organisasyon, tulad ng kompanya, pakikisosyo, o nonprofit. *(Pagkakaroon ng Prinsipyo)*

**Facial Recognition Technology (Teknolohiyang Nauukol sa Pagkilala ng Mukha):** Prosesong automated (gumagamit ng makinarya o electronics) o may bahaging automated na tumutulong sa pagtukoy o pagpapatotoo sa indibidwal batay sa mukha ng indibidwal. *(Mga Patakaran ng Pulisya)*

**Pondohan nang Ganap:** Tulad ng pagkakagamit sa Proposisyon B, nangangahulugan ito ng pag-amyenda ng mga botante sa kasalukuyang buwis o pagpapasa sa bagong buwis sa halagang sapat upang ganap na mabayaran ang minimum na bilang ng full-time na mga pulis at ang halaga ng pondo para sa pagrerekrut ng mga pulis, batay sa itinatakda ng gayong Proposisyon. *(Pagpopondo sa Pulisya)*

**General Fund (Pangkalahatang Pondo):** Ang bahagi ng badyet ng Lungsod na maaaring magamit para sa anumang layunin ng Lungsod, kasama na ang pangkalahatang paggamit ng gobyerno. Nanggagaling ang pera para sa General Fund mula sa mga buwis at singil sa ari-arian, negosyo, pagbebenta at iba pang pinagkukunan. *(Transfer tax o Buwis para sa paglilipat ng ari-arian)*

**General Obligation Bond (utang ng estado o lokal na gobyerno):** Ang pangako na ibinibigay ng entidad ng gobyerno na babayaran ang inutang na pera, kasama na ang interes nito, sa pagdaan ng panahon, pagdating ng tiyak na petsa. Binabayaran ng entidad ng gobyerno ang inutang na pera, kasama ang interes nito, sa pamamagitan ng buwis sa ari-arian, at kung kinakailangan, maaari nitong taasan ang buwis sa ari-arian upang mabayaran ang bond. Kailangang aprubahan ng mga botante ng San Francisco sa pamamagitan ng botong two-thirds (dalawa sa tatlong bahagi) ang mga panukalang-batas ukol sa general obligation bond. *(Bond)*

**Boto ng Mayorya:** Para sa Board of Supervisors, nangangahulugan ang boto ng mayorya sa Proposisyon D at ng Proposisyon E ng boto na 6 mula sa 11 miyembro. Para sa Ethics Commission, nangangahulugan ang boto ng mayorya sa Proposisyon D ng boto na 3 mula sa 5 miyembro.

**Multang Pera:** Ang halaga ng pera, na sa pangkalahatan ay may nakatakda na pinakamataas nang posibleng halaga, na maaaring iutos na bayaran ng indibidwal bilang parusa sa paglabag sa batas. *(Pagkakaroon ng Prinsipyo)*

**Ordinansa:** Lokal na batas na ipinasa ng Board of Supervisors o ng mga botante. *(pangkalahatan)*

**Property Tax (Amilyar):** Ang buwis batay sa pagtatasa ng Lungsod sa mga gusali at lupain. *(Transfer tax)*

**Proposisyon:** Anumang panukalang-batas na isinumite sa mga botante para sa kanilang pag-apruba o hindi pag-apruba. *(pangkalahatan)*

**Probisyonal na Balota:** Ang balotang inihuhulog sa lugar ng botohan na hindi bibilangin hanggang sa mapatotohanan ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ang pagiging kuwalipikado ng botante na bumoto sa balotang iyon. *(pangkalahatan)*

**Kuwalipikadong Kandidato na Write-in (Isinusulat ang Pangalan):** Ang indibidwal na nakompleto na ang kinakailangang papeles at lagda upang maisama bilang kandidatong write-in. Bagamat hindi nakalagay sa balota ang pangalan ng indibidwal na ito, maaaring iboto ng mga botante ang indibidwal na ito sa pamamagitan ng pagsulat sa pangalan ng indibidwal sa espasyo sa balota na ipinagkakaloob para sa mga botong write-in at ng pagtalima sa mga espesipikong instruksiyon para sa balota. Binibilang lamang ng Department of Elections ang mga botong write-in para sa mga kuwalipikadong write-in na kandidato. *(pangkalahatan)*

**Botong Supermajority (Espesipikong Boto ng Mayorya na Kailangan):** Para sa Board of Supervisors, nangangahulugan ang botong supermajority sa Proposisyon D at sa Proposisyon E ng boto na 8 mula sa 11 miyembro. Para sa Ethics Commission, nangangahulugan ang botong supermajority sa Proposisyon D ng boto na 4 mula sa 5 miyembro.

**Teknolohiya para sa Pagmamanman:** Software (programa sa kompyuter), mga elektronikong kagamitan, o iba pang elektronikong kasangkapan na dinisenyo para sa pangongolekta at pag-iimbak ng impormasyon. *(Mga Patakaran ng Pulisya)*

**Transfer tax (Buwis para sa Paglilipat ng Ari-arian):** Buwis na nauukol sa pagpapasa ng ari-arian mula sa isang indibidwal o entidad tungo sa isa pa. *(Transfer tax)*

**Balotang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo):** Mga balotang ipinadadala sa koreo sa botante o ibinibigay nang personal sa mga botante sa Departament of Elections. Maaaring ipadala sa pamamagitan ng koreo ang mga balotang vote-by-mail sa Departament of Elections, isumite bago o sa Araw ng Eleksyon sa opisina ng Department of Elections sa City Hall o sa City Hall Voting Center (Sentro ng Botohan), o isumite sa Araw ng Eleksyon sa anumang lugar ng botohan sa California. Kilala rin ito bilang absentee ballot (balotang ipinadadala sa pamamagitan ng koreo). *(pangkalahatan)*

# Basahin itong pamplet online

Basahin itong pamplet online sa **voterguide.sfelections.org** o i-scan ang code sa ibaba.

# Impormasyon tungkol sa mga Lokal na Panukalang-batas na nasa Balota at mga Argumento

**Alinsunod sa lokal na batas, nilalaman ng pamplet na ito ang sumusunod na impormasyon tungkol sa mga lokal na panukalang-batas:**

1. Pagkilala sa bawat panukalang-batas sa pamamagitan ng letra at titulo,
2. Pahayag o tanong ng City Attorney (Abugado ng Lungsod),
3. Buod o digest ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota),
4. Pagsusuri ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya ng Lungsod) tungkol sa epekto sa pananalapi,
5. Paliwanag kung paano naging kuwalipikadong mailagay sa balota ang panukalang-batas,
6. Mga argumentong isinumite sa Departamento.
7. Legal na teksto (para sa legal na teksto, tingnan ang Ingles na bersiyon ng pamplet na ito), at
8. Anumang karagdagang impormasyon na hinihingi ng San Francisco Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon, SFMEC) §500.

**Maaaring ibigay ang mga sumusunod na argumento para sa lokal na panukalang-batas:**

1. Isang argumento ng may-panukala (pabor sa panukalang-batas), na pinili ayon sa SFMEC §545 at nakalimbag nang walang bayad,
2. Isang argumento ng katunggali (laban sa panukalang-batas), na pinili ayon sa SFMEC §545 at nakalimbag nang walang bayad,
3. Isang sagot sa argumento para sa bawat argumento ng may-panukala at katunggali ng panukalang-batas, pinili ayon sa SFMEC §550 at nakalimbag nang walang bayad.
4. Anumang may bayad na argumeto na nai-sumite alinsunod sa SFMEC §555-570. (Maililimbag nang magkasama sa pangunahing Ingles na bersiyon ng pamplet ang lahat ng may bayad na argumento na pabor sa panukalang-batas, kasunod ng mga may bayad na argumento na laban sa panukalang-batas. Lahat ng argumento ay pawang opinyon ng mga may-akda at inililimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite, kasama na ang anumang kamalian sa pagta-type, spelling, o grammar).

## Bumisita sa aming website

Bumisita sa **sfelections.org** o i-scan ang code sa kanan upang matuto pa tungkol sa pagboto sa San Francisco!

# Pangkalahatang Buod ng Utang ng San Francisco

## Ano ang Bond Financing (Pamumuhunan sa Pamamagitan ng mga Bond)?

Ang bond financing ay isang uri ng pangmatagalang-panahon na pangungutang na ginagamit para makalikom ng pera para sa mga proyekto, na binabayaran na agad at ibinabalik sa mga investor o namumuhunan sa loob ng mas mahabang panahon. Tumatanggap ng pera ang Lungsod sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bond sa mga namumuhunan. Kailangang bayaran ng Lungsod ang halagang inutang at ang tubo sa mga namumuhunang iyon. Ang perang nalikom mula sa pagbebenta ng mga bond ay ginagamit na pambayad para sa malalaking capital project (mga proyektong pangmatagalan na nakatuon sa mga ari-arian) tulad ng mga estasyon ng mga bombero at pulis, programa ng abot-kayang pabahay, ospital, aklatan, parke, at iba pang pasilidad ng lungsod. Ginagamit ng Lungsod ang bond financing sapagkat tatagal ang mga capital project na ito nang maraming taon at kailangang bayaran sa loob ng takdang panahon ng mga residente ng San Francisco na makikinabang din sa pagdaan ng panahon nang dahil sa mga pagpapahusay na kaugnay ng mga proyektong ito. Bukod rito, mahirap bayaran nang isang bagsakan ang malalaking dolyar na gastos ng mga proyektong ito.

### Mga Uri ng Bond

Mayroong dalawang pangunahing uri ng bond – General Obligation at Revenue.

### General Obligation Bond (Bond para sa Pangkalahatang Obligasyon)

General Obligation Bond (Bond para sa Pangkalahatang Obligasyon) ay ginagamit na pambayad sa mga proyektong nakabubuti sa mga mamamayan ngunit hindi kumikita (halimbawa, hindi itinatayo ang mga estasyon ng pulis o ang mga parke na may kakayahang mismong magbayad sa mga pagkakautang sa sarili nila). Kapag naaprubahan at napagbili ang mga general obligation bond, mga buwis sa ari-arian ang ipinambabayad sa mga ito. Kailangang aprubado ang mga general obligation bond na ilalabas ng Lungsod ng two-thirds (dalawang-katlo) ng mga botante.

### Revenue Bond (Bond na Kumikita)

Ang mga Revenue Bond (Bond na Kumikita) ay ginagamit na pambayad sa mga proyekto tulad ng mahahalagang pagpapahusay sa isang paliparan, sistema ng patubig, garahe o iba pang malalaking pasilidad na kumikita. Kapag naaprubahan at naipagbili ang mga revenue bond, ang mga ipinambabayad sa mga ito ay karaniwang mula sa mga kinita ng mga proyektong pinamuhunan ng bond, halimbawa, mga singil sa paggamit o singil sa paradahan. Dapat aprubahan ang mga revenue bond ng Lungsod ng boto ng mayorya, at napapasailalim sa ilang pagbubukod; gaya halimbawa, ng mga revenue bond na inilabas upang matustusan ang mga pamumuhunang proyekto ng MTA, SFPUC, Daungan o Paliparan na tanging natutubusan lamang ng mga kita ng bawat departamento, at hindi napapasailalim sa pag-apruba ng botante. Walang revenue bond sa balotang ito.

## Magkano ang Nagagasta sa Pag-utang?

Nakabatay ang gastos ng Lungsod sa pag-utang ng pera sa kabuuang halagang inutang, halaga ng tubo sa utang, at bilang ng mga taon kung kailan mababayaran ang utang. Karaniwang binabayaran ang mga utang ng Lungsod sa loob ng 20 hanggang 30 taon. Ipagpalagay nang ang karaniwang halaga ng tubo ay 6%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa loob ng 20 taon ay humigit-kumulang na $1.74 para sa bawat dolyar na inutang — $1 para sa halagang inutang at 74 sentimos para sa tubo. Gayon pa man, unti-unti ang pagbabayad nito sa loob ng 20 taon. Kung gayon, pinabababa ng inflation ang tunay na gastos ng pangungutang dahil mas murang dolyar ang gagamiting pambayad sa hinaharap. Ipagpalagay nang ang taunang halaga ng inflation ay 4%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa dolyar ngayon ay humigit-kumulang na $1.18 para sa bawat $1 na inutang.

## Ang Kasalukuyang Sitwasyon ng Pagkakautang ng Lungsod

Mga Bayad sa Utang. Sa piskal na taong 2022–2023, magbabayad ang mga nagbabayad ng buwis sa mga ari-arian sa Lungsod ng humigit-kumulang na $597 milyon ng prinsipal at tubo para sa hindi pa nababayarang mga bond ng Lungsod at para sa iba pang naglabas ng mga general obligation bond debt (utang na bond para sa pangkalahatang obligasyon), (ang mga ito ang San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District at Bay Area Rapid Transit District). Ang netong halaga ng buwis sa ari-arian para sa taon upang makasunod sa mga itinatakda para sa utang at sa utang na para sa espesyal na pondo ay 17.97 sentimo kada $100 ng natasang halaga, o tinatayang $1,246 sa bahay na natasang $700,000, na sumasalamin sa eksempsiyong $7,000 ng may-ari ng bahay.

### Legal na Limitasyon sa Pag-utang

Ipinag-uutos ng Tsarter ng Lungsod na magkaroon ng limitasyon sa halaga ng mga general obligation bond na hindi pa nababayaran ng Lungsod sa anumang takdang panahon. Ang limitasyong ito ay 3% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-

arian sa Lungsod — o sa kasalukuyan, humigit-kumulang na $10.32 bilyon. Ang mga botante ang nagbibigay sa Lungsod ng *awtorisasyon* na maglabas ng mga bond. Itinuturing ang mga bond na nailabas na at hindi pa nababayaran na *hindi pa bayad*. Noong Disyembre 1, 2023, mayroong $2.58 bilyon na hindi pa bayad na mga general obligation bond, na katumbas ng 0.80% ng natasang halaga ng mga nabubuwisang ari-arian. Mayroon pang karagdagang $1.26 bilyon na mga bond na nabigyan na ng *awtorisasyon ngunit hindi pa inilalabas.* Kung inilabas ang mga bond na ito at hindi pa nababayaran, ang pasaning kabuuang halaga ng utang ay 1.12% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Hindi nakadaragdag sa halaga ng pasaning utang ng Lungsod ang mga bond na inilabas ng San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District, at ng Bay Area Rapid Transit District (BART) bilang layon sa mga limitasyong itinatakda ng Tsarter, ngunit ang mga buwis sa ari-arian (tingnan ang Matipid na Pamamahala ng Utang na nasa ibaba) ang ipinambabayad sa mga ito. Bahagi ng kasalukuyang patakaran ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili sa halaga ng buwis sa ari-arian mula sa mga general obligation bond ng Lungsod, na mas mababa sa halaga nito noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang iniuurong na sa sirkulasyon ang mga luma, at tumataas ang batayang buwis, bagamat posibleng magbago-bago ang pangkalahatang halaga ng buwis sa ari-arian batay sa iba pang factors o salik. Ipinatutupad ang polisiyang ito sa mga bond ng Lungsod at ng County pero hindi sa iba pang gobyerno, tulad ng San Francisco Unified School District, San Francisco City College District, o BART.

### Matipid na Pamamahala ng Utang

Kahit na alinsunod sa legal na limitasyon para sa mga utang ang ginawang pagpapalabas ng Lungsod sa mga general obligation bond, mayroon pang ibang paghahambing sa utang na ginagamit ang bond rating agencies (mga ahensiyang nag-uuri ng bond) kapag tinitingnan nila ang kalusugan sa pinansiya ng Lungsod. Tinitingnan ng ganitong mga ahensiya ang maraming uri ng lokal at rehiyonal na utang na nakasalalay sa pinagbabatayan ng buwis ng Lungsod, at kasama rito ang ating mga general obligation bond, mga lease revenue bond (mga bond na ginagarantiyahan ng bayad sa upa sa pasilidad kung saan namuhunan ang bond), certificates of participation (uri ng pamumuhunan kung saan binibili ng namumuhunan ang bahagi ng kita mula sa upa sa halip na ang bond na ginagarantiyahan ng mga kitang iyon), mga special assessment bond (espesyal na uri ng bond na nagpopondo sa proyekto ng development na binabayaran ng mga buwis na ipinapataw sa komunidad na nakikinabang sa proyekto), mga bond ng BART at ng distrito ng paaralan at ng community college o kolehiyo ng komunidad. Ang "direct debt ratio (proporsiyon ng utang kung ihahambing sa mga pag-aari)," na isinasama ang direct debt (kabuuang halaga ng mga general obligation bond), at ang iba pang pangmatagalang-panahon na obligasyon at hindi isinasama ang mga special assessment bond, mga bond ng BART at ng distritong pampaaralan at distrito ng community college, ay katumbas ng 1.22% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Itinuturing ng mga bond rating agencies ang direct debt ratio na ito na pasaning utang na "katamtaman (moderate)" kung ikukumpara sa laki ng pinagbabatayan ng buwis sa San Francisco para sa mga ari-arian. **Bagamat nakapaloob ang ratio na ito sa mga katulad na pamantayan, kailangang patuloy na magtakda ang Lungsod ng mga prayoridad para sa paglalabas ng mga utang sa hinaharap, at nang patuloy na mapanatili ang magagandang credit rating, na pananda ng mabuting kalusugan sa pananalapi.**

## Pangangasiwa ng Mamamayan sa mga General Obligation Bond

Kailangang aprubahan ng mga botante ang layunin at ang halaga ng perang uutangin sa pamamagitan ng mga bond. Ang perang galing sa bond ay maaaring gastusin para sa mga layunin lamang na inaprubahan ng mga botante.

Para sa mga general obligation bond na ipinalalabas ng Lungsod at County ng San Francisco, sinusuri at iniuulat ng Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng General Obligation Bond) kung paano ginagasta ang perang galing sa bond. Ang siyam na miyembro ng Komite ay hinihirang ng Mayor, Lupon ng mga Superbisor, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at Civil Grand Jury. Kapag natuklasan ng Komite na ginasta ang perang galing sa bond para sa mga layuning hindi pinagtibay ng mga botante, maaaring mag-utos ang Komite ng aksiyon ng pagwawasto at ipagbawal ang pagbebenta ng anumang awtorisado ngunit hindi pa ipinalalabas na mga bond, hanggang sa maisagawa ang natukoy na aksiyon. Maaaring ipawalang-bisa ng Lupon ng mga Superbisor ang mga desisyon ng komite sa pamamagitan ng two-thirds na boto. Maaaring i-audit ng Controller ang anumang pinagkagastusan ng Lungsod ng perang galing sa bond.

Inihanda ni *Ben Rosenfield*, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya)

# A – Mga Bond (utang ng gobyerno) na para sa Abot-kayang Pabahay

**MGA BOND NG SAN FRANCISCO PARA SA ABOT-KAYANG PABAHAY. Upang makapagpatayo, makabuo, makakuha, at/o makagawa ng rehabilitasyon ng pabahay, kasama na ang pabahay na para sa mga nagtatrabaho at matatanda, at abot-kaya ng mga kabahayang mula sa napakababa ang kita hanggang sa katamtaman ang kita; dapat bang maglabas ang Lungsod at County ng San Francisco ng $300,000,000 na mga general obligation bond, na mapapasailalim sa independiyenteng pangangasiwa ng mga mamamayan at regular na pag-o-audit, at magtatagal nang hanggang 30 taon mula sa panahon ng paglalabas, magkakaroon ng tinatayang karaniwang halaga ng buwis na $0.0057/$100 ng natasang halaga ng ari-arian, at inaasahang karaniwan na taunang kita na $25,000,000?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66⅔ botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Nagkakaloob ang Lungsod ng pondo upang makakuha, makapagpatayo, o makagawa ng rehabitalisasyon ng abot-kayang pabahay at nang matugunan ang mga pangangailangan ng mga residente ng San Francisco, kasama na ang pabahay na abot-kaya ng mga kabahayang lubhang mababa hanggang sa katamtaman ang kita. Nanggagaling ang pondo ng Lungsod para sa abot-kayang pabahay sa mga pinagkukunan nito, kasama na ang mga amilyar, buwis sa hotel at singil sa mga developer.

Naglalabas din ang Lungsod ng mga general obligation bond na naaprubahan na ng mga botante. Kung minsan, napagagamit ng Lungsod ang karagdagang pondo mula sa iba pang pampubliko at pribadong pinagkukunan.

Itinatakda ng batas ng estado sa San Francisco na magtayo o magbigay ng pahintulot sa pagtatayo ng 46,598 unit ng pabahay para sa napakababa ang kita hanggang sa katamtaman ang kita bago sumapit ang 2031, at kung hindi, ay magbayad ng multa. Hindi sapat ang pinansiyal na kontribusyon ng estado upang matugunan ang itinatakdang ito, kung kaya't kailangang lumikha ng sariling pagpopondo ang Lungsod.

Ang Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga General Obligation Bond) ang mag-o-audit sa paggasta ng kita mula sa mga bond na ito.

**Ang Mungkahi:** Ang Proposisyon A ay ordinansa na magpapahintulot sa Lungsod na umutang ng hanggang sa $300 milyon sa pamamagitan ng paglalabas ng mga general obligation bond. Gagamitin ng Lungsod ang:

- Hanggang sa $240 milyon upang magtayo, makabuo, makakuha o makagawa ng rehabilitasyon ng bagong pinauupahan na pabahay, kasama na ang pabahay para sa matatanda at pabahay para sa mga nagtatrabaho, para sa mga kabahayang lubhang mababa ang kita, napakababa ang kita at mas mababa ang kita.
- Hanggang sa $30 milyon upang magtayo, makabuo, makakuha, o makagawa ng rehabilitasyon ng naririyan nang pabahay upang mapanatili ang mga ito na abot-kaya ng mga kabahayang mas mababa ang kita at katamtaman ang kita; at
- Hanggang sa $30 milyon upang magtayo, makabuo, makakuha, o makagawa ng rehabilitasyon ng pabahay na para sa lubhang mababa ang kita, napakababa ang kita, at/o mas mababa ang kita na mga kabahayan, na nangangailangan ng ligtas at matatag na pabahay at nakararanas ng karahasan sa lansangan, karahasan at pang-aabuso sa tahanan, seksuwal na pang-aabuso at pag-atake, human trafficking o pangangalakal sa tao, o iba pang matitinding karanasan na may kaugnayan sa kawalan ng tahanan.

Polisiya ng Lungsod na limitahan ang halaga ng pera na inuutang nito sa pamamagitan ng paglalabas lamang ng bagong mga bond kapag nabayaran na ang dating mga bond. Pahihintulutan ang pagtataas sa mga amilyar kung kinakailangan. Pahihintulutan ang mga nagpapaupa na ipasa sa umuupa ang hanggang 50% ng anumang magreresultang pagtaas ng amilyar.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 30.

Itatakda rin ng Proposisyon A sa Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee na i-audit ang paggasta ng mga pondong mula sa bond.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong maglabas ang Lungsod ng $300 milyon na mga general obligation bond upang makapagpatayo, makabuo, makakuha o makagawa ng rehabilitasyon ng abot-kayang pabahay sa San Francisco.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong maglabas ang Lungsod ng mga bond na ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "A"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon A:

Sakaling mabigyan ng awtorisasyon at maibenta ang mungkahing $300 milyon na mga bond sa ilalim ng kasalukuyang pagpapalagay, ang humigit-kumulang na gastos ay ang mga sumusunod:

a) Sa Fiscal Year (taon ayon sa pagpaplano para sa badyet, FY) 2025–2026, matapos ang paglalabas ng unang serye ng mga bond, ang pinakamaganda nang pagtataya ng buwis na kinakailangan upang mapondohan ang paglalabas ng bond ay magreresulta sa halaga ng amilyar na $0.0041 kada $100 ($4.10 kada $100,000) ng natasang halaga.
b) Sa FY 2027–2028, matapos ang paglalabas ng huling serye ng mga bond, ang pinakamaganda nang pagtataya ng buwis na kinakailangan upang mapondohan ang paglalabas ng bond ay magreresulta sa halaga ng amilyar na $0.0079 kada $100 ($7.90 kada $100,000) ng natasang halaga.
c) Ang pinakamaganda nang pagtataya ng karaniwang halaga para sa mga bond na ito mula FY 2025–2026 hanggang FY 2046–2047 ay $0.0057 kada $100 ($5.70 kada $100,000) ng natasang halaga.
d) Batay sa mga pagtatayang ito, ang pinakamataas nang tinataya na taunang halaga ng amilyar para sa mga bond na ito na babayaran ng may-ari ng tahanang may natasang halaga na $700,000 ay humigit-kumulang $55.00.

Ang pinakamaganda nang pagtataya ng kabuuang pagseserbisyo sa utang, kasama na ang principal (halagang inutang) at interes, na kinakailangang bayaran kung mailalabas at mabebenta ang lahat ng iminumungkahing $300 milyon na bond, ay humigit-kumulang $544.5 milyon. Nakabatay lamang ang mga pagtatayang ito sa mga inaasahan, na walang obligasyon ang Lungsod na sundin. Posibleng mag-iba-iba ang mga inaasahan at pagtataya dahil sa panahon ng pagbebenta ng mga bond, bilang ng mga bond na matitinda sa bawat pagbebenta, at aktuwal na natasang halaga sa loob ng panahon ng pagbabayad sa mga bond. Dahil dito, posibleng iba sa nakataya sa itaas ang aktuwal na halaga ng buwis at ang mga taon kung saan ipatutupad ang mga halagang ito. Ang kasalukuyang hindi obligadong ipatupad na polisiya ng Lungsod sa pamamahala ng utang ay ang pagpapanatili ng halaga ng buwis sa mga general obligation bond na mas mababa kaysa sa halaga noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang paparetiro na ang mas matatandang bond, at tumataas ang halaga ng pag-aaring nabubuwisan, bagamat posibleng mag-iba-iba ang pangkalahatang halaga ng buwis batay sa iba pang dahilan.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "A"

Noong Nobyembre 14, 2023, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon A sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

**Oo:** Chan, Dorsey, Engardio, Mandelman, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

**Hindi:** Wala.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 30.

## Argumento ng May-Panukala

**OO SA A: KAILANGAN NG SAN FRANCISCO NG ABOT-KAYANG PABAHAY**

Ang pagiging abot-kaya ng pabahay ang isa sa pinakakailangan na matugunang hamon na kinakaharap ng San Francisco sa ngayon. Hindi na makasabay ang pagtaas ng kita sa gastos sa pabahay at nasa panganib na tayong mawala ang diverse o may pagkakaiba-ibang mga komunidad ng mga bumbero, guro, nars, beterano, pamilya, at matatanda, na dahilan kung bakit espesyal na matitirhang lugar ang San Francisco.

Iyan ang dahilan kung bakit nagsama-sama tayo upang lubos na suportahan ang Proposisyon A—ang kritikal na solusyon sa ating krisis sa pagiging abot-kaya ng pabahay. Ang Proposisyon A ay:

- **Magkakaloob ng napakahalagang abot-kayang pabahay para sa mga nagtatrabahong magulang at pamilya**, at nang sa ganoon, patuloy silang makatira at makapagtrabaho sa San Francisco.
- **Magtitiyak ng pagkakaroon ng pabahay para sa matatanda na hindi nagbabago ang kita** at kinakailangang pumili sa pagitan ng pagbabayad sa tirahan at pagbili ng groseri at mga pangangailangan.
- **Magkakaloob ng abot-kayang pabahay sa first responders o unang tumutugon** at nang makatira at makapagtrabaho sila sa lungsod at maaari silang makatugon kapag nagkaroon ng lindol o iba pang sakuna.
- **Tutulong sa San Francisco na maabot ang mga tunguhin sa pabahay ng RHNA ng Estado** na nagtatakda sa ating aprubahan ang 46,000 unit ng abot-kayang pabahay sa susunod na walong taon, at kung hindi ay mawawala sa atin ang pagpopondo ng estado.
- **Magpapatupad ng mahihigpit na kontrol sa pananalapi at masigasig na pangangasiwa** kasama na ang taunan na independiyenteng pag-o-audit at pagrerebyu sa ginastos, at nang matiyak na ginagamit ang mga pondo ayon sa ipinangako.
- **Makakukuha ng katumbas na pondo mula sa mga programa sa abot-kayang pabahay ng estado at ng pederal na gobyerno** nang may layuning madoble ang ating pamumuhunan sa pabahay.
- **Hindi magtataas sa halaga ng amilyar**, kung kaya't hindi makakakita ang mga may-ari ng tahanan o ang mga umuupa ng pagtaas ng gastos sa tirahan bilang resulta ng bond (utang ng gobyerno).

Sa ika-5 ng Marso, gumawa tayo ng mapagpasyang hakbang. Samahan kami at bumoto ng Oo sa Prop A upang matiyak ang pagkakaroon ng abot-kayang pabahay para sa kinabukasan ng San Francisco.

*Mayor London Breed*
*Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Aaron Peskin*
*San Francisco Democratic County Central Committee (Komite Sentral ng Partido Demokratiko sa San Francisco County)*
*San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco)*
*Council of Community Housing Organizations (Konseho ng mga Organisasyon para sa Pabahay sa Komunidad)*
*San Francisco Council of District Merchants (Konseho ng mga Negosyante sa Distrito ng San Francisco)*
*SPUR*
*Senior and Disability Action (Aksiyon para sa mga Matatanda at May Kapansanan)*
*United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador sa San Francisco)*
*San Francisco Women's Political Committee (Pampulitikang Komite ng Kababaihan ng San Francisco)*
*Mission Housing Development Corporation*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

***Itigil ang Malaking Panlilinlang sa mga botante ng San Francisco!***
***Bisitahin ang:*** http://bigfraud.com

Noong panahon ng pandemya. **65,000 katao ang umalis sa San Francisco**—7.7% ng populasyon—ang pinakamalalang pagbaba sa limang henerasyon, kung kaya't nabutasan ang ating sentro sa lungsod. Bakit magtatayo pa rin ng **82,000** bagong unit?

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon A** upang makapaghatid ng mensahe: **labanan ang mga ipinag-uutos ng estado.**

Buo nang mapopondohan ng naaprubahan nang mga Bond ang "Abot-kayang Pabahay" sa loob ng 5 pang taon.

Tumaas na ang halaga ng mga interes. Tinataya ngayon ng SF Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) na **magkakaroon ang Proposisyon A ng gastos na $545 milyon,** hindi $300 milyon.

Maaaring ipasa ng mga nagpapaupa ang 50% ng mas mataas na amilyar sa mga Umuupa.

Inamin na ng Planning Department (Departamento sa Pagpaplano) na wawasakin ng Proposisyon A ang mga unit na kontrolado ang upa at nang magkaroon ng espasyo para sa "Abot-kayang Pabahay."

Sistema ng loterya ito. Hindi makatarungan ang ala-suwerte na pagbunot sa loterya.

Nagbago na ang pagkakaroon at paggamit ng kapangyarihan, kung kaya't naglalaho na ang pera ng estado at pederal na gobyerno. Huwag magpaloko. Hindi mapipigilan ng "grants o tulong pinansiyal" mula sa itaas ang hindi makatwirang pagtataas ng amilyar.

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon A**

Larry S. Marso, Esq.

Residente ng Nob Hill si Mr. Marso at ehekutibo siya sa teknolohiya, tagapayo ng M&A, abugado, at kolumnista ng iba't ibang pahayagan. Bilang delegado sa San Francisco Republican County Central Committee (Komite Sentral ng Partido Republikano sa San Francisco County), kinakatawan niya ang mga botante sa Pang-asembleyang Distrito 17. Noong 2020, naging kandidato si Mr. Marso para sa Tagapangulo ng SFGOP, konsultant sa presidensiyal na kampanya, at kilala sa buong bansa na eksperto sa mga sistema ng elektronikong pagboto.

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon A**

***Itigil ang Malaking Panlilinlang sa mga botante ng San Francisco!***
***Bisitahin ang:*** http://bigfraud.com

*Larry S. Marso*

## Argumento ng Katunggali

***Itigil ang Malaking Panlilinlang sa mga botante ng San Francisco! Bisitahin ang:*** http://bigfraud.com

Niyakap na ng Mayor at ng Board of Supervisors ang wala sa katinuan na kautusan ng estado na magtayo ng **82,000** bagong tahanan sa San Francisco sa loob ng 5 taon. Babaguhin ng kanilang plano ang mga katangian ng bawat komunidad, **ibubuldoser ang West Side, at maghahatid ng kahirapan, droga, krimen at kawalan ng tahanan sa bawat kanto sa kalyeng malapit sa inyo.**

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon A upang matigil ito.**

Sa loob ng isang dekada, nagbuhos na ang mga nagbabayad ng buwis sa San Francisco ng $1.5 bilyon tungo sa mga pakanang "abot-kayang pabahay," kasama na ang $600 milyon na bond (2019) at ang $245 milyon na bond (2020). Bakit mayroon na namang $300 milyon na bond ngayon? **Halos naubos na ang kapasidad sa pag-utang ng lungsod.** Magkakaroon ng malaking ligalig sa hinaharap ang mga bond na para sa imprastruktura: Kaligtasan mula sa Lindol, Pangangalaga sa Kalusugan at Kaligtasan sa Aplaya.

Winakasan ang 2022 ng Mayor's Office of Housing and Community Development (Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pag-unlad ng Komunidad) nang may $537 milyon na sobrang pondo. Hindi nito kailangan ng pera.

**Wala ni isang sentimo** ng mga programa para sa "abot-kayang pabahay" ang napakikinabangan ng kasalukuyang mga may-ari ng tahanan at mga umuupa. Ang radikal na gustong mangyari ng Proposisyon A ay ang pagmamay-ari at pagkontrol ng estado sa merkado ng real estate o mga ari-arian, ang pagwawakas sa hindi pagkontrol sa mga bakanteng tirahan (batas na "Costa Hawkins"), ang pagkakalansag ng Proposisyon 13, at ang napakalaking pagtataas ng amilyar.

Pinamunuan ko ang kampanya laban sa bond noong 2022 para sa MUNI, na tagumpay para sa mga nagbabayad ng buwis. **Nabawasan natin nang $4,000 kada may-ari ng tahanan ang amilyar sa hinaharap. Gawin natin itong muli.**

Larry S. Marso, Esq.

Residente ng Nob Hill si Mr. Marso at ehekutibo siya sa teknolohiya, tagapayo ng M&A, abugado, at kolumnista ng iba't ibang pahayagan. Bilang delegado sa San Francisco Republican County Central Committee (Komite Sentral ng Partido Republikano sa San Francisco County), kinakatawan niya ang mga botante sa Pang-asembleyang Distrito 17. Noong 2020, naging kandidato si Mr. Marso para sa Tagapangulo ng SFGOP, konsultant sa presidensiyal na kampanya, at kilala sa buong bansa na eksperto sa mga sistema ng elektronikong pagboto.

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon A**

***Itigil ang Malaking Panlilinlang sa mga botante ng San Francisco! Bisitahin ang:*** http://bigfraud.com

*Larry S. Marso*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

**OO SA A: SINUSUPORTAHAN NG NAGKAKAISANG SAN FRANCISCO ANG TOTOONG SOLUSYON PARA SA ABOT-KAYANG PABAHAY**

Sinusuportahan ang Oo sa A ng diverse o may mga pagkakaiba-ibang koalisyon na mula sa bawat sulok ng San Francisco: mga nonprofit na pangkat para sa abot-kayang pabahay, edukador, paggawa, organisasyon sa komunidad, nag-aadbokasiya para sa pabahay, at mga nag-aadbokasiya para sa matatanda, kababaihan at umuupa.

Heto ang dahilan:

- **Lilikha ito ng bagong 1,500 abot-kayang pabahay** para sa naghihirap na mga taga-San Francisco.
- **Hindi tataasan ang halaga ng amilyar,** kung kaya't hindi makakakita ang mga may-ari ng tahanan o ang mga umuupa ng pagtaas ng gastos sa tirahan
- **Itatakda nito ang taunan na independiyenteng pag-o-audit** ng lahat ng paggasta na isasagawa ng komite ng mga mamamayan
- **Titiyakin nito ang pabahay para sa matatanda na hindi nagbabago ang kita**
- **Magkakaloob ito ng abot-kayang pabahay sa first responders**
- **Lilikha ito ng abot-kayang pabahay na nakatuon sa kababaihan** at para sa mga nakalampas sa pang-aabuso at pag-atake sa tahanan
- **Tutulungan nito ang San Francisco na maabot ang mga tunguhin sa pabahay ng RHNA ng Estado,** na 46,000 unit ng abot-kayang pabahay sa susunod na walong taon, at kung hindi ay mawawala sa atin ang pagpopondo ng estado
- **Makakukuha ng katumbas na pondo mula sa mga programa sa abot-kayang pabahay ng estado at ng pederal na gobyerno** nang may layunin na madoble ang ating pamumuhunan sa pabahay

Pakisamahan ang ating nagkakaisang koalisyon na magkakasamang nagtatrabaho para sa mga solusyon sa krisis sa pabahay ng San Francisco. Bumoto ng OO sa A!

*Mayor London Breed*
*Presidente ng Board of Supervisors Aaron Peskin*
*San Francisco Democratic County Central Committee*
*San Francisco Labor Council*
*Council of Community Housing Organizations*
*San Francisco Council of District Merchants*
*SPUR*
*Senior and Disability Action*
*United Educators of San Francisco*
*San Francisco Women's Political Committee*
*Mission Housing Development Corporation*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Be a Poll Worker!

**Earn $$$ while serving your community!**
Bilingual speakers are encouraged to apply!

Apply online at ***sfelections.org/PWVIP***
or call **(415) 554-4395**



# B – Mga Antas ng Pag-eempleyo sa mga Pulis na Nakabatay sa Pag-aamyenda ng Pagpopondo sa Buwis sa Kasalukuyan o sa Hinaharap

**Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang maisapuwesto ang minimum na antas ng pag-eempleyo sa mga pulis, maitakda sa Lungsod ang pagbabadyet ng sapat na pera upang mabayaran ang bilang ng mga pulis na naka-empleyo nitong nakaraang taon, mapahintulutan ang Police Department (Departamento ng Pulisya) na magharap ng mga pag-amyenda sa badyet nito, at magtabi ng mga pondo upang mabayaran ang pagrerekrut ng mga pulis, lahat ng ito sa loob ng hindi bababa sa limang taon, ngunit kung at kung pagtitibayin lamang kalaunan ng mga botante ang bagong buwis o mag-aamyenda ng kasalukuyang buwis upang mapondohan ang mga pangangailangang ito?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** May Police Commission o Komisyon ng Pulisya (Commission o Komisyon) na nangangasiwa sa mga polisiya ng San Francisco Police Department (SFPD) at nag-aapruba sa mungkahing badyet para sa departamento. Ang Hepe ng Pulisya ang namamahala sa pang-araw-araw na mga operasyon ng SFPD.

Sa petsang Setyembre 2023, mayroong 1,587 nakapanumpa nang pulis na full-duty. Tuwing dalawang taon, kailangang magrekomenda ang Hepe ng Pulisya sa Commission ng bilang ng pulis na kinakailangan. Kailangang isaalang-alang ng Commission ang rekomendasyon ng Hepe ng Pulisya bago ipadala ang mungkahing badyet ng SFPD sa Mayor. Ang Mayor o ang Board of Supervisors o Lupon ng mga Superbisor (Board o Lupon) lamang ang maaaring magmungkahi ng mga pag-aamyenda sa badyet.

Binabayaran ang kawanihan at pagrerekrut ng SFPD sa pamamagitan ng General Fund (Pangkalahatang Pondo). Hindi kinakailangang isama sa badyet ang pagpopondo sa bilang ng pulis na inirekomenda ng SFPD. Bukod rito, hindi tinutukoy ng Tsarter ang itinatakda na minimum na bilang ng pulis para sa SFPD.

**Ang Mungkahi:** Maaamyendahan lamang ng Proposisyon B ang Tsarter upang mabago ang proseso para sa pagtatakda at pagpopondo sa minimum na antas ng kawanihan ng pulisya para sa Lungsod, kung aamyendahan ng mga botante sa eleksyon sa hinaharap ang kasalukuyang buwis o aaprubahan ang bagong buwis na popondohan nang buo ang kawanihan ng pulisya at pagrerekrut.

Sa hinaharap, kapag inaprubahan ng mga botante ang pagpopondo nang buo, itatakda ng Proposisyon B ang minimum na bilang ng full-time na pulis para sa Lungsod mula 1,700 hanggang 2,074 sa unang limang taon. Sa loob ng limang taon na ito, itatakda ng Proposisyon B sa Lungsod na magbadyet ng sapat na pera upang mabayaran kahit man lamang ang bilang ng inempleyong pulis sa nakaraang taon.

Kapag inaprubahan ng mga botante ang pagpopondo nang buo, itatakda ng Proposisyon B matapos ang unang limang taon sa Hepe ng Pulisya na iulat ang inirerekomendang bilang ng pulis sa Commission kada limang taon sa halip na kada dalawa. Iaatas din sa Commission na magtakda ng minimum na bilang ng full-time na mga pulis, na hindi maaaring bawasan nang mahigit sa 5% kada taon, maliban na lamang kung two-thirds (dalawa mula sa tatlong bahagi) ng Commission ang boboto para sa mas malaking pagbabawas.

Sa hinaharap, kapag inaprubahan ng mga botante ang pagpopondo nang buo, itatakda ng Proposisyon B sa Commission na magmungkahi ng badyet taon-taon na siyang magpopondo sa minimum na bilang ng full-time na pulis. Bibigyan ng awtorisasyon ang SFPD na direktang magsumite ng pag-aamyenda sa badyet sa Board kung kakayanin nitong magpondo ng higit pa sa minimum na bilang ng pulis.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 30.

Sa hinaharap, kapag inaprubahan ng mga botante ang pagpopondo nang buo, lilikha ang Proposisyon B ng pondo para sa pagrerekrut ng mga pulis at magtatagal ito nang mula lima hanggang 10 taon. Magkakaroon ang pondo ng $16.8 milyon sa unang taon at magbabago ito taon-taon batay sa bilang ng kinakailangang marekrut, ngunit hindi ito lalampas sa $30 milyon kada taon. Maaaring mapanatiling hindi gumagalaw ang antas ng pagpopondo kung mayroong kakulangan sa badyet.

Kapag hindi inaprubahan ng mga botante ang pagpopondo nang buo sa hinaharap, hindi ipatutupad ang mga pagbabagong ito sa kawanihan ng pulisya at pagrerekrut.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto lamang ninyong magawa ang mga sumusunod na pagbabago kung aamyendahan ng mga botante ang kasalukuyan na panukalang buwis o aaprubahan ang bagong buwis na lubusang magpopondo sa kawanihan ng pulisya at pagrerekrut, at nang sa gayon:

- Maipirmi ang minimum na antas ng pag-eempleyo sa mga pulis sa San Francisco;
- Maitakda sa Lungsod ang pagbabadyet ng sapat na pera para sa hindi bababa sa limang taon, at nang mabayaran ang bilang ng mga pulis na inempleyo sa nakaraang taon;
- Mabago ang proseso ng pagsasapuwesto ng minimum na mga antas para sa kawanihan ng pulisya para sa Lungsod, kasama na ang pagtatakda sa Commision na humiling ng sapat na pera upang mabayaran ang minimum na mga antas sa kawanihan ng pulisya;
- Mapahintulutan ang SFPD na magharap ng mga pag-aamyenda sa badyet nito; at
- Makalikha ng pondo upang makapagtabi ng pera at nang mabayaran ang pagrerekrut ng mga pulis, nang hindi bababa sa limang taon.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "B"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon B:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa Tsarter, magkakaroon ito ng malaking epekto sa gastos ng gobyerno. Mag-iiba-iba ang mga gastos na ito batay sa mga desisyon sa mga operasyon na gagawin ng San Francisco Police Department (SFPD) at mga desisyon na gagawin ng Mayor at ng Lupon ng mga Superbisor sa pamamagitan ng normal na proseso ng pagbabadyet, kung isasaalang-alang na obligadong ipatupad ang ilang itinatakda na maisasapuwesto ng panukalang-batas samantalang ang iba namang itatakda na polisiya ng Lungsod ay hindi obligasyong ipatupad.

Nagtatakda ang mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ng dapat maipatupad na kinakailangang paglalaan ng pera sa bagong Police Full Staffing Fund o Pondo para sa Buong Kawanihan ng Pulisya (Fund o Pondo) upang magkaloob ng mga rekurso at nang maparami ang mga kawani ng departmento sa loob ng limang fiscal year (taon ayon sa pagpaplano para sa badyet) matapos na maipasa ang bago o naamyendahan na ng botante na panukalang-batas sa buwis, na makakakalap ng sapat na kita upang mapondohan ang mga itatakda ng pag-amyenda. Itinatakda ng pag-amyenda sa Lungsod na maglaan ng $16.8 milyon sa FY 2024–25 sa Fund at maglaan ng $75,000 kada pulis sa SFPD na mas mababa sa kinakailangang bilang ng pulis para sa bawat susunod na taon, kung saan hindi ito lalampas sa $30 milyon kada fiscal year. Kung ihahambing ang kasalukuyang antas ng kawanihan sa itinatakda sa panukalang-batas, malamang na magiging malaki ang mga itatakdang paglalaan sa mga taon sa hinaharap. Ipipirmi ng panukalang-batas ang mga paglalaan sa pondo sa antas ng pondo sa nakaraang taon kung lalampas sa $250 milyon ang kakulangan sa badyet. Isasantabi ng pag-amyenda ang mga pondong ito para sa mga pagsusumikap sa pagrerekrut at pag-eempleyo, pag-aadvertise, pagpapaunlad at pamamahala sa mga stratehiya sa pag-eempleyo, at pagpopondo sa mga panghikayat sa pag-eempleyo sa bagong mga pulis.

Kasalukuyan na may humigit-kumulang 1,580 nakapanumpa nang pulis na full-duty. Itatakda ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ang kinakailangang bilang ng full duty at nakapanumpa nang pulis sa 1,700 para sa FY 2024–2025, 1,800 sa FY 2025–2026, 1,900 sa FY 2026–2027, 2,000 sa FY 2027–2028, at 2,074 sa FY 2028–2029. Pagkatapos nito, ibabatay ang mga pagpapasya ukol sa antas ng kawanihan ng SFPD sa ulat ukol sa mga pangangailangan ng kawanihan sa Police Commission kada limang taon. Kung ihahambing sa kasalukuyang mga antas ng badyet sa kawanihan at kung matutugunan ang mga tunguhing ito, itatakda ng probisyong ito sa Lungsod na lakihan sa hinaharap ang badyet kada fiscal year nang humigit-kumulang sa $2 milyon sa unang fiscal year, at tataas ito ng humigit-kumulang $18 milyon taon-taon para sa bawat isa sa susunod na apat na taon, kung kaya't tataas ang gastos tungo sa napagsama-sama nang kabuuang halaga na $200 milyon sa panahong ito, kung saan ipagpapalagay na walang pagtaas sa kinakailangang ranggo ng mga tagapamahala upang masuportahan ang pagdami ng karaniwang kawani. Maaaring magresulta ang pamumuhunang ito sa kasalukuyang pagbabawas ng overtime

ng departamento. Kung magreresulta ang karagdagang mga pulis na full duty sa oras kada oras na pagkabawas sa paggamit sa overtime, mababawasan ang tinataya na napagsama nang gastos nang humigit-kumulang $130 milyon, tungo sa humigit-kumulang $70 milyon. Gayon pa man, nakabatay ang pagtugon sa mga tunguhing ito para sa kawanihan sa kakayahan ng SFPD na mapunan ang mga posisyon. Bukod rito, nakabatay ang kadulu-duluhang gastos sa probisyong ito sa panukalang-batas sa mga desisyon ng Mayor at ng Board sa pamamagitan ng taunang proseso ng Lungsod sa pagbabadyet, dahil hindi obligadong ipatupad ang mga antas ng kawanihan ng mga desisyon na gagawin ng Mayor at ng Board sa panahon ng taunang proseso ng pagbabadyet.

Kung hindi matatamo ang itinatakdang antas ng kawanihan, itatakda ng mungkahing pag-amyenda sa Mayor at sa Board, sa minimum, na maglaan ng sapat na pondo para sa susunod na fiscal year upang mapanatili ang mga antas ng kawanihan ng pulisya sa antas ng nakaraang taon. Upang magkaroon ng konteksto, mangangailangan ang kasalukuyang mga antas ng kawanihan ng departamento ng paglalaan na humigit-kumulang $475 milyon sa susunod na fiscal year, na iniaayon kada taon para sa pagbabago sa mga antas ng kawanihan at mga pagbabago sa sahod at benepisyo ng mga empleyado.

Kapag naaprubahan ang pag-amyenda sa Tsarter, nakabatay ang mga itinatakdang pagpopondo sa nakasulat na pagpapatotoo ng Controller sa Mayor at sa Klerk ng Board of Supervisor na makakakalap ng sapat na kita ang bago o nabagong buwis na ipinasa ng mga botante, at nang sa gayon, mapondohan ang itinatakdang bilang ng nakapanumpa nang pulis na full-duty, at mapondohan ang bagong Fund.

Hindi sinusunod ng mungkahing pag-amyenda ang hindi obligadong ipatupad at pinagtibay na ng mga botante na polisiya ng lungsod ukol sa mga set-aside (inirereserbang pondo). Hangad ng polisiyang ito na limitahan ang mga set-aside na nagpapabawas sa pera ng General Fund, na kung hindi gagawin, ay gagawan ng alokasyon ng Mayor at ng Board of Supervisors sa taunang proseso ng pagbababdyet.

Lilikha rin ang pag-amyenda na ito ng pagtatakda sa Controller na magsantabi at magpanatili ng mga paglalaan sa Fund. Tandaan na papalitan ng mungkahing pag-amyenda ang mga tungkulin ng Controller's Office (Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya), na siyang naghanda ng pahayag na ito.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "B"

Noong Nobyembre 28, 2023, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng 6 sa 5 upang mailagay ang Proposisyon B sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

**Oo:** Chan, Melgar, Peskin, Safai, Stefani, Walton.

**Hindi:** Dorsey, Engardio, Mandelman, Preston, Ronen.

## Argumento ng May-Panukala

**Bumoto ng OO sa Proposisyon B**

Maaari nating matamo ang minimum na mga antas sa kawanihan ng pulisya at maging responsable sa pananalapi.

Lubos na kulang sa mga kawani ang ating sistema para sa pampublikong kaligtasan. Kailangan ng matatag na sistema ng pampublikong kaligtasan ng mga departamentong kompleto sa kawani, kung saan kasama ang: pulisya ng San Francisco, mga tagasagot ng tawag sa 911, nars, paramedic, bumbero, at mga sheriff.

Noong Setyembre 2023, mayroong 1,578 full-duty o buong panahon na naglilingkod na pulis sa San Francisco, na kulang sa humigit-kumulang 400 upang maabot ang pinakamataas na antas na bilang ng mga kawani sa kasaysayan.

Sa ngayon, hindi itinatakda sa Lungsod na magpanatili ng minimum na antas ng mga pulis. Naaapektuhan ng kasalukuyang mga antas ng bilang ng kawaning pulis kung gaano kahusay at gaano kabilis na nakatutugon ang ating sistema ng pampublikong kaligtasan sa mga tawag na dahil sa emergency at nakagagawa ng koordinasyon sa malawak na antas ng mga serbisyo sa mga residente at negosyo. Karapat-dapat na maging ligtas ang mga taga-San Francisco sa ***lahat*** ng komunidad.

Pinapagod na ng kasalukuyang puwersa ng mga pulis ang kanilang sarili sa pamamagitan ng overtime na pagtatrabaho upang matugunan ang mga kakulangan sa kawani. Dahil sa gastos sa overtime, nahahatak na rin ang badyet ng Police Department (Departamento ng Pulisya) at ang haba ng pagtatrabaho ng mga pulis na may karanasan at kuwalipikado nang magretiro.

Sa kasalukuyan, mayroong 300 lubos na napopondohang posisyon ng pulis na nananatiling bakante. Maaari nating matiyak na nasusuportahan ang ating sistema ng pampublikong kaligtasan at kasama na rito ang pondo para sa pagrerekrut ng mas maraming pulis sa pamamagitan ng pagbabago sa proseso ng pagtatakda ng minimum na mga antas ng kawanihan ng SFPD.

Sa pamamagitan ng pagpasa ng Prop. B, matatamo natin ang minimum na mga antas sa kawanihan ng pulisya at maitutuon ang pagpopondo sa kinabukasan upang matiyak na hindi ipinaglalaban ang pagrerekrut ng pulis at ang pagrerekrut ng mga tagasagot ng tawag sa 911, nars, paramedic, bumbero, at mga sheriff - bahagi ang lahat ng ito ng kinakailangan para sa komprehensibong sistema ng pampublikong kaligtasan.

**Bumoto ng OO sa Proposisyon B. Maaari nating matamo ang minimum na kawanihan ng pulisya *AT* maging responsable sa pananalapi.**

*Superbisor Ahsha Safaí*
*Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Aaron Peskin*
*Superbisor Connie Chan*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

***"RESPONSABLE SA PANANALAPI?!"***

Mapanlinlang na kaguluhan ang Proposisyon B — na inihahatid sa inyo ng mga superbisor na hindi makahanap ng sapat na pera sa ating $14.6 bilyon na badyet ng Lungsod upang lubusang mapunan ng mga kawani ang ating departamento ng pulisya.

***Hindi* iyan pagiging responsable sa pananalapi. *Kainis-inis na iyan.***

Ang mapanlinlang na hindi binanggit ng argumento ng mga May-Panukala ay "nakabatay sa pondong mula sa buwis sa hinaharap" ang minimum na kawanihan para sa SFPD ng Prop B. Dahil dito, kapag ipinapangako ng mga May-Panukala na, "sa pamamagitan ng pagpapasa ng Prop. B, matatamo natin ang minimum na mga antas ng kawanihan ng pulisya," malinaw na hindi totoo ito.

Sa katunayan, matatamo *lamang* ng Prop. B ang minimum na kawanihan ng SFPD...

- Kung aaprubahan ng mga botante ang buwis sa kung kailang panahon sa *hinaharap...*
- Sa kung anong eleksyon sa *hinaharap...*
- Sa pamamagitan ng sapat na pagpopondo sa *hinaharap.*

**Mapanlinlang na "Pakanang Buwis para sa mga Pulis" ang Prop B na magpapahina sa pampublikong kaligtasan.**

Walang dahilan na *pipigilan at patatagalin* nito ang pag-unlad sa kawanihan ng pulisya sa pamamagitan ng pagsisilbi bilang taktika upang magkaroon ng kita mula sa bagong buwis. Sa pagsasantabi ng kahangalan ng pangangailangan ng *karagdagang* mga buwis upang mapondohan ang ating pinakabatayang munisipal na serbisyo...

- **maantala** ng Prop B **ang nabigyan na ng mandato ng mga botante na pag-unlad** sa kawanihan ng pulisya hanggang sa huling bahagi ng 2025 — *na pinakamaaga nang panahon* — at kung aaprubahan *lamang* ng mga botante ang mga buwis sa hinaharap sa susunod na eleksyon.
- Ang Prop B ay **kahina-hinalang batas** na mapanlinlang na iniiwasan ang konstitusyunal na mga restriksiyon sa nakatuong "Special Tax (Espesyal na Buwis)" na pagpopondo, kung kaya't may panganib na magkaroon ng magagastos na kaso sa hukuman na maaaring magdulot ng pagkaantala sa pagpopondo sa pulisya sa loob ng ilang taon.
- **Simbolo ng lahat ng kamalian** ang Prop B, kung saan mas interesado ang mayorya ng Board of Supervisors sa performative politics (pagganap bilang pamumulitika) kaysa sa paggawa ng kinakailangang pag-unlad na hinihiling ng mga taga-San Francisco.

**MAGPADALA NG MENSAHE SA CITY HALL: ITIGIL NA ANG PAGLALARO SA KALIGTASAN NG PUBLIKO!**

**BUMOTO NG HINDI SA PROP B!**

*Mayor London Breed*
*Superbisor Matt Dorsey*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

## Argumento ng Katunggali

**HUWAG BILHIN ANG KASINUNGALINGAN NG 'BUWIS PARA SA PULIS'!**

Nakalilitong kaguluhan ng politikal na paglalaro ang Prop B, na aktuwal na *pumipigil* sa mga botante ng San Francisco sa pagmandato ng pagkakaroon ng departamento ng pulisya na napupunan ang lahat ng posisyon — **maliban na lamang kung makapagpasa sila ng "panukalang-batas sa buwis sa hinaharap" upang "makakalap ng sapat na karagdagang buwis" at nang makarekrut at makapag-empleyo ng mas maraming pulis, at hanggang sa magawa nila ito.**

Orihinal na napag-isipan ang Pag-amyenda sa Tsarter, na inakda kong kasama si Mayor London Breed, bilang limang taon na plano upang malutas ang hindi pa nangyayari kailanman na krisis sa kakulangan ng kawanihan ng pulisya ng San Francisco, at agad sanang napondohan nito ang pinalawak na pagrerekrut ng mga pulis. At nakagawa sana ito ng kinakailangang pag-unlad sa mga hamon sa kaligtasan ng publiko, na ninanakaw mula sa napakaraming taga-San Francisco ang ligtas na pagtamasa sa kanilang mga komunidad at pumipilay sa pagbangon ng ating ekonomiya.

Gayon pa man, sa huling bahagi ng proseso ng Board of Supervisors, may naghahangad na maging kandidato sa pagkamayor na nagdagdag ng mapangwasak na bahagi na humantong sa hindi pagiging epektibo ng buong plano. Ngayon, sa halip na maging panukalang-batas para sa pampublikong kaligtasan, **pakana na lamang ang Prop B para sa bagong mga buwis: "Pakanang Buwis para sa mga Pulis."**

Dahil may tulong ito mula sa mga unyon sa pampublikong sektor na nakikipagkompetensiya sa pulisya para sa limitadong halaga ng mga dolyar — at sinusuportahan ng hindi kalakihang mayorya ng mga superbisor — maglalagay ang Prop B sa Tsarter ng ating Lungsod ng walang katuparang pangako, na walang saysay, hanggang sa kung kailan mang eleksyon sa hinaharap.

**Ang Prop B ay duwag na politikal na panloloko,** na...

- **Naglalayong linlangin ang mga botante** sa paniniwalang nilulutas ng mga may-panukala ang krisis sa kawanihan ng pulisya — habang sa katunayan ay pinipigilan nila ang kailangang-kailangan nang pag-unlad.
- **Nagmamanipula sa lehitimong mga pangamba ng mga botante** ukol sa kaligtasan ng publiko tungo sa politikal na suporta para sa mas matataas na buwis.
- **Isinasakripisyo ang kailangang-kailangan nang mga kautusan para sa pampublikong kaligtasan** na maaaring malutas ng SFPD na lubusang napupunan ang mga posisyon, para sa politikal na pakinabang ng naglalabang mga unyon at naghahangad maging politiko sa nalalapit na panahon.

Ang San Francisco ay $14.6 bilyon na negosyo. Kaya nating bayaran ang departamento ng pulisya na kompleto ang mga kawani. **Dapat batayang inaasahan na para sa mga buwis na binabayaran na ninyo ang SFPD na kompleto ang mga kawani — hindi karagdagang bayad para sa serbisyo.**

**BUMOTO NG HINDI SA PROP B.**

Alamin pa ang tungkol dito sa StopTheCopTax.com.

*Superbisor Matt Dorsey*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

Sumasang-ayon ang katunggali ng Prop B na kailangan natin ng mas maraming pulis. Gusto niyang maniwala ang mga botante na ito ay simpleng pagkuha lamang ng $300 milyon sa mga dolyar na mula sa buwis na nasa pangkalahatang pondo. Walang ganyan kasimple.

Haharap ang ating Lungsod sa napakalaking pinansiyal na krisis sa susunod na ilang taon. Ipinagwawalang-bahala ng argumento ng ating katunggali ang realidad na ito. Bumabangon pa rin ang San Francisco sa pagbaba ng ekonomiya mula sa pandemya at humaharap ito sa kakulangan na halos 1 bilyong dolyar. Sa katunayan, kababawas pa lamang ni Mayor London Breed ng mga serbisyong nagkakahalaga ng 75 milyong dolyar, kung saan kasama ang mga programa para sa seguridad sa pagkain, mga serbisyo sa matatanda at suporta para sa nangangailangang mga bata at pamilya.

Kailangan ng batayang buwis ng San Francisco ng alternatibong mga solusyon sa pagpopondo at ng pag-amyenda sa naririyan nang pondo mula sa buwis at nang mapanatiling tumatakbo ang mahahalagang serbisyo. Ayon sa batas, anumang pagbabago sa pagpopondo mula sa buwis ay mangangailangan ng pag-apruba ng mga botante sa eleksyon sa hinaharap.

Kailangan ng ating sistema ng pampublikong kaligtasan ng pangmatagalang mga solusyon upang matamo ang lubos na napunang kawanihan ng polisya. Nagkakaloob ang Prop B ng pangmatagalang solusyon sa pamamagitan ng:

1. paglikha ng mandato para sa minimum na kawanihan ng pulisya sa loob ng takdang panahon na limang taon
2. pag-uutos na ang mga botante ng San Francisco ang magpapasya, sa eleksyon sa kinabukasan, kung aling pondo mula sa buwis ang babaguhin, papalitan ang gamit o lilikhain upang masakop ang gastos para sa pagkakaroon ng bagong mga pulis at mga aktibidad sa pagrerekrut.

Ang Prop B ang malinaw at may responsibilidad sa pananalapi na pangmatagalang solusyon upang matamo ang minimum na kawanihan ng pulisya at matiyak na nasusuportahan ang buong sistema ng ating pampublikong kaligtasan. Iyan ang dahilan kung bakit taga-suporta ng Proposisyon B ang San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko ng San Francisco).

*Superbisor Ahsha Safaí*
*San Francisco Democratic Party*

# C – Hindi Pagkakasama sa Real Estate Transfer Tax (Buwis sa Paglilipat ng Ari-arian) at Paglalaan ng Espasyong Pang-opisina

**Dapat bang hindi isama ng Lungsod mula sa pagbabayad ng transfer tax sa ari-arian ang unang pagkakataon ng pagkakalipat ng ari-arian matapos mabago ang paggamit nito mula sa pagnenegosyo tungo sa pagiging residensiyal, at dapat bang magkaroon ang Lungsod ng awtoridad na amyendahan ang transfer tax nang walang pag-apruba ng botante ngunit hindi para taasan ito, at awtoridad na taasan ang taunang limitasyon sa espasyong pang-opisina na puwedeng madevelop sa pamamagitan ng pagsasama ng mga espasyong pang-opisina na binago na upang maiba ang paggamit o giniba na?**

| | |
|---|---|
| OO | ◯ |
| HINDI | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Nangongolekta ang Lungsod ng transfer tax sa ari-arian sa karamihan sa pagbebenta ng ari-arian at ilang pinauupahang ari-arian sa San Francisco. Kadalasang nakabatay ang halaga ng buwis sa kabuuang halaga ng pagbebenta (o pagpapaupa) at may saklaw itong mula 0.5% hanggang 6%. Napupunta ang perang nakokolekta mula sa buwis na ito sa General Fund (Pangkalahatang Pondo) ng Lungsod at maaaring magasta para sa anumang layunin.

Anumang paglilipat ng abot-kayang pabahay na may mga restriksiyon ang upa na nagkakahalaga ng $5 milyon o higit pa ay maaaring pagpasyahan ng Board of Supervisors o Lupon ng mga Superbisor (Board o Lupon) na hindi isama sa pagbubuwis ang bahagi nito. Kailangang aprubahan ng mga botante ang anumang iba pang pagbabago sa buwis.

Nalimitahan na ng mga botante ang dami ng bagong mga espasyong pang-opisina na pinahihintulutan ng Lungsod kada taon. Hindi magbabago ang limitasyong ito kapag pinalitan ang gamit o giniba ang espasyong pang-opisina.

**Ang Mungkahi:** Sa ilalim ng Proposisyon C, sa unang pagkakataon ng pagkakalipat ng ari-arian matapos mabago ang paggamit nito mula sa pagnenegosyo tungo sa pagiging residensiyal, hindi ito isasama sa transfer tax basta't nakatanggap ang may-ari ng ari-arian ng permisong baguhin ang ari-arian bago sumapit ang Enero 1, 2030. Maaaring magamit ang hindi pagkakasamang ito para sa hanggang 5 milyong square feet ng nabago nang mga ari-arian.

Bibigyan ng awtorisasyon ng Proposisyon C ang Board na amyendahan, bawasan, isuspinde o ipawalang-bisa ang transfer tax nang walang pag-apruba ng mga botante. Kailangang aprubahan ng mga botante ang anumang pagtataas ng buwis na ito.

Pahihintulutan ng Proposisyon C ang Lungsod na taasan ang dami ng espasyong pang-opisina na magagamit para sa pag-dedevelop sa pamamagitan ng pagsasama ng ari-arian na nabago na ang gamit o nagiba na.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong:

- Hindi makasama sa transfer tax ang unang pagkakataon ng paglilipat ng ari-arian matapos mabago ang paggamit nito mula sa pagnenegosyo tungo sa pagiging residensiyal.
- Bigyan ng awtorisasyon ang Board na amyendahan ang transfer tax nang walang pag-apruba ng mga botante, pero hindi para taasan ito.
- Pahintulutan ang Lungsod na taasan ang dami ng espasyong pang-opisina na magagamit para sa pag-dedevelop sa pamamagitan ng pagsasama ng ari-arian na nabago na ang gamit o nagiba na.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 30.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "C"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon C:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang mungkahi na inisyatibang ordinansa, mababawasan nito nang malaki ang kita ng Lungsod mula sa transfer tax. Nakabatay ang mga pagkalugi sa kita, na dulot ng mungkahi na inisyatibang ordinansa, sa bilang ng mga ari-ariang nabago at nailipat at sa halaga ng transfer tax ng mga nailipat nang ari-arian, pero maaaring may saklaw ito na mula $34 milyon hanggang $150 milyon kung ililipat ang 5 milyong square feet ng nabago na ang gamit na ari-arian sa loob ng takdang panahon na 30 taon. Gayon pa man, malamang na mas lalong maapektuhan ang epekto ng kita ng Lungsod batay sa mga desisyon sa hinaharap ng mga umuupa sa opisina at namumuhunan sa mga ari-arian, ayon sa nakalarawan sa ibaba.

Aamyendahan ng mungkahi na inisyatibang ordinansa ang Business and Tax Regulations Code (Kodigo sa Buwis sa Negosyo at mga Regulasyon), kung kaya't hindi na sisingilin ang kasalukuyang halaga ng transfer tax para sa ari-arian nang hanggang sa 6% para sa kauna-unahang paglilipat ng hindi residensiyal na ari-ariang binago na ang paggamit tungo sa pagiging residensiyal. Ipatutupad ang hindi pagkakasama o eksemsiyon sa pagbubuwis sa unang 5 milyong square feet ng ari-ariang nabago na ang paggamit at nag-apply upang makakuha ng sertipikasyon ng pagiging kuwalipikado mula sa Planning Department (Departamento sa Pagpaplano). Bukod rito, babawasan ng ordinansa ang mga itinatakdang square footage sa mga pang-opisinang development kung saan nagiba na ang dating espasyong pang-opisina.

Sa loob ng takdang panahon na 30 taon, kapag naabot na ang hangganang 5 milyong square feet, ang nawalang kita ay maaaring nasa saklaw ng humigit-kumulang $34 milyon kung mga condominium lamang ang inilipat nang may halaga ng transfer tax na .68%, hanggang sa humigit-kumulang $150 milyon kung mga apartment lang ang ililipat nang may halagang 6%. Upang magkaroon ng konteksto, ang kita noong Fiscal Year (taon ayon sa pagpaplano para sa badyet, FY) 2022-2023 mula sa transfer tax sa ari-arian ay $186.2 milyon. Mahalagang tandaan na ang kita mula sa transfer tax sa ari-arian ang pinakanag-iiba-ibang pinagkukunan ng kita ng Lungsod.

Bukod rito, maaaring lumaki pa ang kitang mawawala sa Lungsod pagkatapos, o mapaunti, batay sa nakuhang ari-arian, at sa ikikilos ng mga namumuhunan. Maaaring komplikado ang mga epektong ito, dahil nagbabayad ng amilyar ang mga ari-ariang pang-opisina at residensiyal sa Lungsod, samantalang nagbabayad ng gross receipts (buwis sa kabuuang kita) at iba pang buwis sa pagnenegosyo ang maraming umuupa ng opisina sa Lungsod.

- Kung may magagamit na pera upang mapagbago ang pang-opisinang gusali na permanente nang bakante tungo sa pagiging residensiyal, nang dahil sa eksemsiyon sa Transfer Tax, mawawala sa Lungsod ang transfer tax, nang dahil sa eksemsiyon, pero malamang na makakukuha ito ng mas malaking halaga mula sa amilyar, dahil mas mataas ang halaga ng bagong residensiyal na ari-arian kaysa sa bakanteng gusali na para sa mga opisina.
- Kung may magagamit na pera upang mapagbago ang pang-opisinang gusali tungo sa pagiging residensiyal nang dahil sa eksemsiyon sa transfer tax, pero sa pagdaan ng panahon ay gagamitin din ng mga umuupa ng opisina sa hinaharap, malamang na humantong ang eksemsiyon sa pagkakaroon ng epektong negatibo ang netong kita para sa Lungsod. Mawawala sa Lungsod ang transfer tax dahil sa eksemsiyon, makakukuha ng amilyar mula sa bagong residensiyal na pamumuhunan sa ari-arian, pero tatalikdan na ang buwis sa pagnenegosyo mula sa mga umuupa sa pang-opisinang gusali sa hinaharap. Sa sitwasyong ito, malamang na mas malaki ang mawawalang kita mula sa buwis sa pagnenegosyo kaysa sa matatamasa mula sa amilyar, kung ipaghahambing ang halaga ng dalawang buwis. Karagdagan dito, maaaring harapin ng Lungsod ang dati nang mga amilyar mula sa posibleng mga mamumuhunan sa mga opisina, na hindi kuwalipikado sa eksemsiyon.

Bibigyan din ng awtorisasyon ng mungkahi na inisyatibang ordinansa ang Board of Supervisors na amyendahan o ipabawalang-bisa ang anumang aspeto ng transfer tax para sa ari-arian, kasama na ang pagdaragdag ng iba pang eksemsiyon, nang walang pag-apruba ng mga botante sa hangganang pinahihintulutan ng konstitusyon ng California.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "C"

Noong Nobyembre 20, 2023, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na nilagdaan ni Mayor Breed.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) na maglagay ang Mayor ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

## Argumento ng May-Panukala

**BUMOTO NG OO SA PROP C PARA SA MAS MARAMING TAHANAN AT MAS MASIGLANG DOWNTOWN**

Sa pamamagitan ng pagtatanggal sa mga hadlang sa pagbabago ng pang-opisinang espasyo tungo sa pabahay, kukunin ng Prop C ang bakanteng espasyo, gagawin itong mga tahanan, at magdadala ng mas maraming tao sa Downtown.

Iwawaksi ng Prop C ang transfer tax (buwis sa paglilipat ng ari-arian) ng Lungsod sa mga proyektong babaguhin ang mga gusali mula sa hindi residensiyal tungo sa residensiyal na paggamit, kung kaya't magkakaroon ng insentiba ang pagbabago sa hindi lubusang nagagamit na gusaling pang-opisina tungo sa pagiging pabahay.

Sumasailalim ang Downtown ng San Francisco sa panahon ng pagbabago – at may napakalaking oportunidad na makahikayat ng pamumuhunan at pagkasabik sa kung ano ang maaaring maging Downtown ng hinaharap: maunlad at 24 oras na komunidad na punong-puno ng mga residente, manggagawa, sining at kultura, at matatagumpay na maliit na negosyo.

Makatutulong ang higit na pagbibigay ng bagong gamit sa mga gusaling pang-opisina tungo sa pabahay upang matugunan ng San Francisco ang itinatakda ng estado na pagtatayo ng libo-libong bagong unit ng pabahay, pagpapababa ng bilang ng bakanteng espasyo sa downtown, at pagdadala ng bagong pamumuhunan sa Downtown, kung kaya't dadami rin ang mga oportunidad sa paglikha ng dinamikong komunidad kung saan maaaring tumira, matuto, magtrabaho, at maglaro ang mga tao.

Gagana ang Prop C sa ganitong mga paraan:

- Ang kasalukuyang Transfer Tax ng Lungsod – na hanggang sa 6% ang halaga ng buwis sa mga transaksiyong mahigit sa $25 milyon – ay maaaring iwaksi matapos ang kuwalipikadong pagbabago mula sa pagiging hindi residensiyal tungo sa pagiging residensiyal.
- Lilimitahan ang tax waiver (hindi pagsasama sa pagbabayad ng buwis) sa limang milyong square feet ng nabago na ang gamit na espasyo, at itatakda nito na makompleto ang pag-apruba ng plano bago sumapit ang Disyembre 31, 2029.
- Kailangan ng mga proyekto ng pag-apruba ng konstruksiyon sa loob ng tatlong taon ng pag-apruba ng plano, at nang matiyak na aabante ang mga pagbabago.

Nagsisimula nang umalagwa ang muling pagpapasigla sa Downtown at napakahalagang susunod na hakbang ang Prop C sa ating maraming aspeto na mga pagsusumikap.

**Bumoto ng OO sa Prop C.**

*Mayor London Breed*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

**ITIGIL NA ANG PAMIMIGAY. BUMOTO NG HINDI SA C**

Sinasabi ng may-panukala ng Prop C na dapat makakuha ng pagbabawas sa buwis ang napakayayamang may-ari ng mga gusaling pang-opisina sa downtown na nagkakahalaga ng $25 milyon o higit pa kapag ibinenta nila ang kanilang gusali.

**Kung tutol kayo sa pagbabawas sa buwis ng mga bilyonaryo, bumoto ng HINDI sa C!**

Heto ang HINDI nila sinasabi sa inyo:

- **Pagbabawas ito ng buwis ng bilyonaryo para sa MARANGYANG PABAHAY.** Pinahihintulutan na ng kasalukuyang batas ang hindi pagkakasali sa pagbabayad ng buwis para sa mga pagbabago ng mga opisina tungo sa ABOT-KAYANG PABAHAY. Ang Prop C ay para makakuha ang malalaking developer ng pagkabawas sa buwis para sa pagtatayo ng MARANGYANG PABAHAY.
- **Isa itong pagbabawas ng buwis ng mga bilyonaryo na babayaran ninyo.** Kapag hindi nagbabayad ang mayayaman ng makatwiran nilang bahagi, ang nasa middle class at mabababa ang kita na taga-San Francisco ang kailangang sumalo sa kakulangan.
- **Isa itong pagbabawas ng buwis ng mga bilyonaryo na nagnanakaw mula sa abot-kayang pabahay.** Pinopondohan ng buwis sa higanteng mga gusali na pang-opisina ang abot-kayang pabahay at tulong sa pagbabayad ng upa. Bakit kailangang magbayad ng mas malaki ang nahihirapan nang umuupa para higit na kumita ang mga bilyonaryo?
- **Isa itong pagbabawas ng buwis ng mga bilyonaryo na magpapahintulot sa City Hall na magpasa ng mas maraming ipinamimigay nang walang pag-apruba ng mga botante.** Nakatago sa nakasulat ang pagpapahintulot ng Prop C sa City Hall na bawiin ang progressive o tumataas ang halaga na transfer tax sa mamahaling mga gusali na NAIPASA NA NG MGA BOTANTE. Ni hindi ito binabanggit ng may-panukala. Naisip na ba ninyo kung bakit?

Kailangang magtuon ang tunay na pagbangon ng ekonomiya sa maliliit na negosyo, mga komunidad, at nagtatrabahong mga pamilya. Hindi lamang sa malalaking korporasyon at sa downtown.

Protektahan ang mga pondo para sa abot-kayang pabahay, reporma sa progressive tax at pagpapanatili sa pamamahala ng mga botante, at hindi ng City Hall. Bumoto ng HINDI sa C!

*Council of Community Housing Organizations (Konseho ng mga Organisasyon para sa Pabahay sa Komunidad)*
*San Francisco Democratic County Central Committee (Komite Sentral ng Partido Demokratiko sa San Francisco County)*
*Affordable Housing Alliance (Alyansa para sa Abot-kayang Pabahay)*
*San Francisco Tenants Union (Unyon ng mga Nangungupahan sa San Francisco)*
*Senior and Disability Action (Aksiyon para sa mga Matatanda at May Kapansanan)*
*Harvey Milk LGBTQ Democratic Club (Samahang Demokratiko na Harvey Milk LGBTQ)*
*Small Business Forward (Abante Maliliit na Negosyo)*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

## Argumento ng Katunggali

**BUMOTO NG HINDI SA C: ISA ITONG MAPANLINLANG NA PAGBABAWAS NG BUWIS PARA SA MGA BILYONARYO**

Mga botante ng San Francisco, huwag kayong magpaloko. Bumoto ng HINDI sa C upang matigil ang mapanlinlang na panukalang-batas sa balota, na kumukuha ng kapangyarihan mula sa mga botante at nagpapahintulot sa mga politiko ng City Hall na mamigay ng pangkorporasyong pagbabawas sa buwis sa mga bilyonaryo at may-ari ng malalaking ari-arian.

Mag-ingat sa Prop C:

- **Isa itong mapanlinlang na pagbabawas ng buwis para sa mga bilyonaryo.** Hindi na isinasama ng batas ng Lungsod ang mga proyekto para sa abot-kayang pabahay sa transfer tax. Anuman ang ipinapahayag ng Prop C, WALA itong ginagawa upang makahikayat ng abot-kayang pabahay sa San Francisco.
- **Pinahihintulutan nito ang mga politiko na mamigay ng pagkabawas ng buwis sa malalaking korporasyon.** Sa ngayon, ang mga botante lamang ang nakapagpapasya kung tataasan o babawasan ang transfer tax sa pagbebenta ng ari-arian. Ngunit pahihintulutan ng panukalang-batas na ito ang mga politiko na bawasan o tanggalin pa ang transfer tax nang walang pag-apruba ng mga botante.
- **Pahihintulutan nitong baligtarin ng City Hall ang kagustuhan ng mga botante.** Noong 2008, inaprubahan na ng mga botante ang mga panukalang-batas sa balota upang masara ang mga butas sa transfer tax na nagpapahintulot sa mga korporasyon na maiwasan ang pagbabayad ng kanilang makatwirang bahagi. At, bumoto na rin tayo para sa maliliit na pagtataas ng buwis sa mga ari-arian na nagkakahalaga ng $5 milyon at $10 milyon. PAGPAPASYA NATIN ang mga ito. Gayon pa man, kapag naipasa ang Prop C, sa halip ay magiging pasya ito ng mga politiko.
- **Pinagbabantaan nito ang abot-kayang pabahay at napakahahalagang serbisyo.** Nagkakaloob ang transfer tax sa pagbebenta ng malalaking ari-arian ng mga korporasyon, na nagkakahalaga ng mahigit $5 milyon, ng daan-daang unit ng abot-kayang pabahay at nakatutulong ito sa pagpopondo ng napakahahalagang serbisyo, tulad ng pampublikong kaligtasan, mga paaralan, at abot-kayang pabahay. Maaaring kunin ng Prop C ang mga serbisyong ito.
- **Maling uri ng pagbangon ng ekonomiya ito.** Kailangang magtuon ang pagbangon ng ating ekonomiya sa mga komunidad ng lungsod, maliliit na negosyo, at nagtatrabahong mga taga-San Francisco – hindi sa mga korporasyon na nasa downtown.

Salamangka ng mga politiko ang Prop C kung saan nakikinabang ang piling kakaunti habang napeperhuwisyo ang lahat ng iba pa sa atin. Pakisamahan kami sa pagboto ng HINDI sa C.

*Council of Community Housing Organizations*
*San Francisco Democratic County Central Committee*
*Affordable Housing Alliance*
*San Francisco Tenants Union*
*Senior and Disability Action*
*Harvey Milk LGBTQ Democratic Club*
*Small Business Forward*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

Gustong panatilihin ng mga katunggali ng Prop C ang kasalukuyang sitwasyon – walang laman na pang-opisinang mga gusali, mas kaunting kita para sa mga serbisyo ng lungsod tulad ng mga parke at pulisya, at maliliit na negosyong nahihirapan na manatiling bukas.

Isang hakbang ang Prop C na maaari nating gawin ngayon upang muling pasiglahin ang ating downtown sa pamamagitan ng pagbabago ng mga bakanteng mga pang-opisinang gusali tungo sa pagiging pabahay.

Naging sakuna ang pandemya at pagbabago tungo sa pagtatrabaho mula sa bahay, kung kaya't nawalan ng laman ang ating downtown. Sa ngayon, nananatiling bakante ang dating punong-puno na mga opisina, tahimik na ang mga kalye, at patuloy na nagsasara ang mga restawran dahil sa kakulangan ng mga naglalakad sa paligid-ligid.

May mga may-ari ng mga gusali na interesado sa paglilipat ng gamit ng ating bakanteng mga gusaling pang-opisina tungo sa pagiging pabahay, pero napakakataas ng gastos upang maisagawa ito. Kailangang baguhin nang buo ang mga bagay na tulad ng sistema ng mga tubo para sa tubig kapag inilipat ang mga espasyong pang-opisina tungo sa pagiging mga tahanan.

Heto ang TALAGANG gagawin ng Prop C: Pansamantala nitong tatalikdan ang transfer tax ng Lungsod upang maging higit na abot-kaya ang pagbabago ng mga pang-opisinang gusali tungo sa pagiging pabahay. Magdadala ang bagong pabahay na ito ng pamumuhunan at mga residente sa downtown, kung kaya't lilikha ito ng napapananatili at 24 oras na komunidad na mas masigla at mas matatag sa mga pagbagsak ng ekonomiya sa hinaharap.

**Kailangan ng San Francisco ng mas maraming pabahay. Hindi nito kailangan ng walang laman na pang-opisinang mga gusali na maaaring manatiling bakante sa loob ng ilang dekada kapag wala tayong ginawa.**

Matapos mapunta ang mga trabaho para sa auto worker sa ibang lugar, itinayong muli ng Detroit ang downtown nito sa pamamagitan ng pagbibigay ng bagong gamit sa komersiyal na mga gusali tungo sa pagiging pabahay. Matapos ang 9/11, muling itinayo ng Lungsod ng New York ang lower Manhattan at nagdagdag ng pabahay, kung kaya't nakalikha ng bagong komunidad sa lungsod.

Maaari nating muling itayo ang ating downtown at lumikha ng umuunlad na bagong komunidad.

**Bumoto ng Oo sa Prop C.**

*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Joel Engardio*
*Superbisor Rafael Mandelman*
*Superbisor Catherine Stefani*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# D – Mga Pagbabago sa Lokal na mga Batas ukol sa Ethics o Pagkakaroon ng Prinsipyo

**Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang mga batas nitong nauukol sa pagkakaroon ng prinsipyo at nang lalo pang malagyan ng mga restriksiyon ang mga regalong maaaring tanggapin ng mga empleyado at opisyal ng Lungsod, mapalawak ang depinisyon ng pag-asal ng mga empleyado at opisyal ng Lungsod, at iba pang ipinagbabawal ng gayong mga batas bilang panunuhol, makapagtakda ng karagdagang pag-uulat ng mga regalo sa mga departamento ng Lungsod, makalikha ng magkakaparehong pangkat ng mga patakarang nauukol sa mga aktibidad na walang kaugnayan sa trabaho ng mga empleyado at opisyal ng Lungsod sa halip na mga patakaran ng bawat departamento, makalikha ng mga karagdagang parusa para sa ilang paglabag sa ethics, makapagtakda ng ethics training para sa karagdagang mga empleyado ng Lungsod, at mabago ang mga itinatakda sa pag-amyenda sa ilang batas na nauukol sa ethics sa kinabukasan?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Sa pangkalahatan, ipinagbabawal ng batas ng Lungsod sa mga opisyal at empleyado ng Lungsod ang pagtanggap ng regalo mula sa sinumang nakikipagtransaksyon sa kanilang departamento o na sumubok na impluwensiyahan sila sa mga pampamahalaang desisyon. Ipinagbabawal din ng batas ng Lungsod ang panunuhol sa mga opisyal at empleyado ng Lungsod.

Kailangang iulat ng mga departamento ng Lungsod ang anumang regalo na tinanggap nila sa Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), sa Board of Supervisors o Lupon ng mga Superbisor (Board o Lupon) at sa website ng departamento.

Itinatakda ng bawat departamento ng Lungsod ang sarili nitong polisiya na nagbabawal sa mga opisyal at empleyado nito sa pakikilahok sa ilang aktibidad na maaaring kasalungat ng sarili nilang mga tungkulin sa Lungsod.

Kailangang pormal na isiwalat ng mga opisyal at empleyado ng Lungsod na gumagawa ng pampamahalaang mga desisyon ang relasyong mayroon sila sa indibidwal o entidad na pinatutungkulan ng desisyon o na may pinansiyal na interes sa desisyon. Walang parusa para sa mga opisyal ng Lungsod na mabibigong gawin ang pagsisiwalat.

Kailangang makakompleto ang mga inihahalal na opisyal, komisyoner, at pinuno ng mga departamento ng Lungsod ng taunang ethics training.

Ang ilang batas na nauukol sa ethics ay napagtibay na ng Board at maaaring maamyendahan sa pamamagitan ng pagboto ng mayorya ng Board. Ang iba pang batas na nauukol sa Ethics ay naisabatas na ng mga botante at maaaring maamyendahan lamang sa pamamagitan ng pag-apruba ng mga botante. Ang City Ethics Commission (Komisyon ng Lungsod para sa Pagkakaroon ng Prinsipyo) ang nagmumungkahi at nagpapatupad ng mga batas at tuntunin ng Lungsod na nauukol sa pamamahala sa pagkakaroon ng prinsipyo at sa pagpipinansiya sa mga kampanya.

**Ang Mungkahi:** Pahihigpitin pa ng Proposisyon D ang mga batas ng Lungsod na nauukol sa ethics sa pamamagitan ng:

- Pagpapalawak sa mga uri at pinagmumulan ng mga regalo na ipinagbabawal sa mga opisyal at empleyado ng Lungsod na tanggapin.
- Pag-aamyenda sa depinisyon ng panunuhol upang mapagbawalan ang mga opisyal at empleyado ng Lungsod sa paghingi o pagtanggap na anumang bagay na may halaga para sa kanilang sarili o sa ikatlong partido nang may tunguhing impluwensiyahan ang anumang aksiyon ng pamahalaan. Ipagbabawal din nito ang sinuman sa pag-aalok ng suhol sa mga opisyal at empleyado ng Lungsod, kasama na ang pagbabayad sa mga ikatlong partido.
- Pagtatakda sa mga pinuno ng departamento ng Lungsod na iulat ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga regalong ito sa kanilang departamento at pagpapahintulot ng pagdidisplina nang dahil sa kabiguang matugunan ang mga itinatakdang ito.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 30.

- Paglikha ng magkakaparehong pangkat ng mga patakarang nauukol sa lahat ng ipinagbabawal na aktibidad na walang kaugnayan sa trabaho at para sa lahat ng opisyal at empleyado ng Lungsod.
- Pagpapahintulot sa mga multa kapag nabigo ang mga opisyal at empleyado ng Lungsod na isagawa ang itinatakdang mga pagsisiwalat ukol sa kanilang personal, propesyonal o pangnegosyong mga relasyon.
- Pagtatakda sa lahat ng empleyado ng Lungsod na may awtoridad na gumawa ng desisyon na makakompleto ng taunang ethics training.
- Pagtatakda ng pag-apruba ng botante o boto ng supermajority (botong mas malaki sa mahigit sa kalahati) kapwa ng Board at ng City Ethics Commission upang maamyendahan ang karamihan sa mga batas ng Lungsod na nauukol sa ethics.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong pahigpitin ang mga batas ng Lungsod na nauukol sa ethics.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "D"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon D:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahi na inisyatibang ordinansa, magkakaroon ito ng kakaunting epekto sa gastos ng gobyerno. Magkakahalaga ang mungkahi na inisyatibang ordinansa ng $43,000 sa Fiscal Year (taon ayon sa pagpaplano para sa badyet, FY) 2023–2024 at humigit-kumulang $25,000 taon-taon.

Pinalalawak ng mungkahing ordinansa ang mga patakaran at ipinagbabawal na nauukol sa pagbibigay ng regalo, panunuhol, hiniling na bayad, at pagkakasalungat ng mga interes para sa mga kawani, inihahalal na opisyal, departamento, at lobbyist (binabayaran upang maimpluwensiyahan ang mga mambabatas) ng Lungsod. Itinatakda rin ng mungkahing ordinansa ang taunang ethics training para sa mga empleyado ng Lungsod na may awtoridad na gumawa ng mga desisyon. Kapag naipasa, itatakda rin ng mungkahing ordinansa ang pagkakaroon ng pag-aprubang supermajority mula kapwa sa Board of Supervisors at sa Ethics Commission upang maamyendahan ang karamihan sa mga batas ng Lungsod na nauukol sa ethics.

Maglalaan ang mungkahing ordinansa ng humigit-kumulang $43,000 mula sa General Reserve (Nakatabing Pondo) sa FY23–24 na binubuo ng $18,000 para sa mga pagbabago sa software system para sa sertipikasyon sa ethics training at taunang gastos na $25,000 para sa software at nang makagawa ng taunang pagsasanay at online forms na nauukol sa pagsisiwalat ng mga regalo sa departamento. Iaaayon taon-taon ang taunang inilalaan upang masalamin ang mga pagbabago sa Consumer Price Index (nagpapakita ng pagkakaiba-iba ng mga presyong ibinabayad ng karaniwang konsumer sa mga ibinebenta).

Upang magkaroon ng konteksto, mayroong apat na kawani para sa pagsasanay at pag-aabot sa nakararami ang Ethics Commission, at may badyet na $788,488 sa FY 23–24. Ang kasalukuyang mga kawani ang bubuo at magpapatupad ng bagong mga itinatakdang pagsasanay.

Sakaling maaprubahan ng mga botante, nakabatay ang gastos sa mungkahing ordinansa sa mga desisyon na isasagawa ng Mayor at ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) sa proseso ng pagbabadyet, dahil hindi maitatakda ng ordinansa sa mga Mayor at sa mga Board of Supervisors sa hinaharap na magkaloob ng pagpopondo para dito at sa anumang iba pang layunin.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "D"

Noong Agosto 18, 2023, bumoto ang Ethics Commission ng 4 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon D sa balota.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 30.

38-FI-M24-CP52

## Argumento ng May-Panukala

Inilagay ang Proposisyon D sa balota sa pamamagitan ng pinagkaisahang pagboto ng San Francisco Ethics Commission (Komisyon para sa Pagkakaroon ng Prinsipyo) bilang pagtugon sa mga insidente kamakailan kung saan nagkaroon ng korupsiyon sa bahagi ng mga opisyal ng Lungsod at mga nagnenegosyo sa Lungsod. Tinutugunan ng Proposisyon D ang mga problemang natukoy sa pamamagitan ng mga imbestigasyon laban sa korupsiyon, nagkakaloob ng mas hindi nagbabago-bagong mga patakaran sa kabuuan ng mga departamento ng Lungsod, at nagtataguyod ng mga pagpapasya sa gobyerno na ginawa nang makatarungan at walang kinikilingan at mukhang ganito nga.

**Mga Regalo at Panunuhol:** Lilinawin at palalawakin ng Proposisyon D ang naririyan nang patakaran na nagbabawal sa mga opisyal ng Lungsod na tumanggap ng mga regalo mula sa mga indibidwal na sumubok nang maimpluwensiyahan sila at mula sa mga nakikipagtrabaho sa kanilang mga departamento. Maisasagawa ang bahagi nito sa pamamagitan ng pagtatanggal ng ilang eksemsiyon o hindi pagkakasama, at sa pamamagitan ng pagpapatupad ng patakaran sa karagdagang mga sitwasyon. Lilinawin at palalawakin din ng Proposisyon D ang patakaran ng Lungsod laban sa panunuhol at itatakda sa mga pinuno ng mga departamento na isiwalat ang tungkol sa mga regalong ibinigay sa mga departamento ng Lungsod.

**Ethics Training:** Itatakda ng Proposisyon D ang taunang ethics training para sa lahat ng opisyal ng Lungsod na kinakailangang magsiwalat ng kanilang pinansiyal na mga interes dahil lumalahok sila sa paggawa ng mga desisyon sa gobyerno.

**Hindi Magkatugmang mga Aktibidad:** Magkakaloob ang Proposisyon D ng estandardisadong mga patakaran para sa lahat ng opisyal ng Lungsod na nagbabawal sa mga aktibidad sa labas na kasalungat ng kanilang mga tungkulin sa Lungsod, kasama na ang mga aktibidad na nasa ilalim ng kontrol ng kanilang departamento at mali ang paggamit sa mga rekurso o posisyon sa Lungsod para sa personal na pakinabang.

**Pagsisiwalat ng Tungkol sa mga Relasyon:** Pahihintulutan ng Proposisyon D na maparusahan ang opisyal ng Lungod nang dahil sa kabiguang isiwalat, ayon sa itinatakda ng batas, ang anumang personal, propesyonal, o pangnegosyong relasyon na mayroon siya sa sinumang pinatutungkulan ng pagpapasya ng gobyerno na isinagawa ng opisyal.

**Pagtitiyak ng Pananatili ng mga Batas ukol sa Ethics:** Aamyendahan ng Proposisyon D ang mga tsapter ng Campaign and Governmental Conduct Code (Kodigo para sa Pag-asal sa mga Kampanya at sa Gobyerno) upang maitakda sa mga pag-aamyenda sa batas sa hinaharap ang pag-apruba ng mga supermajority (botong mas malaki sa mahigit sa kalahati) kapwa ng Ethics Commission at ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor). Hindi maaapektuhan ang kapangyarihan ng mga botante na amyendahan ang mga tsapter na ito.

Makukuha ang impormasyon sa lahat ng aspeto ng Proposisyon D sa: sfethics.org/PropD

*San Francisco Ethics Commission*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

**Ang Proposisyon D ay burukratikong "full employment act o batas para lubos-lubusang pag-eempleyo" upang mabigyan ng katwiran ang hindi na napamamahalaang paggasta at lumobo nang kawanihan sa "Ethics" Commission**—isa sa mahigit isang daang komisyon, tagapayong lupon, komite, ahensiya, panel, at task force (komite para sa espesyal na gawain) na **namumutiktik** sa pamahalaan ng San Francisco.

Alam ito ni Mayor London Breed. Binawasan ng mungkahing badyet ng Mayor para sa 2023-24 ang badyet ng "ethics" nang 32% at ang kawanihan nito nang 40% sa loob ng dalawang taon, na siya sanang hahantong sa paggasta ng San Francisco na alinsunod sa Los Angeles. Nilabanan ito ng Board of Supervisors.

Samantala, **iniiwasan ni Mayor Breed ang kanyang responsibilidad sa korupsiyon sa pampublikong gawain.**

Nilulubos-lubos ng Proposisyon D ang mga pagsusumikap sa pamamagitan ng ***isa na namang walang ngipin na muling pagsusulat*** sa mga patakaran sa lobbying o pag-impluwensiya sa mga mambabatas. Mas malalaking salita(!), mas mahahabang pagbibigay-kahulugan(!), mas maraming papeles(!).

**Bumoto ng HINDI sa Proposisyon D.** Hindi mawawakasan ng burukrasya ang korupsiyon.

**Sa Nobyembre, maghalal tayo ng Mayor na magtatanggal sa puwesto sa mga nasusuhulang opisyal ng Lungsod.**

Larry S. Marso, Esq.

Residente ng Nob Hill si Mr. Marso at ehekutibo siya sa teknolohiya, tagapayo ng M&A, abugado, at kolumnista ng iba't ibang pahayagan. Bilang delegado sa San Francisco Republican County Central Committee (Komite Sentral ng Partido Republikano sa San Francisco County), kinakatawan niya ang mga botante sa Pang-asembleyang Distrito 17. Noong 2020, naging kandidato si Mr. Marso para sa Tagapangulo ng SFGOP, konsultant sa presidensiyal na kampanya, at kilala sa buong bansa na eksperto sa mga sistema ng elektronikong pagboto.

*Itinalaga ang sagot ng Opisyal na Katunggali ng Proposisyon D na si Eve Del Castello, Kongresyonal na Kandidato, Presidente ng Republican Forum of San Francisco (Kapulungang Republikano ng San Francisco).*

*Larry S. Marso*

## Argumento ng Katunggali

Hindi **pahihigpitin** ng proposisyon ang mga batas ng Lungsod ukol sa ethics. Kung paano ito ngayon - Itinatakda ng bawat departamento ng Lungsod ang sarili nitong polisiya na nagbabawal sa mga opisyal at empleyado nito sa pakikilahok sa ilang aktibidad na **maaaring kasalungat** ng kanilang mga tungkulin sa Lungsod. Mangangahulugan ang mungkahing **ito** ng paglikha ng magkakaparehong pangkat ng mga patakarang nauukol sa lahat ng ipinagbabawal na aktibidad na walang kaugnayan sa trabaho para sa lahat ng opisyal at empleyado ng Lungsod. Maiiwan nitong nakawaksi ang mga patakarang nauukol sa **maaaring salungat** sa kanilang mga tungkulin sa lungsod. Mas espesipiko ang pagkakasaad ng mga patakaran sa **ngayon.**

Bukod rito, Kung Paano Ito sa Ngayon - Ang ilang batas ng Lungsod na nauukol sa ethics ay napagtibay na ng Board at maaaring maamyendahan sa pamamagitan ng pagboto ng mayorya ng Board. Ang iba pang batas na nauukol sa Ethics ay naisabatas na ng **mga botante** at **maaaring maamyendahan lamang** sa pamamagitan ng pag-apruba ng mga botante. Ang City Ethics Commission ang nagmumungkahi at nagpapatupad ng mga batas at patakaran ng Lungsod na nauukol sa pamamahala sa pagkakaroon ng prinsipyo **at sa pagpipinansiya sa mga kampanya.** Walang nakasaad sa proposisyong ito ukol sa pagpapatupad ng nauukol sa pagpipinansiya sa mga kampanya at itinatakda ang pag-apruba ng mga botante upang maamyendahan ang **karamihan** sa mga batas ng Lungsod ukol sa ethics. Mawawala ang ating mga karapatan sa pagboto ukol sa mga batas sa ethics na pinagtibay ng mga botante at maaaring maamyendahan **lamang** sa pamamagitan ng pag-apruba ng mga botante. Bumoto laban dito!

Isinumite ni Eve Del Castello
Kandidato sa ika-11 Kongresyonal na Distrito
Presidente ng Republican Forum of S.F.
Para sa impormasyon at/o pagsasalita sa mga pagtitipon, tumawag sa (415) 282-0894

*Eve Del Castello*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

Inilagay sa balota ang Proposisyon D ng San Francisco Ethics Commission bilang pagtugon sa dalawa o higit pang insidente ng korupsiyon kamakailan na isinagawa ng mga opisyal ng Lungsod at ng mga nakikipagtrabaho o gusto makipagtrabaho sa Lungsod. Nabuo ng Commission ang Proposisyon D upang makalikha ng malinaw at naipatutupad na mga patakaran, kung saan naitataguyod ang gobyerno ng Lungsod na nagkakaloob ng pagturing na patas, makatarungan, at pantay-pantay sa lahat.

Sa kasalukuyan, may sariling dokumento ang bawat departamento ng Lungsod, na kilala bilang Statement of Incompatible Activities (Pahayag ukol sa Hindi Magkatugmang mga Aktibidad, SIA) at naglalaman ng mga patakaran para sa mga opisyal ng departamento ukol sa ilang aktibidad na maaaring kasalungat ng kanilang mga tungkulin sa Lungsod. Gagawing estandardisado ng Proposisyon D ang mga patakarang ito at magkakapareho ang gagawing pagpapatupad sa mga ito sa mga opisyal ng Lungsod sa kabuuan ng lahat ng departamento. Mangangahulugan ito ng pagpapasailalim ng lahat ng opisyal ng Lungsod, anuman ang kanilang departamento, sa magkakaparehong tuntunin ukol sa mga aktibidad na maaaring kasalungat ng kanilang mga tungkulin sa Lungsod, at maaari din silang bigyan ng pagsasanay ukol sa mga ito.

Hindi lilimitahan ng Proposisyon D ang kakayahan ng mga botante na amyendahan ang mga batas sa ethics ng Lungsod. Sa kasalukuyan, maaring amyendahan ang halos lahat ng tsapter ng Campaign and Governmental Conduct Code (Kodigo para sa Pag-asal sa mga Kampanya at sa Gobyerno) sa lehislatura, nang walang pag-apruba ng mga botante, at karamihan ay sa pamamagitan ng simpleng mayorya ng Board of Supervisors. Itatakda ng Proposisyon D na aprubahan ang mga pag-aamyenda sa karamihan sa mga tsapter ng 1) mga botante o 2) ng super-majority (botong mas malaki sa mahigit sa kalahati) kapwa ng Ethics Commission at ng Board of Supervisors. Maaari pa ring maamyendahan ng mga botante ang lahat ng tsapter kung aaprubahan ang Proposisyon D.

Makukuha ang impormasyon sa lahat ng aspeto ng Proposisyon D sa: sfethics.org/PropD

*San Francisco Ethics Commission*

# E – Mga Polisiya at Patakaran ng Police Department (Departamento ng Pulisya)

**Dapat bang pahintulutan ng Lungsod ang Police Department na magsagawa ng mga pulong sa komunidad bago mabago ng Police Commission (Komisyon ng Pulisya) ang mga polisiya sa pagpupulis, mabawasan ang mga itinatakda sa pagtatago ng mga rekord at pag-uulat para sa mga pulis, makapagtakda ng bagong mga polisiya sa mga pulis ukol sa pag-uulat ng mga insidente kung saan gumamit ng dahas at ukol sa paghabol sa mga sasakyan, mapahintulutan ang Police Department na gumamit ng mga drone at maglagay ng mga kamera para sa pagmamanman sa publiko nang walang karagdagang pag-apruba, at mapahintulutan ang Police Department na gumamit ng bagong teknolohiya sa pagmamanman, maliban na lamang kung hindi ito inaaprubahan ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Ang Police Commission (Commission o Komisyon) ang nangangasiwa at nagpapatibay sa mga polisiya para sa San Francisco Police Department (SFPD). Ang Hepe ng Pulisya ang namamahala sa pang-araw-araw na mga operasyon ng SFPD. Maaari ding magpatibay ang Board of Supervisors o Lupon ng mga Superbisor (Board o Lupon) ng mga polisiya para sa SFPD, sa pamamagitan ng pagboto ng mayorya.

Ang polisiyang napagtibay na ng Commission o ng Board ang nagbabalangkas at nagtatakda ng mga limitasyon kung paano dapat isagawa ng mga pulis ang kanilang tungkulin sa pagpapatupad ng batas.

Sa ilalim ng polisiya ng Commission ukol sa paggamit ng dahas, kailangang maghanda ang mga pulis ng nakasulat na ulat kapag gumamit sila ng baril, tumutok ng baril sa indibidwal, pinuwersa ang tumututol na suspek na maposasan, o gumamit ng dahas na maaaring magdulot ng sakit o pinsala. Kailangan ding irekord ng mga pulis ang kanilang paggamit ng dahas gamit ang mga kamerang isinusuot sa katawan.

Sa ilalim ng polisiya ng Commission sa paghabol sa mga sasakyan, maaari lamang gumamit ang pulis ng sasakyan upang matugis ang indibidwal na tumatakas gamit ang sasakyan kung pinaghihinalaan ng pulis na nakagawa ang indibidwal ng marahas na krimen o kung naniniwala ang pulis na may agarang banta ang indibidwal sa kaligtasan ng publiko.

Napagtibay na ng Board ang polisiyang ipinatutupad ukol sa pagkakaroon at paggamit ng teknolohiya sa pagmamanman ng SFPD at iba pang departamento ng Lungsod. Maaaring maglagay ang Lungsod ng mga kamera para sa pagmamanman sa publiko sa mga kalye, bangketa, at mga lugar na ginagamit ng lahat sa pampublikong pabahay kapag inaprubahan ito ng Commission, kung napagpasyahan nito na may malaking bilang ng krimen na nagaganap sa lugar.

Bago makagamit o makakuha ang SFPD ng bagong teknolohiya sa pagmamanman, kailangan munang aprubahan ng Board ang paggamit nito. Hindi maaaring gumamit ang SFPD ng teknolohiya sa facial recognition o pagkilala sa mga mukha, maliban na lamang sa limitadong mga sitwasyon.

**Ang Mungkahi:** Ang Proposisyon E ang ordinansang gagawa ng mga pagbabagong ito:

- Bago gumawa ang Commission ng mga pagbabago sa polisiya ng SFPD, magkakaroon ng takdang panahon na 90 araw upang makapagsagawa ang SFPD ng isang pulong ng komunidad sa bawat estasyon ng pulis sa distrito, at nang sa gayon ay makakuha ng mga opinyon. Maaaring talikdan ng Hepe ng Pulisya ang prosesong ito.
- Kailangan munang bawasan ng Commission at ng SFPD ang paggawa at pagtatago ng mga rekord at pag-uulat sa hangganang pinahihintulutan ng batas, nang may layuning hindi gugugol ang mga pulis na nagpapatrolya nang hindi lalampas sa 20% ng kanilang oras sa trabaho sa administratibong gawain.
- Itatakda lamang ang mga ulat ukol sa paggamit ng dahas kung pisikal na napinsala ang indibidwal ng paggamit ng dahas ng pulis o kung gumamit ang pulis ng baril o itinutok ito sa indibidwal. Sa iba pang kaso ng paggamit ng dahas, maaaring

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 30.

iulat ang insidente sa pamamagitan ng mga kamerang isinusuot sa katawan.
- Pahihintulutan lamang ang paghabol sa sasakyan kung may makatwirang hinala ang pulis na gumawa, gumagawa, o malamang na gagawa ang indibidwal ng mabigat na krimen o marahas na magaang krimen.
- May panahon hanggang Oktubre 1, 2024 ang Commission upang mapagtibay ang bagong mga polisiya na nakaayon sa panukalang-batas na ito.
- Maaaring gumamit ang SFPD ng mga drone para sa paghabol sa mga sasakyan at aktibong pag-iimbestiga sa mga krimen.
- Sa layuning mapaghusay pa ang kaligtasan ng publiko, maaaring bigyan ng awtorisasyon ng Hepe ng Pulisya ang paglalagay ng mga pampublikong kamera para sa pagmamanman, nang walang pag-apruba ng Commission, matapos magsagawa ng pulong sa komunidad.
- Maaaring may kasamang teknolohiya para sa pagkilala ng mukha ang mga drone at pampublikong kamera para sa pagmamanman sa publiko sa ilalim ng mga patakarang ito at hindi na mangangailangan pa ng pag-apruba ng Board. Maaaring gumamit ang SFPD ng iba pang teknolohiya sa pagmamanman kung magsusumite ito ng polisiya sa Board sa loob ng isang taon. Maaaring hindi aprubahan ng Board ang polisiyang ito.
- Hanggang Enero 1, 2027, kailangang aprubahan ng botong supermajority (botong mas malaki sa mahigit sa kalahati) ng Board ang anumang pagbabago sa bagong ordinansa na ito. Matapos ang petsang ito, maaari nang aprubahan ang mga pagbabago ng mayorya ng Board.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong:

- Pahintulutan ang SFPD na magsagawa ng mga pulong ng komunidad bago mabago ng Commission ang mga polisiya ng SFPD;
- Itakda sa Commission at sa SFPD na bawasan ang pagtatago ng rekord at pag-uulat ng mga pulis;
- Magkaroon ng bagong mga polisiya ukol sa pag-uulat ng mga pulis ng SFPD ng paggamit ng dahas at paghabol sa mga sasakyan at pahintulutan ang Commission na baguhin ang iba pang polisiya;
- Bigyan ng awtorisasyon ang SFPD na gumamit ng mga drone at maglagay ng mga kamera para sa pagmamanman nang walang pag-apruba ng Commission o ng Board, kasama na ang kagamitang may teknolohiya para sa pagkilala ng mukha; at
- Bigyan ng awtorisasyon ang SFPD na gumamit ng bagong teknolohiya sa pagmamanman, maliban na lamang kung hindi ito aaprubahan ng Board.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "E"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon E:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing inisyatibang ordinansa, hindi maaapektuhan nito kung ito lamang at sa katangian nito, ang gastos ng gobyerno. Batay sa mga pagpapasya ng San Francisco Police Department (SFPD) ukol sa mga operasyon, maaaring magkaroon ng pagtitipid sa gastos dahil sa mababawasan na administratibong mga tungkulin ng mga pulis, ngunit nasa antas ito na hindi pa natitiyak.

Itatakda ng mungkahi na inisyatibang ordinansa na magbigay ang San Francisco Police Department (SFPD) ng abiso sa publiko at humingi ng opinyon ng komunidad ukol sa mungkahing mga pagbabago sa polisiya, sa pamamagitan ng isa o higit pang pulong ng komunidad sa bawat isa sa sampung estasyon ng distrito.

Binabago ng mungkahi na inisyatibang ordinansa ang kasalukuyang mga polisiya ukol sa paggamit ng dahas at paghabol ng sasakyan ng SFPD at pahihintulutan nito ang mga kamerang isinusuot sa katawan at drone sa ilang sitwasyon. Kapag naaprubahan ang ordinansa, itatakda lamang sa mga pulis na gumawa ng nakasulat na ulat kung humantong ang paggamit ng dahas sa pinsala, reklamo ukol sa pagkakapinsala, o kung nagtutok ng baril sa indibidwal. Kung hindi naman, matutugunan na ang mga itinatakda sa pag-uulat ukol sa paggamit ng dahas sa pamamagitan ng kuha ng kamerang nasa katawan.

Karagdagan dito, kapag naaprubahan ang ordinansa, babaguhin nito ang proseso ng paglalagay ng mga kamera para sa kaligtasan ng publiko. Maaaring magdulot ng higit na pangangailangan ng SFPD sa mga kagamitang panteknolohiya ang karagdagang pagdepende sa mga kamerang nakasuot sa katawan, kamera na para sa kaligtasan ng publiko, at drone.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "E"

Noong Nobyembre 20, 2023, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na nilagdaan ni Mayor Breed.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) na maglagay ang Mayor ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

## Argumento ng May-Panukala

**BUMOTO NG OO SA E UPANG MAGAWANG MAS LIGTAS ANG SAN FRANCISCO**

Proposisyon E: Inilalagay ng Safer San Francisco (Mas Ligtas na San Francisco) ang ating pulis sa pinakamagandang posisyon para sa paglilingkod sa ating mga komunidad sa pamamagitan ng pagkakaloob sa kanila ng mga kasangkapan at tuntunin na kailangan nila upang maipatupad ang mga batas, habang pinipigilan ang Police Commission (Komisyon ng Pulisya) sa pakikialam sa mga pagsusumikap para sa kaligtasan ng komunidad.

**Pagkakalooban ng Prop E ang mga pulis ng mga kasangkapan sa teknolohiya ng ika-21 siglo.**
Babaguhin ng Prop E ang mga polisiya ng lungsod upang mapahintulutan ang mga pulis na gumamit ng mga kamera na pag-aari ng publiko at ng mga drone na para sa kaligtasan ng publiko, at nang sa gayon, maiwasan, maimbestigahan, at malutas ang mga krimen. Sa ngayon, napipigilan ang mga pulis ng SFPD sa paggamit sa mga kasangkapang ito sa real-time (sa panahon mismo na nagaganap) upang makatulong sa pag-iwas at paglutas sa mga krimeng tulad ng pagnanakaw sa tindahan, pagnanakaw ng sasakyan, at panloloob sa mga kotse.

**Magkakaroon ng mas maraming pulis sa mga kalye nang dahil sa Prop E.**
Tatanggalin ng Prop E ang itinatakdang pag-uulit ng pag-uulat, kung kaya't mababawasan ang panahon na nasa likod ng mesa ang mga pulis at ibabalik silang muli sa mga kalye. Sa maraming kaso, maaari nang gumamit ang mga pulis ng teknolohiya na tulad ng isinusuot sa katawan na mga kamera upang marekord ang impormasyon tungkol sa insidente, sa halip na pagsagot sa labis-labis na papeles, na pumipigil sa ating mga pulis sa pagpapatrolya sa kalye.

**Papalitan ng Prop E ang mga patakaran upang mas maraming pulis ang makahabol sa mga kriminal.**
Papalitan ng Prop E ang mga patakaran upang mapahintulutan ang mga pulis na aktibong tugisin ang mga pinagsususpetsahang gumawa ng mabibigat na krimen at mararahas na magagaang krimen, kasama na ang pagnanakaw sa tindahan, pagnanakaw ng sasakyan, at panloloob sa mga kotse, basta't maisasagawa nang ligtas ang pagtugis. Sa ngayon, may restriksiyon ang mga pulis sa mga aksiyon na maaari nilang gawin.

**Pipigilan ng Prop E ang Police Commission sa paglalagay sa unahan ng ideolohiya bago ang kaligtasan ng komunidad.**
Pipigilan ng Prop E ang Police Commission sa pangangasiwa sa maliliit na detalye sa gawain ng Hepe ng Pulisya at titiyakin nito na anumang bagong mga polisiyang isasapuwesto ay hindi mangangailangan ng 20% ng kabuuang panahon na nasa tungkulin ang pulis para sa administratibong gawain.

Bigyan natin ang ating mga pulis ng **MGA KASANGKAPAN** upang magawa ang kanilang mga trabaho gamit ang teknolohiya ng ika-21 siglo, at palitan ang mga **PATAKARAN** upang mas maraming pulis ang nasa kalye na pumipigil sa krimen at tumutugis sa mga kriminal.

**Bumoto ng OO sa Prop E.**

*Mayor London Breed*

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala

**Pahihinain ng Proposisyon E ang kakayahan ng komisyon ng pulisya na magkaloob ng independiyenteng pangangasiwa at pagpapanagot sa SFPD.** Itinatalaga ang mga Komisyoner ng Pulisya ng Mayor at ng Board of Supervisors. Gagawing mas mahina ng Proposisyon E ang Police Commission.

**Mapanlinlang ang Proposisyon E. Tinatanggal nito ang naririyan nang mga gawing pangkaligtasan** na dinisenyo upang maprotektahan tayo mula sa mapanganib na teknolohiya at pang-aabuso ng pulisya. Nakapuwesto ang mga gawaing pangkaligtasan na ito dahil may mahabang kasaysayan ang SFPD ng maling pag-asal at diskriminasyon laban sa mga komunidad ng mga may kulay.

**Inililihis ng Proposisyon E ang publiko sa pamamagitan ng pagpapahiwatig na hindi nakagagamit ng teknolohiya sa kasalukuyan ang SFPD.** Ang totoo nito, nakagagamit ang SFPD ng maraming teknolohiya kung mayroon silang mga patakaran para sa kaligtasan na naaprubahan na ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor).

**Tatanggalin ng Proposisyon E ang guardrails o nararapat na pagkilos at pahihintulutan ang mga pulis na gumamit ng mapanghimasok na teknolohiya sa pagmamanman — maging ng mga drone na nakaka-scan sa mukha** ayon sa Abugado ng Lungsod - nang walang mga polisiya sa kaligtasan o pangangasiwa.

**Gagawing mas mahirap ng Proposisyon ang pagpapanagot sa mga pulis para sa paggamit ng lahi o etnisidad upang pagsuspetsahan ang indibidwal na gumawa ng krimen at paggamit ng dahas sa pamamagitan ng pagbabawas sa mahahalagang itinatakda sa pag-uulat.** Karapat-dapat ang mga taga-San Francisco sa pagkakaroon ng mas maraming impormasyon tungkol sa maling pag-asal ng mga pulis, hindi ng mas kaunti.

**Ineendoso ng Proposisyon E ang mapanganib na pagtugis sa mga sasakyan** para sa mga paglabag ng batas na mababa ang antas at hahantong ito sa pagkamatay ng mas maraming sibilyan.

**Tungkol sa pamumulitika ang Proposisyon E, at hindi sa kaligtasan ng publiko.** Upang higit pang magkaroon ng kaligtasan sa komunidad, kailangang magtuon ang San Francisco sa mga solusyong nakabatay sa ebidensiya, tulad ng abot-kayang pabahay, pangangalaga sa kalusugan ng isip, at paggamot sa pang-aabuso sa droga.

**Higit pa sa mapangutyang Proposisyon na ito ang nararapat sa mga taga-San Francisco.** Kailangang magmungkahi ang mga lider ng Lungsod ng **tunay na mga stratehiya** upang matugunan ang kaligtasan ng komunidad sa halip na magtulak ng hindi seryosong panukalang-batas sa balota na nagdadala sa atin nang paurong.

**BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON E**

*ACLU of Northern California (ACLU ng Hilagang California)*

## Argumento ng Katunggali

Walang pag-iingat na panukalang-batas ang Prop E na **magtatapon sa napakahahalagang reporma na dinisenyo upang papanagutin ang pulisya at panatilihing ligtas ang mga indibidwal.**

**Isasapanganib** ng Prop E **ang mga naglalakad, nagbibisikleta, at iba pang inosenteng nanonood lamang ng pangyayari**, pati na rin ang mga pulis mismo, sa pamamagitan ng pagbibigay ng awtorisasyon sa mabibilis na pagtugis sa mga sasakyan para sa mga krimeng mababa ang antas sa isa sa pinakasiksik na lungsod sa bansa.

**Tatanggalin** ng Prop E **ang napakahahalagang nararapat na pagkilos, pipigilan ang demokratikong pangangasiwa, at pahihinain ang mga patakarang pangkaligtasan** na nagbibigay ng proteksiyon sa mga taga-San Francisco mula sa bago, hindi pa nasusubukan, at nakapanghihimasok na pagmamanman ng pulisya. Ayon sa City Attorney's Office (Opisina ng Abugado ng Lungsod), pahihintulutan ng Prop E ang SFPD na gumamit ng mga drone na nagsa-scan ng mga mukha upang matugis ang mga indibidwal, kung kaya't lilikha ito ng nakababagabag na kinabukasan kung saan sinuman sa San Francisco ay maaari nang matukoy at masubaybayan mula sa langit.

Pahihintulutan ng Prop E ang SFPD na **maitago ang mga insidenteng gumamit ng dahas** sa pamamagitan ng paglilimita sa mga itinatakda sa pag-uulat, kahit na mayroong hindi katanggap-tanggap na mga pagkakaiba sa pagturing sa iba't ibang lahi. Napag-alaman sa pagrerepaso ng datos ng SFPD na noong huling tatlong buwan ng 2022, **25 beses na mas malamang ang paggamit ng dahas** ng departamento **sa mga Itim na indibidwal kaysa sa mga puting indibidwal.** Salungat ang pagsusumikap na itong bawasan ang mga itinatakda sa pag-uulat sa mga rekomendasyon ng U.S. Department of Justice (Departamento ng Katarungan ng Estados Unidos) na ***paghusayin at paramihin*** ng SFPD ang paggawa at pagtatago nito ng mga rekord sa mga insidente kung saan gumamit ng dahas.

**Pahihinain** ng Prop E **ang independiyenteng pangangasiwa sa pulisya** sa pamamagitan ng pagtatali sa mga kamay ng Police Commission. Pag-uulit at pabigat ang proseso ng pakikilahok sa komunidad na itinatakda nito sa Commission, kung kaya't epektibo nitong pinahihintulutan ang Hepe ng Pulisya na pigilan ang anumang pagbabago sa polisiya na tinututulan ng departamento. Sa pamamagitan ng pagpapahina sa awtoridad ng komisyon, **bibigyan ng Prop E ang pulisya ng kapangyarihan na ipulis ang sarili**, na malamang na magdudulot ng kapahamakan.

**Ang Prop E ay panukalang-batas na hindi napag-isipan nang mabuti at iresponsable at gagawin nitong mas hindi ligtas ang San Francisco.** Dahil sa tuloy-tuloy na rekord ng SFPD ukol sa hindi magkakaparehong pagturing sa iba't ibang lahi at dahil sa kasaysayan nito ng mga iskandalo, dapat hayaan ng mga botante ang Police Commission na ipatupad ang mandato nito ng pagkakaloob ng masigasig na pangangasiwa at pagpapanagot sa SFPD.

**Hinihikayat namin ang mga taga-San Francisco na bumoto ng HINDI sa Proposisyon E.**

*ACLU of Northern California (ACLU ng Hilagang California)*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

Sinusuportahan ng mga katunggali ng Prop E ang kasalukuyang sitwasyon – isang sistema na nagpapahintulot sa mga kriminal na makaiwas sa pagdakip at makagawa ng mapangahas na mga krimen.

Magsasagawa ang Prop E ng mga pagbabagong nakabatay sa common sense sa mga patakaran na dahilan kung bakit mahirap para sa mga pulis na labanan ang krimen at mang-aresto.

Halimbawa, madaling tumakas mula sa lugar ng krimen sa ilalim ng mga patakaran ng Police Commission. Isasara ng Prop E ang mga butas sa batas at pahihintulutan ang mga pulis na ligtas na tugisin ang mga suspek na nagsagawa ng mabibigat na krimen.

Kulang ang ating mga pulis ng batayang mga kasangkapan para sa pampublikong kaligtasan na ginagamit na ng ibang departamento ng pulisya sa Bay Area – tulad ng mga kamera para sa kaligtasan ng publiko sa mga lugar na mataas ang bilang ng krimen, at nang sa gayon, maiwasan ang krimen at mahuli sa akto ang mga kriminal. Bibigyan ng awtorisasyon ng Prop E ang paggamit ng mga teknolohiyang ito ng ika-21 siglo upang mapigilan ang mga panloloob ng kotse at pagnanakaw sa tindahan, at makakakalap ang mga ito ng ebidensiya para sa taga-usig. Gumagamit na ang nakapaligid na mga county sa Bay Area ng mga kamera para sa kaligtasan ng publiko, na ang ibig sabihin kasalukuyang nahihikayat ang mga kriminal sa San Francisco kung saan alam nilang mas malamang na hindi sila mahuli.

Labis-labis na ang bigat ng trabaho ng ating mga pulis dahil sa sobra-sobrang papeles, kung kaya't gumugugol sila ng napakaraming panahon sa kanilang mesa sa pagsusulat ng mga ulat, sa halip na nagpapatrolya at nilalabanan ang krimen. Pahihintulutan ng Prop E ang mga pulis na maging mas mahusay sa pamamagitan ng mga pagbabagong nakabatay sa common sense, tulad ng pagpapahintulot sa nakunan ng body-cam na makatugon sa mga itinatakda sa pag-uulat.

Naging aktibistang organisasyon na ang Police Commission ng San Francisco, at mas nakatuon na ito sa politikal na mga pahayag sa halip na makabuluhang pagbabalanse ng pangangasiwa at pampublikong kaligtasan. Titiyakin ng Prop E na magagawan ng pagsusuri ng komunidad at mga eksperto ang mga bagong tuntunin ng Komisyon, kung kaya't mapagtutuunan ng mga pulis ang kanilang trabaho na pagpapanatili sa ating kaligtasan.

Pinapagana pa ang kriminal na gawain ng kasalukuyang mga patakaran ng San Francisco.

Tama na. Sobra na.

**OO sa Prop E upang maging mas ligtas ang San Francisco.**

*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Joel Engardio*
*Superbisor Rafael Mandelman*
*Superbisor Catherine Stefani*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# F – Pag-eeksamen at Paggamot sa Pagkahumaling sa Hindi Legal na Droga at iba Pang Sangkap para sa mga Tumatanggap ng Tulong-Publiko mula sa Lungsod

**Dapat bang itakda ng Lungsod sa mga walang asawa na nasa hustong edad na 65 pababa, at walang umaasang mga anak, na tumatanggap ng mga benepisyo mula sa tulong-publiko ng Lungsod, at makatwirang pinaghihinalaan ng Lungsod na nalululong sa ilegal na droga, na lumahok sa pag-eeksamen, ebalwasyon, at paggamot para sa pagkahumaling sa droga, at nang sa gayon ang mga nasa hustong gulang na iyon ay maging kuwalipikado para sa karamihan sa mga gayong benepisyo?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Itinatakda ng batas ng estado na magkaloob ang bawat county ng mga programang tulong-publiko para sa mahihirap at walang asawang nasa hustong gulang na 65 pababa. Isinasagawa ito ng San Francisco sa pamamagitan ng County Adult Assistance Programs (Programa ng County para sa Pagtulong sa Nasa Sapat na Gulang, CAAP). Sa pangkalahatan, mga walang asawa na nasa hustong edad na 65 pababa, at walang umaasang anak lamang ang pinaglilingkuran ng CAAP. Nakakokolekta ang mga tumatanggap mula sa CAAP ng mga pakete ng mga benepisyong nagbabayad o nagkakaloob ng kinakailangang mga serbisyo, tulad ng tulong sa paghahanap ng trabaho, pabahay, matutuluyan, koryente, tubig at gas, at pagkain. Sa 2023, nakatatanggap sa pangkalahatan ng $712 kada buwan ang mga tumatanggap mula sa CAAP na may natitirhan na. Ang mga nakararanas ng kawalan ng tahanan na tumatanggap mula sa CAAP ay nabibigyan ng pamamaraang makakuha ng matutuluyan at pagkain sa pamamagitan ng sistema ng mga shelter ng Lungsod at tulong na pera na hanggang sa $109 kada buwan. May karapatan ang mga tumatanggap mula sa CAAP na magkaroon ng lahat ng benepisyo, nalululong man sila o hindi sa ilegal na droga.

**Ang Mungkahi:** Itatakda ng Proposisyon F sa sinumang tumatanggap ng benepisyo mula sa CAAP na lumahok sa pag-eeksamen para sa kapansanang nauukol sa paggamit ng droga, kung makatwirang pinagsususpetsahan ng Lungsod na nalululong ang indibidwal sa ilegal na droga. Kapag nagpahiwatig ang pag-eeksamen na maaaring nalululong sa ilegal na droga ang benepisyaryo, magkakaloob ang Lungsod ng propesyonal na ebalwasyon at posibleng irekomenda ang benepisyaryo sa naaangkop na programa para sa paggamot. Kung makukuha nang walang bayad ang programang ito, itatakda sa benepisyaryo na lumahok upang maipagpatuloy ang pagtanggap sa mga benepisyo ng CAAP. Hindi itatakda ng panukalang-batas sa mga benepisyaryo na mapanatili ang pagtitimpi sa paggamit ng droga upang maging kuwalipikado para sa mga benepisyo.

Sa ilalim ng Proposisyon F, ang mga tumatanggap mula sa CAAP na hindi na makakukuha ng benepisyo dahil tumanggi silang lumahok sa itinatakdang pag-eeksamen, ebalwasyon o paggamot ay patuloy na tatanggap ng tulong sa pabahay nang hindi bababa sa 30 araw. Posibleng pahabain ng Lungsod ang kanilang mga benepisyo sa pabahay nang higit pa sa 30 araw kung kinakailangan upang maiwasan ang pagpapaalis sa tirahan.

Lilikha ang Proposisyon F ng pondo ng Lungsod na susuporta sa mga gastos para sa pag-eeksamen, ebalwasyon at paggamot. Anumang matitipid sa gastos mula sa hindi na pagpapatuloy ng tulong-publiko ay mapupunta sa pondong ito.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong itakda sa mga walang asawa na nasa hustong edad na 65 pababa, at walang umaasang mga anak, na tumatanggap ng mga benepisyo mula sa tulong-publiko ng Lungsod, at makatwirang pinaghihinalaan na nalululong sa ilegal na droga, na lumahok sa pag-eeksamen, ebalwasyon, at paggamot at nang sa gayon ay maging kuwalipikado para sa karamihan sa mga gayong benepisyo.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong ipatupad ang itinatakdang ito.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 30.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "F"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon F:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang mungkahi na inisyatibang ordinansa, magkakaroon ito ng katamtamang epekto sa gastos ng gobyerno. Tinatayang magkakahalaga ng nasa pagitan ng $500,000 at $1.4 milyon taon-taon ang pangangasiwa sa mungkahing programa, kasama na ang pag-eeksamen at pagtatasa sa mga tumatanggap ng tulong. Mapapagaan ang mga gastos na ito sa pamamagitan ng tinataya na taunang ipon na nasa pagitan ng $100,000 at $2 milyon mula sa mga benepisyaryo na hindi na kuwalipikadong tumanggap ng ayuda, kasama na ang karagdagang ipon na magagamit para sa paggamot at iba pang mga serbisyo para sa iba pang tumatanggap ng tulong mula sa programa. Nakabatay ang kabuuang gastos sa ordinansang ito sa mga pagpapasya sa operasyon na gagawin ng Human Services Agency (Ahensiya para sa mga Serbisyong Pantao, HSA) at mga desisyong gagawin ng Mayor at ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) sa pamamagitan ng normal na proseso sa pagbabadyet.

Aamyendahan ng mungkahi na inisyatibang ordinansa ang Administrative Code (Kodigong Administratibo), na magpapatibay sa mga itinatakdang pag-eeksamen at paggamot para sa mga benepisyaryo ng County Adult Assistance Program (CAAP) na may problema sa paggamit ng mga sangkap na may kaugnayan sa droga. Sa Fiscal Year (taon ayon sa pagpaplano para sa badyet) 2022-2023, humigit-kumulang 5,700 ang tumanggap ng tulong buwan-buwan mula sa CAAP sa San Francisco. Kapag naaprubahan ang ordinansa, ang mga tumatanggap mula sa CAAP na tatangging magpa-eksamen, magawan ng ebalwasyon at magamot ay ituturing na hindi sumusunod sa patakaran at hindi na kuwalipikado para sa mga benepisyong mula sa CAAP. Pagkakalooban ang hindi na makakukuha mula sa CAAP ng 30 araw ng suporta sa pabahay sa pamamagitan ng subsidyo sa upa na direktang ibabayad sa nagpapaupa o gagarantiyahan ang paggamit nila sa shelter o masisilungan, kung saan maaaring pahabain ang panahon ng pagtulong at nang maiwasan ang pagpapaalis sa tinitirhan. Babayaran ang suporta sa pabahay sa pamamagitan ng paglilipat sa dating tulong na pera para sa may tirahang tumatanggap mula sa CAAP o ipagkakaloob ito sa pamamagitan ng kasalukuyan nang ginagamit na kapasidad ng shelter ng Lungsod na naitalaga na para sa mga tumatanggap ng CAAP na walang tirahan.

Kapag naaprubahan ang mungkahing ordinansa, maaaring lumaki ang gastos sa pangangasiwa sa CAAP nang dahil sa bagong mga pangangailangan sa pag-eeksamen, pagtatasa, at pamamahala sa kaso ng mga benepisyaryo na na-eksameng positibo sa paggamit ng ilegal na droga. Maaaring ibalik ang ibinayad sa pamamahala sa kaso sa ilalim ng Drug Medi-cal. Nakabatay ang mas mataas na gastos sa mga desisyon sa operasyon na isinasagawa ng HSA at sa mga desisyon sa badyet na isinasagawa ng Mayor at ng Board of Supervisors sa ilalim ng normal na proseso sa pagbabadyet.

Ililipat ang matitipid na gastos ng CAAP mula sa mga itinigil nang benepisyaryo ng CAAP Treatment Fund o Pondo ng CAAP para sa Pagpapapagamot (Fund o Pondo), na maaaring makapagpagaan sa ilang gastos sa pag-eeksamen, pagtatasa, at paggamot. Sa kasalukuyan, nakakukuha ng $109 kada buwan ang mga walang tahanan na benepisyaryo ng CAAP, kasama ang hindi monetaryong suporta na ipinagkakaloob sa mga shelter ng Lungsod, at tumatanggap naman ang mga may tirahang kliyente ng CAAP ng $712 kada buwan. Ang matitipid sa gastos na perang nalipat mula sa mga itinigil nang benepisyaryo ay ililipat sa Fund. Hindi pa alam kung ilan ang eksaktong bilang ng mga kliyenteng hindi na makatatanggap ng tulong mula sa mungkahing ordinansa, maaaring nasa saklaw ng humigit-kumulang $200,000 hanggang $4 milyon sa unang taon ang matitipid tungo sa humigit-kumulang $100,000 hanggang $2 milyon sa susunod na mga taon.

Kapag naaprubahan ang ordinansa, maaaring magresulta ito sa mas malaking gastos kung hindi sapat ang kasalukuyang kapasidad sa pagpapapagamot upang matugunan ang mas malaking mga pangangailangan sa ilalim ng ordinansang ito. Bagamat hindi itinatakda ng ordinansa, kung hindi matugunan ng Lungsod ang mga pangangailangan para sa mga serbisyo sa pamamagitan ng kasalukuyan o pinaplanong kapasidad, maaaring magresulta ito sa mga gastos sa hinaharap batay sa mga desisyon sa hinaharap na gagawin ng Mayor at ng Board of Supervisors sa pamamagitan ng normal na proseso sa pagbabadyet. Kasama sa mga serbisyo na malamang na may kapasidad na paglingkuran ang mga kakarekomenda pa lamang na kliyente ng CAAP ang paggamot sa pamamagitan ng medikasyon, outpatient na paggamot sa problema sa paggamit ng sangkap, at mga karamay na grupong sumusuporta. Maaaring kailangan ng karagdagang kapasidad para sa residensiyal na paggamot, pamamahala sa paghinto sa paggamit ng droga, o residensiyal na mga programang para sa step-down treatment (intermediate o panggitna na antas ng pangangalaga at pagsubaybay). Nakabatay ang kabuuang gastos sa paggamot sa bilang ng mga kliyente ng CAAP na lalahok sa paggamot at kung sa anong programa sila lalahok. Upang magkaroon ng konteksto, ang halaga ng paggamot sa mga residensiyal na programang gamutan para sa pagtigil na 90 araw ay nasa saklaw ng humigit-kumulang $28,000 hanggang $40,000 kada indibidwal at may halaga ang naibabalik na gastos na nasa saklaw ng humigit-kumulang $16,000 hanggang humigit-kumulang $28,000.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "F"

Noong Nobyembre 20, 2023, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na nilagdaan ni Mayor Breed.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) na maglagay ang Mayor ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 30.

## Argumento ng May-Panukala

**BUMOTO NG OO SA PROP F PARA SA PAGPAPAGAMOT + PANANAGUTAN**

Nagdaragdag ang Prop F, ang Panukalang-Batas ukol sa Pagpapagamot + Pananagutan, ng isa pang kasangkapan sa mga pagsusumikap ng San Francisco na tugunan ang nakamamatay na paggamit ng droga na nagdudulot ng malalang panganib sa kaligtasan ng publiko at nagpapalala sa krisis sa mga nag-o-overdose o labis-labis na gumagamit ng droga sa ating mga kalye.

Dalawang katao kada araw ang namamatay nang dahil sa overdose mula sa Fentanyl at iba pang nakamamatay na droga sa San Francisco. Sila ay mga anak na lalaki at babae, ina at ama, kapatid na lalaki at babae. Hindi na sapat ang paghahandog ng paggamot nang walang pananagutan. **Kailangang higit pa ang gawin natin upang magpagamot ang mga indibidwal at makapagligtas tayo ng mga buhay.**

Gayon pa man, sa ilalim ng kasalukuyang batas ng estado, kulang sa kasangkapan ang San Francisco upang mapuwersa ang mga indibidwal na magpagamot. Nagpapakilos ang Lungsod ng street teams (mga pangkat na nasa lansangan) na naghahandog ng boluntaryong mga serbisyo at koneksiyon sa pagpapagamot. Bagamat may ilang indibidwal na talagang tumatanggap ng tulong, marami rin ang hindi, dahil hindi sila payag dito o hindi nila kayang gawin ito.

**Pahihintulutan ng Prop F ang Lungsod na itakda sa walang asawa na mga nasa hustong gulang at may pang-aabuso sa paggamit ng droga na lumahok sa paggamot at nang patuloy silang makatanggap ng tulong na pera mula sa Lungsod at County ng San Francisco.**

Mag-aalok sa mga aplikante ng paggamot na nauukol sa paggamit ng droga kung mapagpapasyahang mayroon silang kondisyon ng pang-aabuso sa paggamit ng droga. Kasama sa mga programa para sa paggamot na ito ang hanay ng mga interbensiyon, tulad ng: residensiyal na paggamot, medikal na detox, paggamot na may medikal na tulong, opsiyon na outpatient o sa labas ng ospital, at abstinence-based (nakabatay sa hindi paggamit) na paggamot, na nakabatay sa mga pangangailangan ng kliyente.

Sa kasalukuyang panahon, naglilingkod ang San Francisco sa mahigit 4,000 indibidwal na may paggamot sa tulong ng medikasyong tulad ng mga gamot na buprenorphine at methadone. Sa ngayon, maaari nang ipalista ng San Francisco ang mga indibidwal sa parehong araw na mag-aapply sila sa isa sa mga programang ito.

Wastong nababalanse ng Prop F ang pagdamay at pagpapanagot, at nang matiyak na mas madalas na tinatanggap ang paggamot sa pang-aabuso sa paggamit ng droga kaysa sa pagtanggi rito.

**Bumoto ng OO sa Prop F para sa pagdamay at pagpapanagot.**

*Mayor London Breed*

## Walang Isinumiteng Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon F

## Argumento ng Katunggali

Pararamihin ng Prop F ang bilang ng mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan sa San Francisco sa pamamagitan ng pagkuha sa mga sistema ng batayang mga serbisyo at suporta na siyang nakapagpapanatili na wala sa lansangan ang mga pinakanangangailangan.

Higit pa sa lalong pagkakaroon ng kawalan ng tahanan, hindi malulutas ng Prop F ang mga problema sa krimen sa pamamagitan ng paggawa nito na maging higit pang dukha ang bulnerableng mga indibidwal.

Hindi na matugunan ng gobyerno ng San Francisco ang kasalukuyang mahihigpit na pangangailangan ng krisis sa overdose sa droga. Sumasang-ayon ang mga eksperto na wala lang tayo talagang sapat na kapasidad sa paggamot at makukuhang pabahay na nagbibigay ng suporta para sa mga indibidwal na gusto ng pangangalaga at kailangan ng paggamot.

Sinasalungat ng Prop F ang tanggap nang pinakamahuhusay na gawain sa paggamot sa kapansanan sa paggamit ng droga at pagtugon sa kawalan ng tahanan, at magkakaroon ito ng mga resultang magdudulot ng kamatayan. Ipinapakita ng pananaliksik ng mga eksperto sa pampublikong kalusugan ang hindi maitatangging ebidensiya na humahantong ang mga mungkahing tulad ng Prop F sa mas matataas na bilang ng pagbabalik sa paggamit ng droga, pagkamatay dahil sa overdose, at pagpapatiwakal.

Kukunin ng inisyatibang ito ang napakahahalagang serbisyo sa pagbibigay ng tulong at pag-eempleyo mula sa mga taga-San Francisco na mababa ang kita. Kailangang bigyan ng prayoridad ng gobyerno ng lungsod ng San Francisco ang paglalagay sa mga indibidwal na nakararanas ng kapansanan sa paggamit ng droga sa matatag at ligtas na pabahay, at sa mga serbisyong nagbibigay ng suporta na nagsisilbi bilang landas tungo sa pagpapagamot; hindi ang paghahanap ng bagong mga paraan upang itanggi sa kanila ang batayang suporta at sustento at puwersahin sila tungo sa lansangan kung saan pararamihin pa nila ang hanay ng populasyong walang tahanan.

Nabigo na ang mga lider ng lungsod ng San Francisco sa pagtupad ng kanilang mga pangako na palalawakin ang kapasidad ng ating sistema ng pampublikong kalusugan at nang matugunan ang paggamit ng droga at kawalan ng tahanan sa pamamagitan ng hindi pagpapatuloy ng sarili nilang 2022 Overdose Prevention Plan (Plano upang Maiwasan ang Labis-labis na Paggamit ng Droga).

Huwag nating palayain mula sa pananagutan ang City Hall.

Bumoto ng HINDI sa Prop F at samahan kami sa www.ReduceSFHomelessness.org.

*Roma Guy, MSW at Dating Komisyoner ng Pampublikong Kalusugan**
*Diane Jones, Rehistradong Nars**

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

## Sagot sa Argumento ng Katunggali

Ang 2023 na ang taon ng pinakamaraming kamatayan sa San Francisco nang dahil sa overdose sa droga. Sa Estados Unidos, 2022 ang nakarekord na taon ng pinakamaraming kamatayan nang dahil sa overdose. Ang fentanyl ay pambansang krisis na mahigpit na nangangailangan ng bagong mga stratehiya.

Titiyakin ng Prop F na hindi nagbibigay ng tulong na pera ang Lungsod para sa adiksiyon at pinalalala pa ang krisis.

Binabalanse ng Prop F ang pagdamay at pagpapanagot upang maiwasan ang mga pag-o-overdose at kamatayan, at inilalagay ang mga indibidwal na nagdurusa nang dahil sa adiksiyon tungo sa pagpapapagamot.

May kasama nang subsidyo upang maiwasan ang pagpapaalis sa tahanan at subsidyo para sa upa ang Prop F, at nang sa gayon, matiyak na sinuman na pansamantalang mawawalan ng tulong na pera ay mayroon pa ring masisilungan.

May kasamang guardrails o nararapat na mga pagkilos ng sistema ang Prop F upang matiyak na WALANG SINUMAN na mawawalan ng ayudang pera sakaling walang makuhang mga opsiyon sa paggamot mula sa Lungsod.

Hindi ipag-uutos ng Prop F ang pagtitimpi sa paggamit ng droga. Hihilingin nito sa mga indibidwal na magkaroon ng matapat na pagsusumikap sa pagpapapagamot, kapalit ng ayudang pera na pinopondohan ng Lungsod.

Titiyakin ng Prop F na nakatambal ang mga indibidwal sa tamang opsiyon sa pagpapapagamot, sa halip na ipag-utos sa bawat tao ang angkop sa lahat na plano sa pagpapapagamot.

Naglilingkod ang San Francisco Department of Public Health (Departamento ng Pampublikong Kalusugan) sa 25,000 katao taon-taon sa pamamagitan ng pangangalaga sa kalusugan ng isip at pangangalaga sa adiksiyon, kasama na ang mahigit 4,000 katao na may paggamot sa tulong ng medikasyong tulad ng buprenorphine at methadone. Sa ngayon, maaari nang magsimula ng pagpapapagamot ang mga indibidwal kapag nakapag-apply na sila sa isa sa mga programang ito sa gamot.

Ang Prop F ay isa pang kasangkapan na magagamit ng Lungsod upang matugunan ang pang-aabuso sa paggamit sa droga na nakawawasak sa buhay at nakapagpapalala sa mga kondisyon sa lansangan. Lilikha ito ng higit na pananagutan at tutulong sa San Francisco na makagawa ng pag-unlad sa paglutas sa krisis sa droga.

Kung walang Prop F, patuloy na magkakaroon ng hindi pa nararanasang bilang kailanman ng mga namamatay sa mga kalye ng San Francisco. Hindi katanggap-tanggap ang sitwasyon sa kasalukuyan.

**Bumoto ng Oo sa F upang makapagpagligtas ng buhay.**

*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Rafael Mandelman*
*Superbisor Catherine Stefani*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# G – Paghahandog ng Algebra 1 sa mga nasa Ikawalong Grado

**Dapat bang maging polisiya ng Lungsod na hikayatin ang San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) na maghandog ng Algebra 1 sa mga estudyante pagsapit ng kanilang taon sa ikawalong grado, at suportahan ang pagbuo ng Pampaaralang Distrito ng kurikulum nito sa matematika?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

## Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

**Kung Ano Ito Ngayon:** Ang San Francisco Unified School District (Pampaaralang Distrito) ay pampublikong ahensiya na hiwalay sa Lungsod at pinatatakbo nito ang sistema ng mga pampublikong paaralan sa San Francisco. Sa nakaraang panahon, naghandog ang Pampaaralang Distrito ng mga kurso sa Algebra 1 sa mga estudyanteng nasa ikawalong grado. Kasalukuyang naghahandog ang Pampaaralang Distrito ng mga kurso sa Algebra 1 sa mga estudyanteng nasa ikasiyam na grado.

**Ang Mungkahi:** Gagawin ng Proposisyon G na polisiya ng Lungsod ang paghihikayat sa School District na maghandog ng Algebra 1 sa mga estudyante pagsapit ng kanilang taon sa ikawalong grado at suportahan ang pagbuo ng Pampaaralang Distrito ng kurikulum nito sa matematika.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO":** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyo na gawing polisiya ng Lungsod ang paghikayat sa Pampaaralang Distrito na maghandog ng Algebra 1 sa mga estudyante pagsapit ng kanilang taon sa ikawalong grado at suportahan ang pagbuo ng Pampaaralang Distrito ng kurikulum nito sa matemamatika para sa mga estudyante sa lahat ng antas ng grado.

**Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI":** Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong pagtibayin ito bilang polisiya ng Lungsod.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "G"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon G:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing deklarasyon ng polisiya, wala itong gastos sa gobyerno.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "G"

Noong Nobyembre 14, 2023, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng 10 sa 1 upang mailagay ang Proposisyon G sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

**Oo:** Chan, Dorsey, Engardio, Mandelman, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani.

**Hindi:** Walton.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang *sfelections.org* o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 30.

## Argumento ng May-Panukala

**BUMOTO NG OO SA PROP G UPANG MAIBALIK ANG ALGEBRA**

Nitong nakaraang dekada, hindi na pinahihintulutan ang mga nasa ika-8 grado sa San Francisco na kumuha ng algebra.

Inilipat na ng lupon ng mga paaralan ang algebra sa high school, dahil umaasa itong mas magkakaroon sa pagkakapantay-pantay ang mga outcome o kinahihinatnan sa matematika. Gayon pa man, kabaligtaran ang naging epekto ng polisiyang may magandang intensiyon. Napigilan nito ang mga batang may pagmamahal sa matematika nang hindi naman nagkakaloob ng karagdagang tulong sa mga bata na nahuhuli sa gawain.

Sa pagbabawal sa Algebra sa ika-8 grado, nagawang mas mahirap sa mga estudyanteng interesado sa karera sa teknolohiya na makaabante nang sapat sa matematika at nang matugunan ang mga itinatakda para sa kolehiyo. Umalis ang mga pamilya sa pampublikong mga paaralan nang dahil sa problemang ito. Ang mga batang nanatili ay kinailangang magdoble ng mga kurso sa matematika o magbayad para sa pribadong klase upang matiyak na mararating nila ang calculus pagdating ng senior na taon. Nawalan ng oportunidad ang mga bata na walang karagdagang rekurso.

Iyan ang dahilan kung bakit gusto nating magkaroon ng pamamaraan ang lahat ng nasa ika-8 grado sa San Francisco na makakuha ng algebra, tulad ng malawak na mayorya ng mga nasa ika-8 grado sa Bay Area — nang hindi na kailangang kumuha ng dalawang klase sa matematika nang magkasabay o mapuwersang pumasok sa summer school o paaralan sa tag-araw.

Nananawagan ang Prop G ng pagwawakas sa bigong eksperimento ng pampaaralang distrito sa algebra. Sinasabi ng Prop G na opisyal na hihikayatin ng Lungsod ng San Francisco ang ating mga paaralan na ihandog ang algebra pagdating ng ika-8 grado at susuportahan ang pagbuo ng maayos na kurikulum sa matematika sa bawat antas ng grado na nakaugat sa lubos na kahusayan sa edukasyon.

Kailangan nating ihanda nang mas mahusay ang lahat ng estudyante para sa algebra — at hindi parusahan ang mga handa na. Kung gusto ng bata ng matematika, hikayatin pa natin ito!

**Ang Prop G ay pinagkakaisahang panukalang-batas na inilagay sa balota ng 10 mula sa 11 superbisor ng lungsod.**

Pakisamahan kami sa pagboto ng oo,

*Superbisor Joel Engardio*
*Superbisor Ahsha Safai*
*Superbisor Myrna Melgar*
*Superbisor Catherine Stefani*
*Superbisor Matt Dorsey*
*Superbisor Rafael Mandelman*
*Superbisor Hilary Ronen*

## Walang Isinumiteng Sagot o Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon G

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan.
Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

# Impormasyon Ukol sa mga Ipinagbabawal na Gawain sa Eleksyon

## Babala: Ipinagbabawal ang pangangampanya!

Pwedeng magresulta sa mga multa at/o pagkakakulong ang mga paglabag.

**Sa lugar malapit sa taong nakapila para bumoto sa kanyang balota o sa loob ng 100 talampakan mula sa pasukan ng lugar ng botohan, curbside voting, o drop box, ang mga sumusunod na aktibidad ay ipinagbabawal:**

- HUWAG utusan ang isang tao na iboto o hindi iboto ang sinumang kandidato o anumang panukala sa balota.
- HUWAG ipakita ang pangalan, larawan, o logo ng isang kandidato.
- HUWAG harangan ang daanan papunta sa o tumambay sa anumang drop box ng balota.
- HUWAG magbigay ng anumang materyales o naririnig na impormasyon na nasa panig ng o laban sa sinumang kandidato o anumang panukala sa balota malapit saanmang lugar ng botohan, vote center, o drop box ng balota.
- HUWAG magpakalat ng anumang petisyon, kabilang ang para sa mga inisyatiba, referendum, recall, o nominasyon ng kandidato.
- HUWAG mamahagi, magpakita, o magsuot ng anumang damit (mga sumbrero, damit, sign, butones, sticker) na may pangalan, larawan, logo ng isang kandidato, at/o suportahan o kalabanin ang sinumang kandidato o panukala sa balota.
- HUWAG magpakita ng impormasyon o kumausap ng botante tungkol sa pagiging kwalipikado ng botante na bumoto.

Ang mga pagbabawal sa pangangampanya na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Artikulo 7 ng Kabanata 4 ng Dibisyon 18 ng Elections Code ng California.

# Babala: Ipinagbabawal ang pandaraya sa proseso ng botohan!

Pwedeng magresulta sa multa at/o pagkakakulong ang mga paglabag.

## Ano ang mga aktibidad na ipinagbabawal:

- HUWAG gumawa o subukang gumawa ng panloloko sa halalan.
- HUWAG magbigay ng anumang uri ng bayad o suhol, sa anumang anyo o sa pamamagitan ng anumang paraan, para hikayatin o subukang hikayatin ang isang taong bumoto o hindi bumoto.
- HUWAG bumoto nang ilegal.
- HUWAG subukang bumoto o tumulong sa iba na bumoto kapag hindi siya kwalipikadong bumoto.
- HUWAG lumahok sa pangangampanya; kunan ng litrato o i-record ang isang botanteng papasok o palabas sa lugar ng botohan; o harangan ang pasukan, labasan, o paradahan.
- HUWAG pigilan ang karapatan ng isang tao na bumoto o pigilan ang mga botante na bumoto; iantala ang proseso ng botohan; o mapanlokong abisuhan ang sinumang tao na hindi siya kwalipikadong bumoto o hindi siya rehistradong bumoto.
- HUWAG subukang alamin kung bumoto ang isang botante sa kanyang balota.
- HUWAG magdala o sabihan ang isang tao na magdala ng baril sa lugar malapit sa lugar ng botohan na may ilang pagbubukod.
- HUWAG pumunta o sabihan ang isang tao na pumunta nang nakasuot ng uniporme ng peace officer, guwardiya, o security personnel sa lugar malapit sa lugar ng botohan na may ilang pagbubukod.
- HUWAG pakialaman o gambalain ang anumang bahagi ng sistema ng botohan.
- HUWAG i-forge, pekein, o pakialaman ang mga return sa isang halalan.
- HUWAG baguhin ang mga return sa isang halalan.
- HUWAG pakialaman, sirain, o baguhin ang anumang poll list, opisyal na balota, o lalagyan ng balota.
- HUWAG magpakita ng anumang hindi opisyal na lalagyan para sa koleksyon ng balota na posibleng manlinlang ng botante na maniwalang isa itong opisyal na kahon para sa koleksyon.
- HUWAG pakialaman ang kopya ng mga resulta ng mga pagboto.
- HUWAG manghikayat o manlinlang ng taong hindi kayang magbasa o nakatatanda na iboto o hindi iboto ang isang kandidato o panukala na kabaliktaran ng kanyang nilalayon.
- HUWAG kumilos bilang opisyal ng halalan kapag hindi ka ganoon.

HINDI pwedeng hilingin ng mga employer sa kanilang mga empleyado na dalhin ang kanilang balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa trabaho o hilingin sa kanilang empleyado na bumoto sa kanilang balota sa trabaho. Sa panahon ng pagpapasahod, hindi pwedeng magsama ang mga employer ng mga materyales na sumusubok na impluwensyahan ang mga opinyon o pagkilos sa pulitika ng kanilang empleyado.

HINDI pwedeng subukan ng mga miyembro ng lupon ng presinto na tukuyin kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota o, kung matutuklasan ang impormasyong iyon, ihayag kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota.

Ang mga pagbabawal sa aktibidad na nauugnay sa pandaraya sa proseso ng botohan na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Kabanata 6 ng Dibisyon 18 ng Elections Code ng California.

Ang isinalin na nilalaman ay ibinigay ng Tanggapan ng Kalihim ng Estado.

# Mga Madalas Itanong ukol sa Pagpaparehistro at Pagboto sa San Francisco

Sinagot ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

## Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro

### Sino ang kuwalipikadong magparehistro at bumoto sa California?

Upang makaboto sa mga eleksyon sa California, kinakailangang kayo ay: 1) mamamayan ng Estados Unidos; 2) residente ng California; 3) hindi bababa sa 18 taong gulang ang edad sa Araw ng Eleksyon; 4) hindi napatunayan ng korte na may pagkukulang sa isip upang makaboto; at 5) hindi kasalukuyang nagsisilbi ng pang-estado o pampederal na sentensiya sa kulungan nang dahil sa hatol na felony.

Pakitandaan na inamyendahan ng pagkakapasa sa Proposisyon 17 noong Nobyembre 2020 na eleksyon ang Konstitusyon ng estado, at nang mapahintulutan ang mga karapat-dapat na residente na naka-parole (paglaya na may kondisyon) na makapagparehistro upang makaboto.

Maaaring magparehistro at bumoto para sa eleksyon ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ang mga hindi mamamayang residente ng San Francisco kung sila ay isang magulang, legal na tagapatnubay, o tagapagalaga ng batang nakatira sa San Francisco at mas mababa sa 19 taong gulang ang edad ng isa sa mga bata sa Araw ng Eleksyon. Ang susunod na eleksyon para sa Board of Education ay gaganapin sa Nobyembre 5, 2024.

### Kailan ang deadline para magparehistro upang makaboto o para baguhin ang impormasyon sa aking rehistrasyon?

Sa Pebrero 20, 2024 ang deadline para magparehistro sa pamamagitan ng koreo o online para sa Marso 5 na eleksyon. Matapos ang araw na iyon, kinakailangan na ninyong magparehistro at bumoto nang personal gamit ang probisyonal na balota sa Voting Center (Sentro ng Botohan) sa City Hall o sa lugar ng botohan.

### Maaari ba akong magparehistro para makaboto sa California bago ako maging 18 taong gulang?

Kung 16 o 17 na taong gulang na kayo at natutugunan ang iba pang pangangailangan ng estado sa pagpaparehistro ng botante, maaari kayong magpaunang rehistro upang makaboto at magiging aktibo ang inyong rehistrasyon pagsapit ng inyong ika-18 na kaarawan.

### Maaari ba akong magparehistro para makaboto sa California kung bago pa lang akong naging mamamayan?

Kung naging mamamayan kayo ng U.S. matapos ang regular na deadline ng rehistrasyon sa Pebrero 20, maaari kayong magparehistro at bumoto nang personal sa Voting Center sa City Hall o sa lugar ng botohan.

### Maaari ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako ng tirahan sa lungsod?

Kung lumipat kayo sa loob ng San Francisco, maaari kayong muling magparehistro sa *registertovote.ca.gov* o baguhin ang inyong address sa *sfelections.org/voterportal* o sa lugar ng botohan kung saan makaboboto kayo nang personal.

### Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako sa loob ng California?

Kung lumipat kayo sa bagong address sa California na nasa labas ng San Francisco, maaari kayong muling magparehistro sa *registertovote.ca.gov* o makipag-ugnayan sa opisyal ng mga eleksyon ng bago ninyong county.

### Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako sa ibang estado?

Kung lumipat na kayo sa ibang estado, maaari kayong magparehistro sa inyong lokal na opisyal ng mga eleksyon. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon para kanselahin ang inyong rehistrasyon sa San Francisco.

### Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung kasalukuyan akong nakatira sa ibang bansa?

Kung pansamantala kayong naninirahan sa ibang bansa, maaari kayong muling magparehistro sa *registertovote.ca.gov* o sa *fvap.gov* at humiling ng balota na ipapadala sa pamamagitan ng koreo, fax, o email.

Kung mayroon kayong mga tanong kung maaari ba kayong makaboto, mangyaring makipag-ugnayan sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) sa (415) 554-4310 o mag-email sa SFVote@sfgov.org.

## Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Paghahatid ng Balotang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo)

**Matatanggap ko ba ang aking balota sa koreo?**

Alinsunod sa batas ng estado, makatatanggap ang lahat ng botante ng balota sa koreo para sa lahat ng eleksyon sa hinaharap. Maaaring pumili ang sinumang botante na bumoto gamit ang balota na darating sa koreo o bumoto nang personal sa Marso 5, 2024 na eleksyon.

**Paano kung hindi dumating sa koreo ang aking balota?**

Maaari ninyong masubaybayan kung nasaan na ang inyong balota sa proseso ng pagpapadala sa koreo sa *sfelections.org/voterportal*. Kung nakalipas na ang tatlong araw mula nang ipadala ang inyong balota, maaari kayong humiling ng pamalit na balota sa *sfelections.org/voterportal* o sa pamamagitan ng pagtawag sa Department of Elections sa (415) 554-4310.

**Paano ako makakukuha ng pamalit na vote-by-mail na balota?**

Upang humiling ng pamalit na balota bago sumapit ang Pebrero 29, pumunta sa *sfelections.org/voterportal* o tumawag sa Department of Elections sa (415) 554-4310. Matapos ang petsang iyon, makipag-ugnayan sa Departamento sa lalong madaling panahon para mapag-usapan ang inyong mga opsiyon.

**Maaari ko bang gamitin ang Aksesibleng sistemang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, AVBM) para makuha ang aking balota?**

Maaaring makuha at mamarkahan ng sinumang botante ang kanyang balota sa *sfelections.org/access*. Kailangang i-print at ibalik nang personal o sa pamamagitan ng koreo ang mga balotang AVBM.

**Paano ko masusubaybayan ang aking balotang vote-by-mail?**

Maaari ninyong masubaybayan sa *sfelections.org/voterportal* ang inyong balotang vote-by-mail mula sa pagbubuo nito hanggang sa pagpapadala, beripikasyon, at pagbilang. O, mag-sign up sa *wheresmyballot.sos.ca.gov* para makatanggap ng mga notipikasyon sa email, text, o voice message ukol sa inyong balota. Maaari din kayong tumawag o magpadala ng email sa Department of Elections.

## Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagbalik ng Balotang Vote-By-Mail

**Maaari ko bang ibalik ang aking balota sa pamamagitan ng koreo sa mismong Araw ng Eleksyon?**

Para mabilang ang inyong balota, kailangan malagyan ng postmark ang pambalik na sobre ng balota hanggang sa Araw ng Eleksyon, na Marso 5. Kung ipadadala ninyo sa koreo ang inyong pambalik na sobre ng balota matapos mangyari ang huling oras ng pagkolekta sa koreo sa Araw ng Eleksyon, huli nang malalagyan ng postmark ang inyong balota para ito'y mabilang. Alamin ang lokasyon ng mga United States Post Office box at mga oras ng pagkolekta sa *usps.com/locator*.

**Paano ko pipirmahan ang pambalik na sobre ng aking balota?**

Lagdaan ang inyong sobre gamit ang huling pirma na ibinigay ninyo sa inyong aplikasyon sa pagpaparehistro bilang botante. Kung nagbago na ang inyong pangalan at pirma, mangyaring muling magparehistro sa *registertovote.ca.gov*. Kung hindi ninyo pinirmahan ang inyong pambalik na sobre para sa balota, o hindi nagtugma ang inyong pirma sa sobre sa alinmang pirma sa inyong rekord bilang botante, susubukan ng Departamento na makipag-ugnayan sa inyo sa pamamagitan ng koreo, at kailangan ninyong ayusin ang problema bago mabilang ang inyong balota.

**Saan ko maaaring ihulog ang aking vote-by-mail na balota?**

Mula Pebrero 5 hanggang Marso 4, maaari ninyong ihulog ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota o sa Voting Center sa City Hall. Sa Araw ng Eleksyon, Marso 5, maaari ninyong ihulog ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota, sa Voting Center sa City Hall, o saanmang lugar ng botohan sa Lungsod nang hindi lalagpas sa 8 p.m. Para mahanap ang lokasyon ng kahon na hulugan ng balota na malapit sa inyo, pumunta sa *sfelections.org/ballotdropoff* o tumawag sa (415) 554-4310.

## Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagboto nang Personal

**Maaari ba akong bumoto nang maaga at nang personal sa Marso 5 na eleksyon?**

Bukas ang Voting Center sa City Hall sa mga sumusunod na oras:

- Lunes hanggang Biyernes, Pebrero 5–Marso 4, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. (sarado ang Sentro ng Botohan sa Presidents' Day, Lunes, Pebrero 19);
- Huling dalawang Sabado at Linggo, Pebrero 24–25 at Marso 2–3, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.; at
- Araw ng Eleksyon, Marso 5, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. (pareho sa oras ng pagboto sa mga lugar ng botohan)

**Maaari ba akong bumoto sa alinmang lugar ng botohan sa San Francisco?**

Magkakaroon ng 501 lugar ng botohan na bukas para sa pagboto nang personal at paghuhulog ng balotang vote-by-mail sa Araw ng Eleksyon, Marso 5, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Hinihikayat namin ang lahat na bumoto sa inyong nakatalagang lugar ng botohan. Kung boboto kayo sa ibang lugar ng botohan, hindi ninyo makikita ang inyong pangalan sa listahan ng mga botante at hihilingin sa inyo na bumoto gamit ang probisyonal na balota.

**Ano-anong uri ng tulong at impormasyon na nasa iba't ibang wika ang makukuha sa mga lugar ng botohan kung saan puwedeng bumoto nang personal?**

Parehong mag-aalok ang Voting Center sa City Hall at ang lahat ng lugar ng botohan sa San Francisco ng bilingual (nasa dalawang wika) na balota na nasa Ingles at alinman sa Tsino, Espanyol, o Filipino. Dagdag pa rito, mag-aalok din ang ilan sa mga lugar ng botohan ng balotang facsimile (sanggunian) sa wikang Burmese, Hapones, Koreano, Thai, at Vietnamese. Magbibigay din ng tulong sa iba't ibang wika ang mga bilingual (dalawa ang sinasalitang wika) na kawani sa karamihan ng mga lugar ng botohan sa komunidad.

**Ano-anong tulong at impormasyon sa may kapansanan ang makukuha sa mga lugar kung saan puwedeng bumoto nang personal?**

Mag-aalok ng serbisyo sa curbside voting (pagboto sa gilid ng daan), kagamitang pantulong sa may kapansanan sa pagboto, mga kasangkapan, at personal na tulong ang lahat ng lugar ng botohan kung saan maaaring bumoto nang personal. Maaaring pakiusapan ng sinumang botante ang isa o dalawang tao na tulungan siyang markahan ang kanyang balota, basta't hindi tagapag-empleyo ng botante o kinatawan ng kanyang unyon ang tutulong, at hindi magtatangkang impluwensiyahan ang botante.

**Maaari ko bang dalhin ang aking Sample Ballot (Halimbawang Balota) o sariling listahan sa booth ng botohan?**

Opo. Makatutulong kung desidido na kayo kung sino o ano ang inyong iboboto bago pa kayo magpunta sa botohan. Maaari ninyong gamitin ang Sample Ballot na nasa pangunahing Ingles na bersiyon nitong pamplet, o ang Ballot Worksheet sa loob ng pamplet na ito, upang makapag-ensayo sa pagmamarka ng inyong (mga) pinili bago ninyo markahan ang inyong opisyal na balota.

**Kailangan ko bang bumoto sa bawat labanan at panukala sa balota?**

Hindi po. Bibilangin ang inyong mga boto kahit na hindi kayo bumoto sa bawat labanan at panukala.

# May mga karagdagang tanong?

Maaari kayong mag-email sa amin sa **sfvote@sfgov.org**, tumawag sa **(415) 554-4310**, o bumisita sa aming tanggapan sa **City Hall, Room 48**.

# Mga Karapatan sa Pagboto ng Hindi Mamamayan sa Nobyembre 5, 2024 Eleksyon para sa Lupon sa Edukasyon

Ipinapaalam ng Departamento ng mga Eleksyon sa mga hindi mamamayan na magulang ng mga batang nakatira sa San Francisco na maaari silang bumoto sa mga eleksyon para sa Lupon sa Edukasyon ng San Francisco.

Ang susunod na Eleksyon para sa Lupon sa Edukasyon ay gaganapin sa Nobyembre 5, 2024. Maaaring magparehistro at bumoto ang mga hindi mamamayan na nakatutugon sa mga kuwalipikasyong ito para sa eleksyon na iyon:

- Residente ng San Francisco at walang balak lumipat bago ang Nobyembre 5, 2024;
- Hindi bababa sa 18 taong gulang sa Nobyembre 5, 2024;
- Magulang, legal na tagapatnubay, o tagapag-alaga ng isang batang nakatira sa San Francisco na magiging mas mababa sa edad na 19 sa Nobyembre 5, 2024;
- Hindi kasalukuyang nagsisilbi ng termino sa kulungan para sa mabigat na kaso;
- Hindi kasalukuyang napag-alaman ng isang korte na walang sapat na kakayahan sa pag-iisip para bumoto.

Simula Marso 18, 2024, makakakuha ng mga form para sa pagpapaparehistro ng hindi mamamayan sa **sfelections.org/ncv** o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310 o **sfvote@sfgov.org**.

# Gawin ang pagpalit tungo sa digital na Pamplet ng Impormasyon para sa Botante!

Hinahandog namin itong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Halimbawang Balota sa digital at nakaprint na format. Ayon sa batas, kailangan naming magpadala ng papel na Pamplet sa bawat botante maliban na lamang kung magpalit sila tungo sa digital na kopya. **Upang makatipid sa mga puno at pondo ng lungsod, isaalang-alang ang pag-opt out sa pagdeliver sa pamamagitan ng koreo ng inyong Pamplet para sa mga eleksyon sa hinaharap!**

**Nakatatanggap ba ang inyong kabahayan ng higit sa isang Pamplet sa koreo?**

Isaalang-alang ang pag-opt out sa lahat maliban sa isang botante upang isang kopya na papel na lang ang gamitin sa inyong kabahayan.

**Hindi kayo sigurado kung magugustuhan ninyo ang pagbabasa ng Pamplet online?**

Subukan ninyo – madali lang din naman mag-opt pabalik!

**Handa na ba kayong magpalit at ihinto ang pagdeliver sa koreo ng inyong Pamplet?**

Tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310, mag-email sa **sfvote@sfgov.org**, o mag-log in sa **sfelections.org/voterportal** o itutok ang inyong kamera sa QR code na nasa kaliwa.



# Marso 5, 2024 Worksheet para sa Balota

Maaari ninyong gamitin ang worksheet na ito para ayusin ang inyong mga pagpili bago markahan ang inyong opisyal na mga kard ng balota. Upang magawa iyon:

1. **Sumangguni sa inyong halimbawang balota na kasama ng Pamplet sa Ingles o sa *sfelections.org/voterportal.***
   - Kung nagparehistro kayo na may pagkatig para sa isang politikal na partido, ililista ng inyong halimbawang balota ang mga kandidato para sa pagkapangulo ng partidong iyon.
   - Kung nagparehistro kayo na walang kinakatigang partido, sumangguni sa isa sa mga halimbawang balota na tumutugma sa mga labanan sa inyong opisyal na balota.
2. **Mababasa ninyo sa Pamplet na ito at sa Gabay ng Impormasyon para sa Botante ng Estado ang tungkol sa mga kandidato at panukalang batas na nakalista sa inyong balota.**
   - Simula Pebrero 23, makikita ninyo ang lahat ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato para sa eleksyong ito sa *sfelections.org/writein*.
3. **Habang natatapos kayong magsaliksik tungkol sa bawat labanan, gamitin ang kaugnay na puwang sa ibaba para isulat ang inyong (mga) pagpili.**
4. **Kapag tapos na kayo, maingat na kopyahin ang inyong mga pagpili mula sa worksheet na ito papunta sa inyong mga opisyal na kard ng balota.**

Kung nagkamali kayo sa pagmarka ng inyong opisyal na balota, maaari kayong humiling ng pamalit sa pamamagitan ng pagbisita sa *sfelections.org/voterportal*, pagtawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310, o pagtatanong sa isang manggagawa sa botohan o kinatawan sa Sentro ng Botohan.

| | |
|---|---|
| **MGA KATUNGKULANG NOMINADO NG PARTIDO** | |
| **PEDERAL** (*Bumoto ng Isa*) | |
| **Presidente ng Estados Unidos**<br>(Mga Balota ng Partido Lamang) | |
| **LUNGSOD AT COUNTY** (*Tingnan ang kard na balota*) | |
| **Mga Miyembro, Sentral na Komite ng County**<br>(Mga Balota ng Partido Demokratiko at Republikano Lamang) | |
| **MGA KATUNGKULANG NOMINADO NG BOTANTE** | |
| **PEDERAL AT ESTADO** (*Bumoto ng Isa*) | |
| **Senador ng Estados Unidos (Terminong Nagtatapos ng Enero 2031)** | |
| **Senador ng Estados Unidos (Terminong Nagtatapos ng Enero 2025)** | |
| **Kinatawan ng Estados Unidos (Distrito 11 o 15)** | |
| **Senador ng Estado (Distrito 11)** | |
| **Miyembro ng Asembleya ng Estado (Distrito 17 o 19)** | |
| **MGA KATUNGKULANG HINDI MAKAPARTIDO** | |
| **PANGHUKUMAN** (*Bumoto ng Isa*) | |
| **Hukom ng Korte Superyor, Puwesto 1** | |
| **Hukom ng Korte Superyor, Puwesto 13** | |

*(Magpapatuloy ang worksheet ng balota sa susunod na pahina)*

*(Worksheet ng balota, ipinagpatuloy)*

| MGA PANUKALANG BATAS | | | |
|---|---|---|---|
| **PROPOSISYON NG ESTADO** | | **OO** | **HINDI** |
| **1** | Pinapahintulutan ang $6.38 bilyon na mga bono para magtayo ng mga pasilidad sa paggamot ng kalusugan ng isip para sa mga may problema sa kalusugan ng isip at paggamit ng substance; nagbibigay ng pabahay para sa mga walang tirahan. | | |
| **MGA PROPOSISYON NG LUNGSOD AT COUNTY** | | **OO** | **HINDI** |
| **A** | Mga Bond (utang ng gobyerno) na para sa Abot-kayang Pabahay | | |
| **B** | Mga Antas ng Pag-eempleyo sa mga Pulis na Nakabatay sa Pag-aamyenda ng Pagpopondo sa Buwis sa Kasalukuyan o sa Hinaharap | | |
| **C** | Hindi Pagkakasama sa Real Estate Transfer Tax (Buwis sa Paglilipat ng Ari-Arian) at Paglalaan ng Espasyong Pang-opisina | | |
| **D** | Mga Pagbabago sa Lokal na mga Batas ukol sa Ethics o Pagkakaroon ng Prinsipyo | | |
| **E** | Mga Polisiya at Patakaran ng Police Department (Departamento ng Pulisya) | | |
| **F** | Pag-eeksamen at Paggamot sa Pagkahumaling sa Hindi Legal na Droga at iba Pang Sangkap para sa mga Tumatanggap ng Tulong-Publiko mula sa Lungsod | | |
| **G** | Paghahandog ng Algebra 1 sa mga nasa Ikawalong Grado | | |

# Sundan ninyo kami sa social media

Maaari ninyong sundan ang Departamento ng mga Eleksyon para sa lahat ng pinakabagong update sa eleksyon!

**@sfelections**

# May mga katanungan? Kailangan ng tulong?

**Makipag-ugnayan sa isa sa aming mga multilingguwal na kawani o bumisita sa aming tanggapan!**

**Telepono:**
English: (415) 554-4375
TTY: (415) 554-4386
Español: (415) 554-4366
中文: (415) 554-4367
Filipino: (415) 554-4310

**Koreo:**
Department of Elections
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102

**Email:**
sfvote@sfgov.org

**Marami rin tayong kapaki-pakinabang na mga tool sa online!**

- ☑ Magparehistro para bumoto o mag-update ng inyong rehistrasyon: **registertovote.ca.gov**
- ☑ Kumuha ng pasadyang plano sa pagboto: **sfelections.org/voteready**
- ☑ Subaybayan ang inyong balota o humiling ng pamalit: **sfelections.org/voterportal**
- ☑ Mag-sign up para makatanggap ng mga notipikasyon tungkol sa balota: **wheresmyballot.sos.ca.gov**
- ☑ Humanap ng kombinyenteng lokasyon para sa kahon na hulugan ng balota: **sfelections.org/ballotdropoff**
- ☑ Kumpirmahin ang lokasyon ng inyong nakatalagang lugar ng botohan: **sfelections.org/myvotinglocation**
- ☑ Tingnan ang mga pauna at pinal na resulta ng eleksyon sa: **sfelections.org/results**

OFFICIAL ELECTION MAIL
*Authorized by the U.S. Postal Service* ®

NO POSTAGE NECESSARY IF MAILED IN THE UNITED STATES

**BUSINESS REPLY MAIL**
FIRST-CLASS MAIL PERMIT NO. 13632 SAN FRANCISCO, CA

POSTAGE WILL BE PAID BY ADDRESSEE

DIRECTOR OF ELECTIONS
DEPARTMENT OF ELECTIONS
1 DR CARLTON B GOODLETT PL STE 48
SAN FRANCISCO CA 94102-9581

**DEPARTMENT OF ELECTIONS**
City and County of San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4608
Telephone: (415) 554-4375
TTY: (415) 554-4386
sfelections.org

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service

NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
SAN FRANCISCO, CA
PERMIT NO. 2750

**Matatagpuan ang inyong lugar ng botohan sa:**

**Ang inyong pinagbobotohang presinto at mga distrito ay:**

**Address na Pang-koreo / Mailing Address:**

ELECTRONIC SERVICE REQUESTED

*Notice: If the person above is not at this address, please help keep the voter rolls current and save city funds by returning this pamphlet to your mail carrier.*

**Aksesible ba ang pasukan at puwesto para makaboto sa inyong lugar ng botohan?**

## Humiling ng isang Balota na may mga Kandidato para sa Pagkapangulo (para lamang sa mga botanteng walang kinakatigang partido)

Hanggang Pebrero 28, maaari ninyong magamit itong postcard na bayad na ang selyo para humiling ng balota sa koreo na may mga kandidato para sa pagkapangulo ng mga partidong Amerikanong Independiyente, Demokratiko, o Libertaryan. Maaari pa rin kayong humiling ng inyong gustong balota matapos ang petsang iyon, pero kailangan ninyong gawin nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa inyong lugar ng botohan. *(Tingnan ang pahina 6 para sa kumpletong paliwanag ng inyong mga opsiyon.)*

**Tumanggi akong magpahayag ng pagkatig para sa isang kuwalipikadong politikal na partido. Gayunpaman, para sa Marso 5, 2024, Primaryang Eleksyon para sa Pagkapangulo lamang, humihiling ako ng isang vote-by-mail na balota mula sa** *(pumili ng isa)*:

- ○ **Partidong Amerikanong Independiyente**
- ○ **Partidong Demokratiko**
- ○ **Partidong Libertaryan**

| | |
|---|---|
| Buong Pangalan: | Petsa ng kapanganakan: |
| Address: | |
| **PUMIRMA RITO** | Petsa Ngayon: |